Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon

# Pamplet ng Impormasyon para sa Botante


## Nobyembre 3, 2026

## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon


















Ang mga halimbawang balota ay inilathala sa Ingles na bersyon ng Pamplet ng Impormasyon ng mga Botante. Ang lahat ng botanteng nakarehistro ay makatatangap ng kopya ng Ingles na pamplet. Kung nais ninyong humiling ng karagdagang kopya ng Ingles na pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 558-6104. Maaari rin na makita online ang inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Halimbawang Balota sa **sfelections.gov/voterportal**.

# Nobyembre 3, 2026 na Eleksyon

Bumoto ngayon para makatulong sa pagpapasya ukol sa kinabukasan ng inyong lungsod, estado, at bansa! Mangyaring paalalahanan ang inyong mga kaibigan at pamilya na gawin din ito!

### Mga Binibigyang-diin ng Eleksyon

- Makatatanggap ng mga balota ang lahat ng rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo.
- Maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal.
- Para bumoto sa pamamagitan ng koreo, kumpletuhin at ibalik ang balota sa lalong madaling panahon upang matiyak ang maagap na paghahatid.
- Dapat ang balota ay may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon o maihatid nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon sa lugar ng botohan o opisyal na kahon na hulugan para ito ay mabilang.
- Maaaring bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall mula Oktubre 5 hanggang Nobyembre 3 o sa itinalagang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Ang mga botante na nangangailangan ng aksesibleng balota ay maaaring ma-access, lagyan ng marka at i-print ito sa **sfelections.gov/access**.

## Alamin ang Inyong Karapatan

Lahat ng botante ay may karapatan na:

- Bumoto ng pribado at ng sariling kusa.
- Makakuha ng gabay sa gamit na wika.
- Humiling ng mga opsiyon na magagamit sa pagboto.
- Magparehistro at bumoto sa Araw ng Eleksyon.

## Manilbihan bilang Manggagawa sa Botohan

- Magdala ng pagbabago sa inyong komunidad sa pamamagitan ng paninilbihan bilang manggagawa sa botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring kumita ng hanggang $295 para sa isang araw ng paninilbihan. Ang mga bilingguwal na indibidwal ay hinihikayat na mag-apply.
- Mag-apply sa **sfelections.gov/pwvip** o tumawag sa (415) 558-6120.

## Mga Importanteng Petsa

### Oktubre 5

- Magsisimulang matanggap ng mga rehistradong botante ang mga balota sa pamamagitan ng koreo.
- 37 opisyal na kahon na hulugan ng balota ay magbubukas sa buong lungsod at mananatiling bukas 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon.
- Magbubukas ang aksesibleng Vote-by-Mail portal para sa lahat ng botante.

### Oktubre 5–Nobyembre 2

- Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. maliban sa Oktubre 12 (Indigenous Peoples' Day).

### Oktubre 19

- Huling araw ng pagpaparehistro o mag-update ng inyong rehistrasyon upang makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo.
- Matapos ang petsang ito, ang mga karapat-dapat na residente ay maaari pa ring magparehistro at bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa kanilang itinalagang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

### Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1

- Maaaring bumoto sa mga araw ng Sabado at Linggo sa City Hall mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

### Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3

- Ang Sentro ng Botohan sa City Hall at ang 501 itinalagang lugar ng botohan sa inyong komunidad ay bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.
- Huling araw ng pagboto nang personal o pagbabalik ng balota nang hindi lalampas ng 8 p.m.

I-scan ang QR code upang bisitahin ang aming website. Mababasa ang pamplet na ito at mga karagdagang kaalaman sa **sfelections.gov**. Upang hindi na makatanggap ng pamplet na ito sa pamamagitan ng koreo sa mga susunod na eleksyon, bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal**.

# Talaan ng mga Nilalaman

***Pamplet ng Impormasyon para sa Botante* —**
**Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon, Nobyembre 3, 2026**

## Pangkalahatang Impormasyon


Mga Importanteng Petsa . . . . . . . . . . . . . . . (loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Director . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3
Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante . . . . . . 4
Saan, Kailan, at Paano Boboto sa Eleksyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 5
Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco . . . . . 7
Pagmarka ng Inyong Balota/Pagboto sa Pamamagitan ng Ranked-Choice . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8
Paano Binibilang ang mga Labanan na may Ranked-Choice na Pagboto . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9
Karagdagang Kaalaman Tungkol sa Ranked-Choice Voting . . . . . . . . 9
Kailangan Humiling ng Bagong Balota . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9
Subaybayan ang Inyong Balota. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9
Pagpapanatili ng Inyong Rekord ng Botante . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9
Hindi Mamamayan na Boboto sa Lokal na Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9
Mga Resulta ng Eleksyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10
Pagmamasid sa Eleksyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10
Komisyon Para sa mga Eleksyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10
Mga Aksesibleng Mapagkukunan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 11
Limang mga Katotohanan Tungkol sa mga Eleksyon sa San Francisco . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 12
Kumuha ng mga Impormasyon tungkol sa Eleksyon na Mapagkakatiwalaan, Opisyal na Mapagkukunan . . . . . . . . . . . . . . . . 13
Mga Mapagkukunang Multilingguwal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14
Libreng Klase sa Ingles. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14
Tumulong sa Paghubog ng Hinaharap na Pag-abot sa mga Eleksyon ng San Francsico. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14
**Worksheet ng Balota . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 94**
Manilbihan bilang Manggagawa sa Botohan . . (loob ng harap na pabalat)
Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Online . . (loob ng likod na pabalat)
Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Departamento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . (loob ng likod na pabalat)
Impormasyon sa Lugar ng Botohan . . . . . . . . . . . . . . (likod na pabalat)


## Mga Pahayag ng mga Kandidato


Mga Eleksyon sa California. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15
Impormasyon Tungkol sa Kandidato at Kinakatigang Partido ng Kandidato . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15
Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato . . . . . . . . . . . . . 15
Mga Limit sa Boluntaryong Gastos . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15
Mga Pag-Endorso ng Partido sa mga Kandidato . . . . . . . . . . . . . . . . 16
Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 . . 17
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15 . . 18
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17. . . . . . . . . 19
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19. . . . . . . . . 20
Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . 21
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (Buong Termino) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (Bahaging Termino). . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 29
Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 8 . . . . . . . . . . . . . 30
Mga Kandidato para sa Tagatasa-Tagatala. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 31
Mga Kandidato para sa Pampublikong Tagapagtanggol. . . . . . . . . . . 32
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2 . . . . . . 33
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 4 . . . . . . 35
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 6 . . . . . . 37
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 8 . . . . . . 38
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 10 . . . . . 40


## Panukalang Rehiyonal


**RTM Panukala sa Pangrehiyong Transportasyon . . . . . . . . . . . . 46**
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 48


**Larawan sa harap na pabalat:** Nagtatampok ang pabalat sa harap ng mga kawani ng Departamento ng mga Eleksyon na nagtatrabaho sa buong taon upang magbigay sa mga botante ng San Francisco ng mga serbisyong lubos na madaling ma-access at mapagkakatiwalaan, pati na ng mga pagkakataon makaboto.

## Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota


Impormasyon Tungkol sa mga Lokal na Panukala at mga Argumento . . 51

Ang Konseho sa Pagpapasimple ng Balota . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 51

Mga Salitang Dapat Mong Malaman. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 52

**A Mga Pagbabago sa Tsarter na Makaaapekto sa Iba't Ibang Departamento at Komisyon ng Lungsod . . . . . . . . . . . . . . . . . 54**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 54

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 56

**B Pagtatatag ng Municipal Finance Corporation (Pampinansiyang Korporasyon ng Lokal na Gobyerno at ng Public Bank (Pampublikong Bangko) . . . . . . . . . . . . . . . . . 58**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 58

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 60

**C Mga Kontribusyon sa Housing Trust Fund (Pinangangasiwaang Pondo na Nakatalaga para sa Pabahay). . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 62**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 62

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 64

**D Mga Pagbabago sa Proseso ng mga Panukalang-batas . . . . 66**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 66

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 68

**E Ang Awtoridad ng Administrador ng Lungsod at Mga Pagbabago sa Pangongontrata ng Lungsod . . . . . . . . . . . . . . 70**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 70

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 72

**F Mga Pagbabago sa Pamamahala ng Ehekutibong Sangay . . 74**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 74

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 76

**G Pagpapahintulot sa Pribadong mga Sasakyan sa Upper Great Highway sa Sunset Dunes Park . . . . . . . . . . . . . 78**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 78

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 80

**H Parcel Tax (Buwis sa Parsela ng Lupa) upang Mapondohan ang mga Operasyon ng Muni. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 82**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 82

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 84

**I Mga Pagbabago sa Real Property Transfer Tax (Buwis sa Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Ari-arian) . . . . . . . . . . . . . . . . 86**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 86

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 88

**J Pagtatanggal ng Foreclosure Exemption (Eksempsiyon Batay sa Pagkakaremata ng Ari-arian) sa Real Property Transfer Tax. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90**

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90

Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 92



**Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco**

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
***sfelections.gov***

**Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.**

Mga layout/typesetting ng Departamento ng mga Eleksyon
Inilimbag ng Consolidated Printers, Inc.


Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa San Francisco Examiner sa Oktubre 21 at 22.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
**DEPARTMENT OF ELECTIONS** John Arntz, Director

Minamahal na Botante ng San Francisco, Agosto 31, 2026

Ang Nobyembre 3, 2026, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon ay inyong pagkakataon upang maiparinig ang inyong tinig, kaya naman ang tema ng eleksyong ito ay “Sama-sama Tayo, Ngayong Taglagas Bumoto.” Ang inyong balota na may apat na kard ay maglalaman ng pederal, pang-estado at lokal na mga labanan, pati na rin ng mga pang-estado, rehiyonal at lokal na panukala.

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na ito ang nagbibigay ng opisyal at walang kinikilingang impormasyon upang matulungan kayong maunawaan ang inyong balota at magplano para sa pagboto. Hinihikayat namin kayong suriin ang impormasyon sa pamplet na ito at bisitahin ang Voter Portal sa **sfelections.gov/voterportal** upang tingnan ang inyong pagpaparehistro, subaybayan ang inyong balotang vote-by-mail, at pamahalaan ang inyong mga kagustuhan sa wika at paraan ng paghahatid.

**Maghanda sa Pagboto**

Karamihan sa mga botante ng San Francisco ay makatatanggap ng kanilang balotang vote-by-mail sa unang linggo ng Oktubre. Maaari ninyong piliin ang opsiyon sa pagboto na pinakamainam para sa inyo:

1. **Ipadala sa pamamagitan ng koreo ang inyong balota** gamit ang pambalik na sobre ng balota na may bayad na ang selyo, at tiyaking may postmark ito sa o bago ang Araw ng Eleksyon. Upang hanapin ang pinakamalapit na asul na kahon para sa pagkolekta ng USPS, bisitahin ang tools.usps.com/locations.
2. **Gamitin ang Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota.** Simula Oktubre 5, magkakaroon ang San Francisco ng 37 ligtas na lokasyon ng mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota na magagamit nang 24 na oras hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Ang mga balotang ibinabalik sa pamamagitan ng mga kahon na hulugan na ito ay direktang ipinadadala sa Departamento ng mga Eleksyon. Maghanap ng lokasyon sa **sfelections.gov/dropboxes.**
3. **Bumoto nang personal.** Maaari ninyong ibalik ang inyong nakumpletong vote-by-mail na balota o ihulog ang inyong balota sa alinman sa 501 lugar ng botohan sa San Francisco sa Araw ng Eleksyon o sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Maghanap ng lokasyon sa **sfelections.gov/myvotinglocation.**

Sa Sentro ng Botohan sa City Hall, maaari rin kayong kumuha ng pamalit na balota, magparehistro upang bumoto o i-update ang inyong pagpaparehistro bilang botante, at makatanggap ng tulong sa iba't ibang wika.

Bukas ang Sentro ng Botohan tuwing mga karaniwang araw, simula Oktubre 5, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., maliban sa Oktubre 12. Bukas din ito ng Sabado at Linggo sa Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. Sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, bukas ito mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

**Mahalaga ang Bawat Boto**

Inaasahang magkakaroon ng mahigit isang milyong kard ng balota sa eleksyong ito. Kakailanganin ng panahon ang pagbibilang ng ganito karaming balota. Pinalalawak na namin ang aming kapasidad at magtatrabaho kami nang tuluy-tuloy pagkatapos ng Araw ng Eleksyon upang mahusay na maproseso ang mga kard ng balota.

Inaasahan naming mabibilang ang karamihan sa mga kard ng balota at maiulat ang mga resulta sa loob ng ilang araw pagkatapos ng Araw ng Eleksyon. Magpapatuloy ang pagproseso hanggang sa mabilang ang bawat balotang karapat-dapat na mabilang. Alinsunod sa batas ng estado, maaaring sertipikahan ang mga panghuling resulta ng eleksyon simula Nobyembre 25.

**Ang Inyong Opisyal na Mapagkukunan sa Eleksyon**

Narito ang Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco upang tumulong. Para sa impormasyon at tulong tungkol sa eleksyon, bisitahin ang **sfelections.gov**, mag-email sa SFVote@sfgov.org, o tumawag sa (415) 558-6104.

Nagsusumikap kaming makapagbigay sa mga taga-San Francisco ng mga eleksyong malaya, patas, at maayos na naisasagawa. Inaasahan namin ang inyong pakikilahok sa eleksyong ito!

Lubos na gumagalang,
John Arntz, Director

Phone (415) 558-6100
Fax (415) 558-6109
TTY (415) 558-6108
sfvote@sfgov.org

sfelections.gov
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

中文 (415) 558-6102
Español (415) 558-6103
Filipino (415) 558-6104
Tiếng Việt (415) 558-6105

# Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante

Sa simula ng bawat panahon ng pagboto, lahat ng mga botante ng San Francisco ay makakatanggap ng lokal na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Halimbawang Balota. Para sa mga eleksyon na pambuong estado, ang mga botante ay makakatanggap din ng mula sa estado ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante. Ang parehong gabay ay kapaki-pakinabang na sanggunian para matulungan kayong maghanda para sa eleksyon. Narito ang paghahambing ng dalawang gabay:

| | Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante | Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante |
|---|---|---|
| **Pinagmulan ng lathala** | Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco | Kalihim ng Estado ng California |
| **Mga Paksa sa Gabay** | Impormasyon at mga pinaglalabanan sa lokal na eleksyon na nasa balota | Impormasyon at mga pinaglalabanan sa pambuong-estadong eleksyon na nasa balota. |
| **Halimbawang Balota** | Kasama | Hindi kasama |
| **Mga Opisyal na Wika** | Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, Vietnamese | Ingles, Espanyol, Tsino, Hindi, Hapones, Khmer, Koreano, Tagalog, Thai, Vietnamese |
| **Mga Opsiyon sa Format** | • Regular at malaki ang pagkakaimprenta<br>• Audio sa CD o USB (Ingles lamang)<br>• PDF<br>• HTML at MP3 sa **sfelections.gov/vip** | • Regular at malaki ang pagkakaimprenta<br>• Audio sa CD<br>• PDF<br>• Bidyo ng American Sign Language sa **voterguide.sos.ca.gov** |

# Nobyembre 3, 2026 Balota sa Eleksyon

Ang inyong balota ay naglalaman ng 4 na kard, na nililista ang mga sumusunod na labanan:

### Mga Katungkulang Nominado ng Botante

- Gobernador
- Tenyente Gobernador
- Kalihim ng Estado
- Kontroler
- Ingat-Yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
- Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 o Distrito 15
- Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o Distrito 19

### Mga Katungkulang Panghukuman

- Katulong na Mahistrado ng Korte Suprema
- Namamatnugot na Hukom, Hukuman ng Paghahabol
- Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol

### Mga Katungkulang Hindi Makapartido

- Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado
- Miyembro, Lupon ng Edukasyon, tatlong puwesto
- Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, tatlong puwesto (termino na magtatapos sa Enero 8, 2031)
- Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, isang puwesto (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 8, 2029)

### Mga Katungkulang Pang-Distrito

- Direktor ng BART, Distrito 8*
  **Ang mga botanteng naninirahan sa Distrito 7 o Distrito 9 ng BART ay walang makikitang labanan na ito sa kanilang balota dahil ihahalal nila ang kanilang mga kinatawan sa Eleksyon sa Nobyembre 2028. Tingnan ang inyong Distrito ng BART sa* ***sfelections.gov/voterportal.***

### Mga Katungkulang Lokal na gumagamit ng Ranked-Choice na Pagboto

- Tagatasa-Tagatala
- Pampublikong Tagapagtanggol
- Miyembro, Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2, 4, 6, 8, o 10*
  **Ang mga botanteng naninirahan sa mga Distrito ng mga Superbisor na may odd na numero ay walang makikitang labanan na ito sa kanilang mga balota dahil ihahalal nila ang kanilang mga kinatawan sa Nobyembre 2028 na Eleksyon. Tingnan ang inyong Distrito ng Superbisor sa* ***sfelections.gov/voterportal.***

### 14 Proposisyon ng Estado

### 1 Panukalang Rehiyonal

### 10 Proposisyon ng Lungsod at County

**Gamitin ang Worksheet ng Balota na makikita sa pahina 94 upang markahan ng maaga ang inyong mga napili upang makatipid sa oras at maiwasan ang pagkakamali sa pagmamarka ng inyong opisyal na balota.**

# Saan, Kailan, at Paano Bumoto sa Eleksyon

Ang mga lokal na botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Tingnan ang talahanayan para sa karagdagang detalye.

## Paano Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

| | Papel na Balota sa Koreo | Aksesibleng Balota sa Koreo |
|---|---|---|
| **Saan ko makukuha ang aking balotang pangkoreo?** | • Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang inyong vote-by-mail na pakete sa address sa inyong rekord bilang botante.<br>• Maaari ninyong i-update ang inyong rekord o hilingin na ipadala sa ibang address ang inyong pakete, kung kinakailangan. | • Mag-download ng napi-print na balota sa **sfelections.gov/access.**<br>• Sinusuportahan ang mga screen-readers, head-pointers, sip and puffs, o mga gamit pang keyboard tapping. |
| **Kailan ko makukuha ang aking balota?** | Simula 29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon | |
| **Paano ko pupunan ang aking balota?** | 1. Basahin ang lahat ng mga instruksiyon sa balota.<br>2. Gumawa ng mga pagpili gamit ang panulat na may madilim na tinta.<br>3. Tanggalin ang mga resibo at tupiin ang mga kard.<br>4. Ilagay ang mga kard sa loob ng pambalik na sobre.<br>5. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre.<br>6. Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo o nang personal. | 1. Basahin ang lahat ng instruksiyon sa online.<br>2. Gamitin ang inyong napiling paraan ng pag-input upang mamarkahan ang balota.<br>3. Sundan ang mga instruksiyon sa pag-print ng balota.<br>4. Kunin ang inyong pambalik na sobre para sa balota.<br>5. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre.<br>6. Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo o nang personal. |
| **Kailan ko ibabalik ang aking balota?** | **Ibalik ang inyong vote-by-mail na balota nang hindi lalampas sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan:**<br>**1. Anumang oras bago ang Araw ng Eleksyon:** Ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Maaari rin ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo.<br>**2. Bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon (Martes, Nobyembre 3):** Ihatid ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan, lugar ng botohan o sa Sentro ng Botohan sa City Hall.<br>**3. Sa pamamagitan ng koreo sa Araw ng Eleksyon (Martes, Nobyembre 3):** Dalhin ang inyong balota sa tanggapan ng koreo at humiling ng manual na postmark. Ang mga balotang nalagyan ng postmark matapos ang Araw ng Eleksyon ay hindi na mabibilang. | |

## Paano Bumoto nang Personal

| | |
|---|---|
| **Saan ako boboto?** | **1. Sa panahon ng pagboto:** Bisitahin ang Sentro ng Botohan sa City Hall anumang oras sa loob ng oras ng operasyon. Ang Sentro ng Botohan ay nagbibigay ng mga balota para sa mga botante na mula sa lahat ng komunidad ng San Francisco.<br>**2. Sa Araw ng Eleksyon:** Pumunta sa inyong itinalagang lugar ng botohan. Upang mahanap ang inyong lugar ng botohan at makuha ang tamang balota, bisitahin ang **sfelections.gov/myvotinglocation** o tingnan ang likod ng pamplet na ito. |
| **Kailan ako boboto?** | **Sa Sentro ng Botohan sa City Hall:**<br>• Lunes hanggang Biyernes, Oktubre 5 hanggang Nobyembre 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa Oktubre 12)<br>• Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.<br>• Sa Araw ng Eleksyon (Martes, Nobyembre 3), mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.<br>**Sa inyong itinalagang lugar ng botohan:**<br>• Sa Araw ng Eleksyon (Martes, Nobyembre 3), mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. |
| **Paano ako boboto?** | 1. Mag-check in: Ibigay ang inyong pangalan at tirahan sa manggagawa sa botohan.<br>2. Piliin ang inyong balota: Piliin ang inyong nais na wika at format.<br>3. Pumunta sa booth: Dalhin ang inyong mga pambotong materyales sa booth.<br>4. Markahan ang inyong balota. Gumamit ng panulat o aparato upang markahan ang inyong mga pinili.<br>5. Protektahan ang inyong balota: Ilagay ito sa secrecy sleeve o pambalik na sobre.<br>6. Ipatala ang inyong balota: Gamitin ang makinang pang-scan ng balota o ang opisyal na kahon ng balota.<br>7. Kumuha ng “I Voted!” na sticker: Kung inyong nais, isuot ito at kumuha ng selfie para hikayatin ang iba na gawin din ito! |

# Panatilihing Napapanahon ang Inyong Lagda

# Tumulong na matiyak na mabibilang ang inyong balota

Ang bawat rehistradong botante sa California ay tumatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo humigit-kumulang isang buwan bago ang eleksyon.

Kapag bumoboto kayo sa pamamagitan ng koreo, mahalaga ang inyong lagda. Dapat ninyong lagdaan ang sobre para sa pagbabalik ng balota at ibalik ang inyong balota bago o sa Araw ng Eleksyon—sa pamamagitan man ng koreo o nang personal. Inihahambing ng mga opisyal ng eleksyon ang lagda sa sobre ng inyong balota sa (mga) lagda sa inyong rekord bilang botante upang kumpirmahin ang inyong pagkakakilanlan.

Sa paglipas ng panahon, maaaring magbago ang inyong lagda dahil sa edad, pinsala, o pang-araw-araw na nakasanayan. Kung hindi na tumutugma ang inyong lagda sa lagdang nasa rekord, o kung hindi nalagdaan ang sobre, kailangan ninyong gumawa ng karagdagang hakbang upang mabilang ang inyong balota.Ang aming pangkat ay handang sumuporta sa inyo.

Ang magandang balita ay may iba't ibang paraan ang mga botante ng San Francisco upang malutas ang isyu sa lagda at makatulong na matiyak na mabibilang ang kanilang balota. Kung mangyari ito, makakatanggap kayo ng mga instruksiyon sa pamamagitan ng koreo at elektronikong paraan, at maaari kayong tumugon sa pamamagitan ng koreo, email, fax, o nang personal.

Upang makatulong na maiwasan ang anumang isyu, maaari ninyong isaalang-alang ang pag-update ng inyong lagda kung ito ay nagbago. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng bagong form para sa pagpaparehistro bilang botante online sa **registertovote.ca.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng papel na form para sa pagpaparehistro.

# Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Simula sa Oktubre 5, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinman sa 37 opisyal na kahon na hulugan ng Lungsod. Lahat ng mga hulugan ng balota ay matatagpuan sa labas, aksesible at bukas 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3. Para ma-access ang isang mapa na makakapagpakita ng lahat ng lokasyon ng kahon na hulugan sa San Francisco, i-scan ang QR code sa pahinang ito o bumisita sa **sfelections.gov/dropboxes**.

| Distrito ng Superbisor | Kahon na Hulugan ng Balota | Lokasyon | Address |
|---|---|---|---|
| 1 | 1 | Cabrillo Playground | 853 38th Ave |
| | 2 | Richmond/Senator Milton Marks Branch Library | 351 9th Ave |
| 2 | 3 | Golden Gate Valley Branch Library | 1801 Green St |
| | 4 | Presidio Branch Library | 3150 Sacramento St |
| 3 | 5 | City College of San Francisco - Chinatown Center | 808 Kearny St |
| | 6 | Huntington Park | California St and Taylor St |
| | 7 | North Beach Branch Library | 850 Columbus Ave |
| 4 | 8 | Ortega Branch Library | 3223 Ortega St |
| | 9 | Parkside Branch Library | 1200 Taraval St |
| 5 | 10 | City Hall | 1 Dr Carlton B Goodlett Pl |
| | 11 | Father Alfred E. Boeddeker Park | 246 Eddy St |
| | 12 | Park Branch Library | 1833 Page St |
| | 13 | UC Law San Francisco | 200 McAllister St |
| | 14 | Western Addition Branch Library | 1550 Scott St |
| 6 | 15 | Jessie Square | 730 Mission St |
| | 16 | Mission Bay Branch Library | 960 4th St |
| | 17 | Ship Shape Community Center | 850 Avenue I |
| 7 | 18 | Forest Hill Station (Muni Metro) | 380 Laguna Honda Blvd |
| | 19 | Ingleside Branch Library | 1298 Ocean Ave |
| | 20 | Merced Branch Library | 155 Winston Dr |
| | 21 | Sunset Branch Library | 1305 18th Ave |
| | 22 | San Francisco State - Mashouf Wellness Center | 755 Font Blvd |
| | 23 | UCSF Medical Center - Millberry Union Plaza | 500 Parnassus Ave |
| 8 | 24 | Eureka Valley Recreation Center | 100 Collingwood St |
| | 25 | Glen Park BART Station | 2901 Diamond St |
| | 26 | Harvey Milk Recreation Center | 50 Scott St |
| | 27 | Noe Valley/Sally Brunn Branch Library | 451 Jersey St |
| 9 | 28 | Bernal Heights Branch Library | 500 Cortland Ave |
| | 29 | City College of San Francisco - Mission Center | 1125 Valencia St |
| | 30 | Portola Branch Library | 380 Bacon St |
| 10 | 31 | Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library | 5075 3rd St |
| | 32 | Jackson Playground Rec Center | Mariposa St and Arkansas St |
| | 33 | Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center | 1001 Potrero Ave |
| | 34 | Visitacion Valley Branch Library | 201 Leland Ave |
| 11 | 35 | Crocker Amazon Playground | 799 Moscow St |
| | 36 | Excelsior Branch Library | 4400 Mission St |
| | 37 | Ocean View Branch Library | 345 Randolph St |

# Pagmarka ng Inyong Balota

## Mga Hakbang sa Pagmarka sa Lahat ng Uri ng mga Labanan


1. Basahin ang mga instruksiyon sa bawat kard na balota bago markahan ang anumang labanan.
2. Gumamit ng panulat na may itim o asul na tinta upang masiguro na mababasa ang inyong mga napili.
3. Punan ang (mga) oval na nasa kanan ng inyong (mga) pinili upang markahan ang inyong mga napagpasyahan.
4. Laktawan ang alinmang labanan na ayaw ninyong botohan. Mabibilang pa rin ang iba ninyong mga boto.
5. Upang bumoto para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato*, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa ilalim ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval na katabi ng kanilang pangalan.

## Mga Hakbang sa Pagmarka sa mga Labanan na may Ranked-Choice na Pagboto


Sa mga labanan ng ranked-choice na pagboto, makikita ang mga kandidato sa kaliwa ng grid at makikita ang mga may numerong ranggo sa itaas na hilera.

1. Para i-ranggo ang mga kandidato alinsunod sa inyong kagustuhan, punan ang mga oval mula kaliwa hanggang kanan, na ipinapakita sa **larawan 1**.
   - Markahan ang **unang kolum** para sa inyong **unang piniling kandidato**.
   - Markahan ang **pangalawang kolum** para sa inyong **pangalawang piniling kandidato**.
   - Markahan ang **pangatlong kolum** para sa inyong **pangatlong piniling kandidato**, at ipatuloy ito para sa iba.
2. Maaari kayong magranggo ng kahit ilang kandidato na hindi lalampas ng 10.
3. Maaari ninyong iwanan ng blanko ang mga kolum kapag hindi ninyo gusto i-ranggo ang ilang mga kandidato o kapag mas kaunti sa tatlong kandidato ang tumatakbo para sa isang katungkulan.
4. Huwag punan ng higit sa isang oval ang bawat isang kolum, tulad ng ipinapakita sa larawan 2. Hindi mabibilang ang inyong boto kung naglagay kayo ng magkaparehong ranggo sa maraming mga kandidato.
5. Huwag i-ranggo ang parehong kandidato nang ilang beses, tulad ng ipinapakita sa larawan 3. Mabibilang lamang ang inyong unang ranggo para sa kandidatong iyon.
6. Para bumoto sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato*, isulat ang pangalan ng kandidato sa puwang sa ilalim ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval para sa ranggo.


**1 I-ranggo ang mga kandidato ayon sa pakakasunod-sunod ng inyong kagustuhan**



**2 Huwag punan ng higit sa isang oval ang parehong kolum**



**3 Huwag punan ng higit sa isang oval para sa isang kandidato**



**Ang isang kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato ay isang tao na nakapagsumite ng kinakailangan na dokumentasyon upang makatakbo sa katungkulan pagkatapos maimprenta ang mga balota. Magkakaroon ng listahan ng mga kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato sa **sfelections.gov/writein** at sa Sentro ng Botohan sa City Hall mula Oktubre 23 at gayun din sa lahat ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3.*

## Paano Binibilang ang mga Labanan na may Ranked-Choice na Pagboto

Sa simula, binibilang ang mga unang napili ng lahat. Kung may kandidato na nakakuha ng mayorya sa unang-pinili na mga boto (50%+1), panalo ang kandidato na iyon.

Kapag walang kandidato ang nakatanggap ng mayorya na boto, tinatanggal ang kandidato na may pinakakaunting natanggap na mga boto. Malilipat ang mga boto ng mga botanteng pumili ng natanggal na kandidato sa susunod nilang napili. Bibilangin ulit ang mga boto. Kung nagkaroon na ng mayorya na mga boto ang isang kandidato, panalo ang kandidatong iyon.

Kung wala pa ring nanalo, uulitin ulit ang proseso ng pagtanggal ng kandidato na may pinakakaunting natanggap na mga boto hanggang magkaroon ng kandidato na mayroong mayorya na mga boto.

## Karagdagang Kaalaman Tungkol sa Ranked-Choice na Pagboto

Marami kaming mapagkukunan upang matulungan kayong maunawaan ang paraan na ito ng pagboto:

- Bumisita sa **sfelections.gov/RCV** para malaman kung kailan at paano ginagamit ang ranked-choice na pagboto
- Magsanay sa pagmarka ng halimbawang labanan ng ranked-choice na pagboto at alamin kung papaano mabibilang ang inyong mga pinili sa **sfelections.gov/practiceRCV**.
- Panoorin ang presentasyon tungkol sa ranked-choice na pagboto sa aming YouTube channel, **SFElections**.

# Kailangan Humiling ng Bagong Balota?

Kung nagkamali kayo habang nagmamarka ng inyong balota, maaari kayong humiling ng kapalit nito:

- Sa online: **sfelections.gov/voterportal**
- Sa telepono: (415) 558-6104
- Sa personal: sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon

# Subaybayan ang Inyong Balota

Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** para masubaybayan ang inyong balota at makumpirma kung kailan ito natanggap para sa bilangan. Kung merong isyu sa inyong sobre ng balota, tulad ng nawawalang pirma, aabisuhan kayo ng portal at bibigyan kayo nito ng mga instruksiyon kung paano malulutas ang isyu.

Maaari rin kayong mag-sign up para sa mga awtomatikong update sa pamamagitan ng email, text, o telepono sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

# Pagpapanatili ng Inyong Rekord ng Botante

Ipinadadala namin ang mga balota at iba pang materyales ng eleksyon sa address na nakasaad sa inyong rekord ng botante. Maaari ninyong i-check ang inyong rekord ng botante sa **voterstatus.sos.ca.gov** at i-update ang inyong address sa **registertovote.ca.gov**.

Ayon sa batas, ang impormasyon sa inyong rekord ng botante ay hindi maaaring gamitin sa mga layuning pangkomersyal, ngunit maaari itong gamitin para sa mga piling hindi pangkomersyal na layunin. Para sa karagdagang kaalaman, tumawag sa Kalihim ng Estado sa 800-345-8683 o bumisita sa **sos.ca.gov**.

Kayo ba ay nasa mapanganib na kalagayan at gustong gumamit ng kumpidensyal na address para sa inyong pang-eleksyon na koreo? Para malaman kung kuwalipikado kayo sa programang Safe at Home, tumawag sa 877-322-5227 o bumisita sa **sos.ca.gov/registries/safe-home**.

# Hindi Mamamayan na Boboto sa Lokal na Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon

Pinahihintulutan ng lokal na batas ang ilang hindi mamamayan na magparehistro at bumoto sa lokal na eleksyon ng Lupon ng Edukasyon.

Ang mga hindi mamamayan ay maaring magparehistro at bumoto para sa **Nobyembre 3, 2026, Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon** kung sila ay mga magulang, legal na tagapangalaga, o tagapag-alaga ng isang batang naninirahan sa San Francisco na hindi pa 19 taong gulang sa Araw ng Eleksyon. Alamin pa sa **sfelections.gov/ncv**.

# Mga Resulta ng Eleksyon

Sa Gabi ng Eleksyon, pagkatapos magsara ng mga botohan, ilalabas ng Departamento ng mga Eleksyon ang apat na paunang resulta na iuulat para sa Nobyembre 3, 2026, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon.

1. **8:45 p.m.** – Ang unang ulat ay maglalaman ng mga resulta mula sa karamihan ng mga vote-by-mail na balotang natanggap bago ang Araw ng Eleksyon.
2. **9:45 p.m.** – Isasama sa pangalawang ulat ang mga resulta mula sa Araw ng Eleksyon na iniulat ng mga lugar ng botohan.
3. **10:45 p.m.** – Kasama rin sa pangatlong ulat ang mga resulta ng Araw ng Eleksyon mula sa mga karagdagang mga pag-uulat sa mga lugar ng botohan.
4. **Bandang hatinggabi** – Ang pang-apat na ulat, kasama rito ang lahat ng mga resulta ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, ay ilalabas kapag nakapag-ulat na ang lahat ng presinto.

Ang lahat ng mga resulta na ilalabas sa Gabi ng Eleksyon ay pauna lamang at magbabago habang binibilang pa ang mga balota sa mga susunod na araw. Kabilang dito ang mga balido na probisyonal na balota at mga vote-by-mail na balota na natanggap sa Araw ng Eleksyon, gayun din ang mga balido na vote-by-mail na balota na may postmark nang Araw ng Eleksyon at natanggap sa loob ng isang linggo.

Ayon sa batas, ang Departamento ay may 30 araw upang makumpleto ang pagbibilang ng mga balota at kailangan na masertipikahan ang eleksyon nang Disyembre 3, 2026.

Lahat ng resulta ng eleksyong lokal ay ilalathala sa **sfelections.gov/results**. Ang mga resulta ng pambuong-estado ay malalathala sa website ng Kalihim ng Estado ng California sa **sos.ca.gov**.

# Pagmamasid sa Eleksyon

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay kumikilos sa isang bukas at malinaw na paraan.

Malugod na inaanyayahan ang publiko na obserbahan ang proseso ng eleksyon at magbigay ng puna. Maaari ninyong:

- Panoorin ang pagsubok ng kagamitan sa pagboto at ang bilangan ng balota sa pamamagitan ng aming mga live stream sa **sfelections.gov/observe**.
- Magmasid nang personal sa mga aktibidad sa aming tanggapan sa City Hall at sa aming bodega sa Pier 31.
- Sumali sa aming opisyal na Panel ng Tagamasid ng Eleksyon.
- Magmasid ng mga aktibidad sa mga lugar ng botohan at sa Sentro ng Botohan sa City Hall.

Upang makilahok sa isa sa aming mga nalalapit na kaganapan, mangyaring tingnan ang aming Kalendaryo ng mga Maaring Obserbahang Aktibidad sa **sfelections.gov/observer**.

# Komisyon Para sa mga Eleksyon

Ang Komisyon Para sa mga Eleksyon ang nangangasiwa ng mga pampublikong eleksyon sa San Francisco at nagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon. Inaaprubahan at tinatasa rin nito ang mga plano para sa bawat eleksyon. Kasama ng mga kasalukuyang miyembro ng Komisyong ito:

**Michelle Parker,** Presidente
Hinirang ng Lupon ng Edukasyon

**Renita LiVolsi,** Bise Presidente
Hinirang ng Pampublikong Tagapagtanggol

**Trevor McNeil**
Hinirang ng Mayor

**Rebecca Bers**
Hinirang ng Abogado ng Lungsod

**Neil Hallinan**
Hinirang ng Ingat-Yaman

**Dena Aslanian-Williams**
Hinirang ng Abogado ng Distrito

# Mga Aksesibleng Mapagkukunan

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagbibigay ng iba't-ibang aksesibleng mapagkukunan sa pagboto para matulungan ang lahat ng botante na bumoto ng pribado at malaya.

## Aksesibleng Pamplet ng Impormasyon Para sa Botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (Voter Information Pamphlet) ay makukuha sa mga format na PDF, HTML, at MP3 sa **sfelections.gov/vip**. Maaari rin kayong humiling ng bersiyon na may malalaking letra, audio sa CD o sa USB, sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 558-6104.

## Aksesibleng Balota sa Koreo

Mula sa Oktubre 5 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, maaari kayong mag-download ng aksesibleng balota sa **sfelections.gov/access**. Maaari ninyong gamitin ang inyong personal na pantulong na aparato, tulad ng screen reader, head pointer, o sip-and-puff, para markahan ang inyong balota. Kapag nakumpleto na, ang mga balota ay dapat na i-print at ibalik sa Departamento ng mga Eleksyon sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

## Mga Aksesibleng Lugar ng Botohan

Ang Sentro ng Botohan sa City Hall at lahat ng mga lokal na lugar ng botohan ay aksesible para sa mga naka-wheelchair. Ang bawat lugar ay may mga lenteng nagpapalaki ng mga letra, panulat na madaling hawakan, gabay sa pagpirma gamit ang braille, mga pamboto na upuan, at mga aparato para sa pagmarka ng mga balota.

Ang mga aparato para sa pagmamarka ng balota ay nag-aalok ng parehong opsiyon sa touchscreen at audio, na nagbibigay-daan sa inyo na ayusin ang laki ng font, kulay ng background, at wika. Maaari ninyong i-navigate ang mga labanan sa balota gamit ang braille keypad, headphones, o iba pang pantulong na kagamitan. Para sa mga detalye tungkol sa inyong itinalagang lugar ng botohan, mangyaring sumangguni sa likod na pabalat.

Ang mga aksesibleng mapagkukunan na ito ay makukuha rin sa Sentro ng Botohan sa City Hall mula Oktubre 5 hanggang sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3.

## Personal na Serbisyo Para sa Pagboto

Kung hindi ninyo kayang pumasok sa isang lokasyon ng botohan, maaari kayong humiling ng pagboto sa gilid ng daan. Ang isang manggagawa sa eleksyon ay magdadala sa inyo ng balota upang kayo ay makaboto sa inyong sasakyan o sa lugar na malapit sa botohan. Pagkatapos ninyo mamarkahan ang inyong balota, ang manggagawa sa eleksyon ay magbabalik para kolektahin ito. Tumawag sa (415) 558-6104 o magtanong para hilingin ang serbisyong ito para sa inyo.

Maaaring humingi ng tulong sa ibang tao para sa pagmamarka ng inyong balota. Ang tagatulong ay maaaring isang manggagawa sa eleksyon ngunit hindi siya maaaring maging inyong tagapag-empleyo o kinatawan ng inyong unyon. Maaaring magbigay ng pisikal na tulong ang mga tagatulong; gayunpaman, hindi sila maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa pagboto para sa inyo.

Kung kayo o mayroon kayong kilala na hindi kayang umalis ng bahay o nasa ospital sa huling linggo ng panahon ng pagboto, maaari kayong humiling na magpahatid o magpakuha ng balota. Para mag-iskedyul ng appointment, tumawag sa (415) 558-6104, TTY (415) 558-6108, o mag-email sa **ballotdelivery@sfgov.org**.

## Komite ng mga Tagapayo para sa Aksesibilidad sa Pagboto

Nagtatrabaho ang komite na ito upang mapabuti ang access sa pagboto sa San Francisco. Tumawag sa (415) 558-6104 para sa mga karagdagang impormasyon at kung gusto ninyong makilahok.

# Limang mga Katotohanan Tungkol sa mga Eleksyon sa San Francisco

## Katotohanan 1: Ligtas at Maaasahan ang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay isang ligtas at maaasahang paraan ng pakikilahok sa mga eleksyon sa San Francisco. Ang Departamento ng mga Eleksyon ay gumagamit ng maraming hakbang sa seguridad at pagpapatunay upang maprotektahan ang bawat balota at makatulong na maiwasan ang pandaraya.

Ang mga balota ay ibinibigay lamang sa mga rehistradong botante, at bawat sobre para sa pagbabalik ng vote-by-mail ay may natatanging numerong pagkakakilanlan na tumutulong matiyak na ang isang botante ay makakaboto lamang nang isang beses at nagbibigay-daan upang masubaybayan ang balota. May ilang ligtas na paraan ang mga botante upang maibalik ang kanilang balota, kabilang ang pagpapadala nito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service, paglalagay nito sa isang opisyal na pananggalang sa pakikialam na kahon na hulugan ng balota, o pagbabalik nito sa isang lugar ng botohan o sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Ang lahat ng naibalik na balota ay kinokolekta at dinadala gamit ang mahigpit na mga pamamaraan ng chain-of-custody.

Bago mabilang ang balota, inihahambing ng mga kawani ng Departamento ang pirma ng botante sa pambalik na sobre sa (mga) pirmang naka-file. Kapag walang pirma o hindi tumutugma ang pirma, kinokontak ng Departamento ang botante at binibigyan ng mga instruksyon kung paano aayusin ang isyu upang mabilang ang balota.

Kapag nakumpirma na ang pagiging kuwalipikado ng botante, ang mga naibotong balota ay hinihiwalay mula sa kanilang mga sobre upang maprotektahan ang pagiging pribado ng botante, at pagkatapos ay inihahanda para sa pagbibilang.

Itinatala sa sistema ng eleksyon ang pakikilahok ng botante kapag natanggap ang balotang vote-by-mail, na tumutulong upang maiwasan ang pagbibilang ng higit sa isang balota para sa iisang botante.

Maaaring i-check ng mga botante kung natanggap at nabilang ang kanilang balotang ipinadala sa koreo sa **sfelections.gov/voterportal** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

## Katotohanan 2: Karamihan sa mga Botante ay Hindi Kailangang Magpakita ng Pagkakakilanlan kapag Bumoboto

Karamihan sa mga botante ay hindi kinakailangang magpakita ng pagkakakilanlan kapag bumoboto. Ang mga manggagawa sa lugar ng botohan sa San Francisco ay sinanay na huwag humingi ng ID maliban kung ito ay kinakailangan ng batas at nakasaad sa Talaan ng mga Botante sa lugar ng botohan. Maaaring kang hingan ng pagkakakilanlan kung ikaw ay boboto sa unang pagkakataon matapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo at hindi ka nagbigay ng numero ng lisensya sa pagmamaneho, numero ng ID sa estado, o ang huling apat na digit ng inyong Social Security number sa inyong form ng pagpaparehistro.

Bago ang bawat eleksyon, nagpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng abiso sa mga botanteng kinakailangang magbigay ng pagkakakilanlan, na humihiling sa kanila na magsumite ng ID bago bumoto nang personal o bago ibalik ang kanilang balota na vote-by-mail. Kung ito ay naaangkop sa inyo at hindi pa kayo nakapagbigay ng pagkakakilanlan, mangyaring magdala ng ID sa inyong lugar ng botohan o isama ang kopya nito kasama ng inyong balotang vote-by-mail.

Ang mga katanggap-tanggap na uri ng pagkakakilanlan ay kinabibilangan ng kamakailang bayarin sa utility, inyong booklet ng halimbawang balota, iba pang dokumento mula sa ahensiya ng gobyerno, pasaporte, lisensiya sa pagmamaneho o kard ng ID sa estado, o kard ng ID ng estudyante na nagpapakita ng inyong pangalan at larawan.

## Katotohanan 3: Ang mga Probisyonal na Balota ay Binibilang

Lahat ng kuwalipikadong probisyonal na balota ay binibilang. Ang probisyonal na balota ay nagbibigay-daan sa isang botante na makalahok sa eleksyon kapag may katanungan tungkol sa kanyang pagiging kuwalipikado sa oras ng pagcheck-in upang bumoto. Halimbawa, maaaring hilingin sa isang botante na bumoto gamit ang probisyonal na balota kung ang kanyang pangalan ay hindi lumilitaw sa Talaan ng mga Botante o kung siya ay nagpaparehistro upang bumoto sa mismong Araw ng Eleksyon.

Pagkatapos ng eleksyon, sinusuri ng kawani ng Departamento ang bawat probisyonal na balota upang matiyak na ang botante ay karapat-dapat na bumoto at hindi nagbigay ng isa pang balota sa parehong eleksyon. Kapag napatunayan na ang botante ay karapat-dapat, ang balota ay binibilang at isinasama sa opisyal na resulta. Maaaring i-check ng mga botanteng gumamit ng probisyonal na balota kung nabilang ang kanilang balota sa **sfelections.gov/pvlookup** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

## Katotohanan 4: Ligtas at Bukas ang Sistema ng Pagboto

Gumagamit ang San Francisco ng sistema ng pagboto na sertipikado ng Kalihim ng Estado ng California at nakakatugon sa lahat ng naaangkop na pamantayan ng pederal at estado. Pinananatili ng Departamento ng mga Eleksyon ang mahigpit na mga kontrol sa pisikal na seguridad para sa lahat ng kagamitang pangboto. Ang mga makinang pangboto ay hindi kailanman nakakonekta sa internet, panlabas na mga network, o teknolohiyang wireless.

Bago ang bawat eleksyon, nagsasagawa ang Departamento ng mga Eleksyon ng pagsubok na may Lohika at Katumpakan upang matiyak na tama ang pagtatala at pagbibilang ng mga boto ng mga kagamitang pangboto. Pagkatapos ng eleksyon, isinasagawa ang mga karagdagang hakbang sa beripikasyon, kabilang ang manu-manong pagbibilang ng mga balotang napili nang sapalaran at isang risk-limiting audit upang makumpirma ang katumpakan ng mga resulta. Malugod na inaanyayahan ang mga miyembro ng publiko na obserbahan ang mga gawaing beripikasyon na ito.

Gumagamit ang mga botante sa San Francisco ng mga papel na balota upang bumoto, na lumilikha ng pisikal na rekord na sumusuporta sa pagiging malinaw at sa pagsusuri pagkatapos ng eleksyon. Nagbibigay din ang Departamento ng mga opsiyon sa pagboto na naa-access, kabilang ang sistema ng Aksesibleng Vote-by-Mail na balota at mga kagamitang tumutulong sa pagmamarka ng balota sa mga lugar ng botohan. Pinahihintulutan ng mga kagamitang ito ang mga botante na markahan ang kanilang mga balota nang pribado at nakapag-iisa.

## Katotohanan 5: Iginagalang at Pinoprotektahan ang Karapatang Bumoto ng Bawat Residente

Nakatuon ang Departamento ng mga Eleksyon sa pagtitiyak na ang bawat kuwalipikadong botante ay makalahok sa eleksyon nang walang pananakot, panghihimasok, o diskriminasyon. Sinasanay ng Departamento ang mga manggagawa sa lugar ng botohan upang tulungan ang mga botante sa isang magalang at hindi makapartidong paraan, at upang makatulong sa pagpapanatili ng mga lugar ng botohan na ligtas, aksesible, at bukas sa lahat.

Nagbibigay din ang Departamento ng tulong sa wika at suporta sa aksesibilidad upang matiyak na lahat ng botante ay makakaboto nang pribado at nakapag-iisa.

Nagmamanman ng kalagayan ang mga tauhan ng Departamento na nakatalaga sa mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, at sinusunod ang mga itinakdang pamamaraan upang agarang matugunan ang anumang alalahanin tungkol sa posibleng nakakagambalang aktibidad o pananakot sa botante. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Departamento sa mga lokal at pang-estadong ahensiya upang tumugon sa mga ulat ng panghihimasok at upang makatulong na maprotektahan ang pag-access ng mga botante sa proseso ng pagboto.

Ang mga botanteng nakaranas o nakasaksi ng pananakot o panghihimasok ay dapat iulat ito sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104.

# Kumuha ng mga Impormasyon tungkol sa Eleksyon na Mapagkakatiwalaan, Opisyal na Mapagkukunan

Ang Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco at ang Kalihim ng Estado ng California ang mga opisyal at mapagkakatiwalaang pinagkukunan ng impormasyon tungkol sa eleksyon. Nagbibigay ang mga ahensiyang ito ng tumpak, napapanahon, at walang kinakatigang gabay tungkol sa pagpaparehistro ng botante, mga opsiyon sa pagboto, mahahalagang deadline, at mga resulta ng eleksyon. Ang pag-asa sa beripikadong impormasyon mula sa mga opisyal ng eleksyon ay nakatutulong sa mga botante na manatiling may kaalaman at maiwasan ang maling impormasyon.

Ang website ng Departamento, **sfelections.gov**, ay isang komprehensibong mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa eleksyon, na may mga materyales na makukuha sa iba't ibang wika, kabilang ang Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, at Vietnamese. Nagbibigay rin ang website ng access sa Voter Portal sa **sfelections.gov/voterportal**, kung saan maaari ninyong suriin at i-update ang rekord ng inyong pagpaparehistro bilang botante. Ang pagpapanatiling napapanahon ng inyong impormasyon ay nakatutulong upang matiyak na maihahatid ang inyong balota at mga materyales tungkol sa eleksyon nang walang pagkaantala. Pinahihintulutan din kayo ng Voter Portal na subaybayan ang inyong balota, hanapin ang inyong lugar ng botohan, tingnan ang inyong mga distrito ng pagboto, at gamitin ang iba pang kapaki-pakinabang na serbisyo.

Maaari kayong manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng pagsubaybay sa Departamento ng mga Eleksyon (**@SFElections**) sa Facebook, Instagram, X (Twitter), at Nextdoor. Upang makatanggap ng balita at mga paalala tungkol sa eleksyon nang direkta sa inyong email, mag-sign up upang makatanggap ng mga opisyal na update tungkol sa eleksyon sa pamamagitan ng email sa **sfelections.gov/trustedinfo.**

Maaari ring tumawag ang mga botante sa Departamento sa (415) 558-6104, kung saan may mga multilingguwal na kawani na handang sumagot sa mga tanong at magbigay ng tulong.

Ang mga opisyal na resulta ng eleksyon ay inilalathala sa **sfelections.gov** at ina-update habang nagpapatuloy ang pagproseso ng mga balota hanggang sa sertipikahan ang mga resulta ng eleksyon. Isinasagawa ng Departamento ang mga eleksyon sa isang patas, walang kinikilingan, at malinaw na paraan at nagbibigay ng iba't ibang pagkakataon para obserbahan ng publiko ang mga aktibidad ng eleksyon. Alamin pa sa **sfelections.gov/observe.**

Kung makakita kayo ng impormasyon tungkol sa eleksyon na maaaring hindi tumpak o nakalilinlang, mangyaring iulat ito sa Kalihim ng Estado ng California sa **catrustedinformation@sos.ca.gov**, at sa Departamento ng mga Eleksyon sa **sfvote@sfgov.org.**

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay narito upang suportahan kayo sa bawat hakbang at tumulong na matiyak na mayroon kayong access sa komprehensibo at walang kinikilingang impormasyon—mula sa pag-alam kung ano ang nasa inyong balota at pag-unawa sa inyong mga opsiyon sa pagboto hanggang sa pagsubaybay sa inyong balota at paghahanap ng mga opisyal na resulta ng eleksyon.

# Mga Mapagkukunang Multilingguwal

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagbibigay ng mga opisyal na balota, mga pamplet para sa botante, at tulong sa wikang Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, at Vietnamese.

Ang mga facsimile na balota, na maaaring gamitin bilang sanggunian sa pagmamarka ng inyong opisyal na balota, ay makukuha sa wikang Bengali, Burmese, Hindi, Hmong, Hapones, Koreano, Mongolian, Thai, at Urdu sa mga lugar ng botohan at sa pamamagitan ng koreo o email kapag hiniling. Mayroon ding mga serbisyo sa pagsasalin sa daan-daang karagdagang wika kapag hiniling.

Para piliin ang wika sa kung saan nais ninyong matanggap ang inyong mga materyales para sa eleksyon, bisitahin ang **sfelections.gov/language** o tumawag sa (415) 558-6104.

Lahat ng mga nakarehistrong botante ay makatatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo at maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa kanilang itinalagang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon. Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Upang tingnan ang listahan ng lahat ng mga lugar ng botohan sa San Francisco at ang magagamit na mga mapagkukunang wika, bisitahin ang **sfelections.gov/voteatyourpollingplace**.

Ang mga botante ay maaaring tumanggap ng tulong mula sa hanggang dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empleyo, o isang opisyal o ahente ng unyon) upang markahan ang kanilang balota. Maaari ring humingi ng tulong ang mga botante sa mga manggagawa sa botohan.

# Libreng Klase sa Ingles

Inaalok ng City College ng San Francisco ang mga libreng klase sa Ingles. Kung nais ninyong matuto ng Ingles bilang Ikalawang Wika (English as a Second Language o ESL), bumisita sa ccsf.edu/esl para sa impormasyon tungkol sa pagpasok at mga iskedyul ng mga klase.

# Tumulong sa Paghubog ng Hinaharap na Pag-abot sa mga Eleksyon ng San Francisco

Inaanyayahan kayo ng Departamento ng mga Eleksyon na lumahok sa isang maikling, hindi nagpapakilalang pag-tatanong (survey) tungkol sa kung paano mo natatanggap ang mga impormasyon ng eleksyon.

Bago ang bawat eleksyon, ang Departamento ay bumubuo ng Pag-abot sa mga Botante at Planong Pagpapaunlad na naglalahad ng iba't-ibang paraan kung paano nakikipag-ugnayan sa mga botante at mga potensiyal na magpaparehistro. Kabilang sa mga pagsisikap na ito ang pagpapadala ng mga abiso at flyers sa pamamagitan ng koreo, presentasyon sa komunidad, mga anunsiyo sa radyo, telebisyon, at pahayagan, mga update sa website at social media, at pakikipag-ugnayan sa mga lokal na organisasyon at ahensiya ng Lungsod.

Upang makumpleto ang survey na ito, bisitahin ang **sfelections.gov/outreachimpactsurvey** o i-scan ang QR code na ito. Kung nais mo, maaari kang makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng kopyang papel na ipapadala sa pamamagitan ng koreo.

Maraming salamat sa paglaan ng ilang sandali upang ibahagi ang inyong mga saloobin at makatulong sa pagpapalakas ng pag-abot sa mga botante sa ating komunidad.

# Mga Eleksyon sa California

Sa ilalim ng Top Two Candidates Open Primary Act (Batas sa Bukas na Primarya para sa Dalawang Pinakamataas na Kandidato), ang lahat ng kandidato para sa isang katungkulang nominado ng botante, anuman ang kanilang kinakatigang partido, ay lalabas sa iisang balota. Sa parehong bukas na primarya at pangkalahatang eleksyon, **maaari kayong bumoto para sa sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partidong tinutukoy sa inyong form ng rehistrasyon bilang botante**. Sa primaryang eleksyon, ang dalawang kandidato na makatatanggap ng pinakamaraming boto—hindi alintana ang kinakatigang partido—ay uusad sa pangkalahatang eleksyon. Kahit pa makakuha ang isang kandidato ng mayoryang boto (hindi bababa sa 50%+1), kailangan pa rin magsagawa ng pangkalahatang eleksyon.

Ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante ay maaari pa ring tumakbo sa primaryang eleksyon. Gayunpaman, ang isang isinusulat-lamang na kandidato ay maaari lamang umusad sa pangkalahatang eleksyon kung ang kandidato ay kabilang sa dalawang kandidatong nakakuha ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon. Dagdag pa, walang indipendiyenteng proseso ng nominasyon para sa pangkalahatang eleksyon.

Kasama sa mga katungkulang nominado ng botante ang Senador ng U.S., Kinatawan ng U.S., Senador ng Estado, Miyembro ng Asembleya ng Estado, Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyonado ng Seguro, at Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis ng Estado.

Ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay isang katungkulang hindi makapartido at hindi saklaw ng Batas sa Bukas na Primarya para sa Dalawang Pinakamataas na Kandidato. Kung ang isang kandidato para sa Superintendente ay makatanggap ng mayoryang boto (50%+1) sa primaryang eleksyon, ang kandidatong iyon ang nahalal. Kung walang nakatanggap ng mayoryang boto, ang dalawang kandidato na may pinakamataas na boto ang uusad sa pangkalahatang eleksyon.

Hindi naaapektuhan ng bukas na primaryang sistema ng California ang eleksyon ng Pangulo ng U.S., sentral na komite ng county, at ang mga katungkulang lokal.

# Impormasyon Tungkol sa Kandidato

## Kinakatigang Partido ng Kandidato

Ang nakarehistrong kinakatigan na partidong pampolitika, o kawalan nito, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante ay ililimbag sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Kung ang isang kandidato ay tumatakbo para sa katungkulang hindi makapartido, walang partidong makikita sa tabi ng pangalan ng kandidato.

## Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito. Ang mga naturang pahayag ay kusang-loob na isinumite at inilimbag sa gastos ng mga kandidato. Para sa kumpletong listahan ng mga kandidato para sa bawat labanan, mangyaring tingnan ang inyong Halimbawang Balota.

Ni ang Direktor ng mga Eleksyon, ni ang alinmang ahensiya ng Lungsod, opisyal, o kawani, ay hindi nagpapatunay sa katumpakan ng impormasyong nakapaloob sa alinman sa mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na makikita sa pamplet na ito.

# Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Inaatasan ng California Government Code o CAGC (Kodigo ng Pamahalaan ng California) §85600 na ilathala ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga pangalan ng kandidato na kusang-loob na sumang-ayon na sumunod sa limit ng paggasta na itinakda sa CAGC §85400. Sa eleksyong ito, ang mga kandidatong kabilang dito:

**Asembleya ng Estado, Distrito 17**
Matt Haney

**Asembleya ng Estado, Distrito 19**
Catherine Stefani
Philip Louis Wing

# Mga Pag-Endorso ng Partido sa mga Kandidato

Pinahihintulutan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang pambuong-estado. Sa eleksyong ito, ang maagap na nagsumite ng mga pag-eendorso ay ang mga sumusunod:

### Partidong Amerikano na Indipendiyente

Tenyente Gobernador: Gloria Romero
Kalihim ng Estado: Donald P. (Don) Wagner
Kontroler: Malia M. Cohen
Ingat-Yaman: Jennifer Hawks
Pangkalahatang Abugado: Michael E. Gates
Komisyonado ng Seguro: Ben Allen
Miyembro, Lupon ng Tagasingil ng Buwis Distrito 2: John Pimentel
Kinatawan ng U.S. Distrito 11: Connie Chan
Kinatawan ng U.S. Distrito 15: Charles Hoelter
Asembleya ng Estado Distrito 17: Manuel Noris-Barrera
Asembleya ng Estado Distrito 19: Catherine Stefani
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo: Sonja Shaw

### Partidong Demokratiko

Gobernador: Xavier Becerra
Tenyente Gobernador: Fiona Ma
Kalihim ng Estado: Shirley N. Weber
Kontroler: Malia M. Cohen
Ingat-Yaman: Eleni Kounalakis
Pangkalahatang Abugado: Rob Bonta
Komisyonado ng Seguro: Ben Allen
Miyembro, Lupon ng Tagasingil ng Buwis Distrito 2: Sally J. Lieber
Kinatawan ng U.S. Distrito 11: Scott Wiener
Kinatawan ng U.S. Distrito 15: Kevin Mullin
Asembleya ng Estado Distrito 17: Matt Haney
Asembleya ng Estado Distrito 19: Catherine Stefani
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo: Richard Barrera

### Partidong Republikano

Gobernador: Steve Hilton
Tenyente Gobernador: Gloria Romero
Kalihim ng Estado: Donald P. (Don) Wagner
Kontroler: Herb W Morgan
Ingat-Yaman: Jennifer Hawks
Pangkalahatang Abugado: Michael E. Gates
Kinatawan ng U.S. Distrito 15: Charles Hoelter
Asembleya ng Estado Distrito 19: Philip Louis Wing
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo: Sonja Shaw

# Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

#### Tagatasa-Tagatala

Tinutukoy ng Tagatasa-Tagatala kung aling mga ari-arian sa loob ng Lungsod at County ng San Francisco ang napapailalim sa mga buwis sa ari-arian at tinatasa ang halaga ng mga ari-ariang iyon para sa mga layunin ng pagbubuwis. Ang termino ng katungkulan ay apat na taon, na may kasalukuyang taunang suweldo na $267,488.

#### Pampublikong Tagapagtanggol

Nagbibigay ang Pampublikong Tagapagtanggol ng legal na representasyon sa mga taga-San Francisco na sinasakdal dahil sa mga krimen at hindi kayang magbayad para sa isang abogado. Ang termino ng katungkulan ay apat na taon, na may kasalukuyang taunang suweldo na $307,892.

#### Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ang lehislatibong sangay ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Sila ang nagpapatupad ng mga lokal na batas at nagpapatibay ng taunang badyet ng Lungsod. Mayroon itong labing-isang miyembro, bawat isa ay inihalal para sa isang apat na taong termino. Ang kasalukuyang taunang sahod ay $180,102. Tanging ang mga botanteng naninirahan sa Distrito 2, 4, 6, 8, at 10 ang boboto para sa Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor sa eleksyon na ito.

#### Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Ang Lupon ng Edukasyon ay ang pitong-miyembrong lupon na tagapamahala ng San Francisco Unified School District (kindergarten hanggang sa ika-labindalawang baitang). Ang mga miyembro ay magsisilbi sa loob ng apat na taong termino na may kasalukuyang taunang stipend na $6,000. Ang mga botante ay boboto ng tatlong miyembro sa eleksyong ito.

#### Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay ang pitong-miyembrong namamahalang lupon ng San Francisco Community College District. Pinangangasiwaan nito ang City College at iba pang sentro para sa pag-aaral ng mga nasa hustong gulang. Ang bawat katiwala ay nanunungkulan nang apat na taon at tumatanggap ng kasalukuyang taunang stipend na $6,000. Boboto ang mga botante ng tatlong katiwala para sa apat na taong termino at isang katiwala na manunungkulan sa natitirang bahagi ng isang hindi pa natatapos na termino.

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## CONNIE CHAN

**Ang trabaho ko ay** Superbisor ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong nagtatrabahong ina na alam kung ano ang kailangan ng mga nagtatrabahong pamilya para gumaan ang kanilang pasanin.

Dapat nating labanan si Trump at harapin ang krisis ng kawalan ng kakayahang bumili na dulot ng kanyang mga patakaran, kasakiman ng mga korporasyon, at pagliit ng mga oportunidad.

Bilang Tagapangulo ng Badyet, ipinaglaban ko ang mga mahahalagang serbisyo habang nasa panahon ng pagbangon mula sa pandemya. Pinrotektahan ko ang mga residente mula sa mga pagbabawas ni Trump sa pangangalagang pangkalusugan at seguridad sa pagkain. Ganap kong pinondohan ang Free City College, legal na tulong para sa mga imigrante at mga serbisyo para sa HIV/AIDS. Nagpasa ako ng batas para magtayo ng pabahay para sa mga senior at manggagawa, protektahan ang mga umuupa at maliliit na negosyo mula sa mga pagpapaalis, at suportahan ang mga karapatan ng mga manggagawa.

Ako lang ang nag-iisang kandidato na hindi kailanman kumuha ng pera mula sa mga korporasyon, dahil nagtatrabaho lang ako para sa inyo.

Sa Kongreso, lalaban ako upang:

– Ibalik ang mga binawas ni Trump sa pangangalagang pangkalusugan at ipasa ang Medicare for All
– Gawing abot-kaya ang childcare at gawing aksesible sa buong bansa ang libreng City College
– Buwagin ang ICE at ipasa ang reporma sa imigrasyon
– Palawakin ang mga pederal na programa para magtayo ng pabahay para sa mga manggagawa
– Wakasan ang korapsiyon sa White House at ipatupad na magbayad ng nararapat ang mga bilyonaryo at malalaking korporasyon
– Isulong ang pagwawakas ng pakikisangkot ng U.S. sa mga giyera

Dumating ako sa Chinatown noong 13 taong gulang kasama ng aking pamilya. Nakabuo kami ng magandang buhay salamat sa mga pinahahalagahan ng San Francisco, isang apartment na may kontrol sa upa at magandang pampublikong edukasyon. Ang San Francisco ay naging isang lungsod kung saan ang lahat ay maaaring umunlad, at iyon ang ipinaglalaban ko.

Ipinagmamalaking ineendorso nina:

Speaker Emerita Nancy Pelosi
Senador ng U.S. Adam Schiff
Kinatawan ng U.S. Julia Brownley, Judy Chu, Pramila Jayapal, Grace Meng, Marilyn Strickland, Jill Tokuda, Jared Huffman, Ro Khanna
Dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Norman Yee
Mga Dating Mayor Willie Brown at Art Agnos
Cleve Jones
California Federation of Labor Unions
San Francisco Labor Council
San Francisco Building and Construction Trades Council
National Nurses United
San Francisco Fire Fighters Local 798
United Educators of San Francisco
Working Families Party
Rose Pak Asian American Club
Harvey Milk LGBTQ+ Democratic Club
San Francisco Women's Political Committee

Basahin ang aking Working People's Plan sa conniechansf.com

*Connie Chan*

## SCOTT WIENER

**Ang trabaho ko ay** Senador ng Estado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Kailangan ng San Francisco ng isang palaban sa Kongreso na nagsusumikap para sa mga taga-San Francisco — pinatutunayan ng aking rekord na gagawin ko ito.

Sa Kongreso, magpapasa ako ng pambansang batas para gawing abot-kaya ang pabahay para sa mga manggagawa, dahil isinulat ko ang mga batas na nagtayo ng libo-libong tahanan sa California — kabilang ang mahigit 5,000 abot-kayang tahanan sa San Francisco.

Ipaglalaban ko na matiyak ang national paid family leave, dahil ako ang nag-akda ng kauna-unahang batas sa bansa para sa fully paid parental leave sa San Francisco.

Ipaglalaban ko na maipasa ng industriya ng seguro ang Medicare for All, dahil nilimitahan ko ang presyo ng insulin sa $35 bawat buwan at pinilit ang mga kompanya ng seguro na sagutin ang pangangalagang pangkalusugan sa isip.

Palalawakin ko ang pederal na pondo para sa pampublikong sasakyan at aalisin ang red tape upang mas mabilis na maipatupad ang mga proyekto sa transportasyon, tulad ng ginawa ko sa pagtiyak ng bilyun-bilyong pondo para mapanatiling tumatakbo ang Muni, BART, at Caltrain.

Patuloy kong ipaglalaban ang pagbangon ng San Francisco: Bumuo ako ng mga entertainment zone para buhaying muli ang ating nightlife at maliliit na negosyo, at nakikipagtulungan ako kay Mayor Lurie para muling buhayin ang ekonomiya ng downtown at panatilihing ang San Francisco ang pinakamahusay na lungsod sa buong mundo.

Haharapin ko si Donald Trump sa pamamagitan ng katapangan na hinihingi ng panahong ito. Nagpasa ako ng kauna-unahang batas sa bansa para alisin ang takip sa mukha ng mga ICE agent, at ipinaglalaban ko na managot sila kapag nilabag nila ang inyong mga karapatan. Sa Kongreso, ipagbabawal ko ang stock trading ng mga kongresista at aalisin ang dark money sa mga eleksyon.

Nagsisimula iyan sa sarili kong kampanya: Tinatanggihan ko ang lahat ng pera mula sa mga corporate PAC.

Hindi ako kailanman umurong sa laban — at hinding-hindi ko gagawin iyon.

Isang karangalan para sa akin na makuha ang inyong boto. Sumali sa lider ng mga karapatang sibil na sina Dolores Huerta, Sierra Club, Pangkalahatang Abogado Rob Bonta, California Democratic Party, National Union of Healthcare Workers, North Coast States Carpenters Union, at marami pang iba.

ScottWiener.com

*Scott Wiener*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15

## KEVIN MULLIN

**Ang trabaho ko ay** Kinatawan ng U.S.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang pagiging kinatawan ng ika-15 distritong Kongresyonal ng California sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. ay ang pinakamalaking karangalan ng aking buhay. Tumatakbo akong muli para sa eleksyon at humihingi ng inyong boto batay sa aking rekord ng paghahatid ng mga resulta para sa aking mga nasasakupan, kabilang ang pederal na pondo para sa mga proyekto ng distrito sa panahon ng matinding pagsubok.

Nilabanan ko at bumoto ako ng HINDI sa mga matitinding panukalang batas sa badyet ng mga Republikano na nag-alis ng pondo sa mga napakahalagang safety net program, habang binabawasan naman ang buwis para sa mga korporasyon at bilyonaryo at pinalalaki ang pambansang utang. Matindi kong tinutulan ang hindi makataong pagpapatupad ng batas sa imigrasyon ng administrasyong Trump. Kailangang mabawi ng mga Demokratiko ang kontrol sa Kongreso upang pigilan ang isang Pangulong bumabalewala sa Konstitusyon ng U.S. at pananaig ng batas at nagpapadala ng mga sundalo sa kapahamakan nang walang pag-apruba ng Kongreso.

Ipinagmamalaki kong maging kapwa tagapangulo ng Task Force Laban sa Korapsyon at Reporma sa Demokrasiya ng Kamara, at maging co-sponsor ng isa sa pinakakomprehensibong panukalang batas para sa karapatan sa pagboto sa kasaysayan. Poprotektahan natin ang malaya at patas na eleksyon laban sa mga pag-atake ni Trump sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, na pinangunahan ng California at itinaguyod ko.

Napili ako ng aking mga kasamahan na maglingkod sa maimpluwensyang Energy & Commerce Committee, kung saan isinusulong ko ang mga proteksyon para sa mga consumer at manggagawa habang pinalalago ang ating ekonomiya ng inobasyon, na direktang nakaaapekto sa mga sektor ng life sciences at malinis na enerhiya ng CA-15.

Sa pamamagitan ng inyong suporta, ipagpapatuloy kong ipagtanggol at repormahin ang ating demokrasya, titiyakin na handa ang ating mga komunidad sa pagbabagong-klima, at isusulong ang isang abot-kayang ekonomiya na para sa lahat, kasabay ng isang pederal na badyet na responsable sa pananalapi. Higit kailanman, kailangan natin ng mga may karanasang lider sa Kongreso na kayang labanan ang awtoritaryanismo upang mamana ng mga susunod na henerasyon ng mga Amerikano ang isang demokratikong republika.

www.kevinmullinforcongress.com

*Kevin Mullin*

# Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

## MATT HANEY

**Ang trabaho ko ay** Miyembro ng Asembleya ng Estado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa nakalipas na apat na taon bilang inyong Miyembro ng Asembleya ng Estado, nagsikap ako araw-araw upang makapagbigay ng mga resulta sa San Francisco sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pabahay, pagprotekta sa pampublikong kaligtasan, pagpapalawak ng pangangalagang pangkalusugan, at pangunguna sa pagbangon ng sentro ng ating lungsod. Tumatakbo akong muli para sa muling pagkahalal dahil marami pang dapat gawin.

Pamumuno

- Tagapangulo, Komite ng Asembleya sa Pabahay.
- Tagapangulo, Piling Komite ng Asembleya sa Pagbangon ng Sentro ng Lungsod
- Tagapangulo, Piling Komite ng Asembleya sa Fentanyl, Adiksyon sa Opioid, at Pag-iwas sa Labis na Dosis
- Tagapagtatag at Tagapangulo, kauna-unahang Legislative Renter's Caucus (Lehislatibong Caucus ng Mga Nangungupahan) ng California.

Mga Resulta

- Pinalawak na paggamot sa adiskyon, mga mobile na parmasya, pag-iwas sa labis na dosis, at pabahay para sa pagbangon.
- Bawasan ang red tape upang makapagtayo ng mas maraming pabahay at gawing mga tahanan ang mga bakanteng opisina.
- Pinahusay na akses sa pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa ngipin, at mga pansuportang serbisyo sa tahanan.
- Nakakuha ng pondo para sa pangangalaga sa kalusugang reproduktibo, mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, at sining sa pagtatanghal.
- Pinatibay ang mga batas sa kaligtasan sa baril ng California.
- Nilimitahan ang mga security deposit sa katumbas ng isang buwang upa at nanindigan laban sa mga landlord ng Wall Street.
- Ipinanukala ang kauna-unahang buwis sa bansa sa mga pribadong korporasyon ng detensyon ng imigrasyon.
- Pinrotektahan ang mga mamimili laban sa pananamantala sa presyo at ginawang mas abot-kaya ang mga live na pagtatanghal.

Araw-araw akong lumalaban upang mabawasan ang kawalan ng tirahan, makapagtayo ng mga pabahay, mapababa ang gastos sa pamumuhay, palakasin ang ating mga pampublikong paaralan at transportasyon, protektahan ang ating kapaligiran, at ipagtanggol ang akses sa serbisyong pangkalusugan para sa lahat. Mayroon akong 100% na rekord ng pagboto mula sa Planned Parenthood, Equality California, at California Environmental Voters.

Ineendorso ng

- California Professional Firefighters
- Asosasyon ng mga Guro ng California
- California Environmental Voters
- Equality California
- Asosasyon ng mga Nurse ng California
- Planned Parenthood Northern California Action Fund
- SEIU California
- San Francisco Women's Political Committee

Alamin pa sa MattHaney.com.

*Matt Haney*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

## CATHERINE STEFANI

**Ang trabaho ko ay** Miyembro ng Asembleya.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo akong muli para sa eleksyon upang maipagpatuloy ang laban para sa mas ligtas at mas abot-kayang California.

Noong nanumpa ako sa Asembleya, nangako akong maghahatid ng mga tunay na resulta. Sa unang termino ko, iyon mismo ang aking ginawa.

Sa aking unang taon, pito sa aking mga panukalang batas ang nilagdaan upang maisabatas, kung saan ang bawat isa ay naglalayong pabutihin ang kaligtasan ng publiko, palawakin ang akses sa pangangalagang pangkalusugan, at gawing mas abot kaya ang California.

Isinulat ko ang Wyland's Law upang matugunan ang isang mapanganib na kakulangan sa ating sistema sa pag-iwas sa karahasang dulot ng baril. Ipinasa ko ang batas upang maiwasan na mawalan ng segurong pangkalusugan ang mga pamilya sa panahon ng diborsyo, ipinagbawal ko ang mga ilegal na harang sa plaka na nagpapahina sa pagpapatupad ng batas, at tiniyak ko na ang mga biktima ng krimen ang unang makatanggap ng mga bayad-pinsala. Nagsulong ako ng mga solusyon upang matugunan ang kakulangan sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng ina, sinuportahan ko ang mga nonprofit na ospital, at naglatag ako ng matibay na pundasyon para sa hinaharap ng enerhiyang hangin sa karagatan ng California. Nakakuha rin ako ng $69 milyon sa badyet ng estado ngayong taon upang suportahan ang ating mga kapitbahayan.

Tumugon ang tanggapan ko sa libo-libong kahilingan ng mga nasasakupan at tumulong ako na makakuha ng mga benepisyo na nagkakahalaga ng mahigit $1.2 milyon para sa mga lokal na pamilya at nakatatanda.

Sa Sacramento, ipagpapatuloy ko ang pakikipaglaban para sa mga mapagkukunang kailangan natin upang matugunan ang krisis sa droga at panagutin ang mga nagbebenta ng fentanyl. Magtatrabaho ako upang mapalaki ang akses sa abot-kayang pabahay, upang mapanatili ang mga nagtatrabahong pamilya sa kanilang mga komunidad, at upang makuha ang mga mapagkukunan na kailangan ng ating mga lungsod para maiwasan ang kawalan ng tirahan bago pa ito mangyari. At hinding-hindi ako aatras sa pagprotekta sa ating mga karapatang reproduktibo at sa pakikipaglaban para sa akses sa medikal na pangangalaga para sa lahat.

Bilang inyong Miyembo ng Asembleya, mas handa ako ngayon kaysa kailanman na magpatuloy sa paghahatid ng mga resulta.

Alamin pa sa VoteCatherineStefani.com

*Catherine Stefani*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

## AUTUMN BROWN GARIBAY

**Ang trabaho ko ay** Bise Presidente ng PTA.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako upang makatulong na buuin ang SFUSD na nararapat para sa San Francisco: maaasahan, hindi pabagu-bago, at mahusay para sa bawat mag-aaral, pamilya, at tagapagturo na umaasa rito.

Tatlo sa aking mga anak ang nag-aaral sa mga paaralan ng SFUSD. Sa loob ng ilang taon, pinangunahan ko ang aming PTA, isinulong ko ang mga pamilya sa buong San Francisco, at nakibahagi ako sa mga meeting ng Lupon ng SFUSD. Nakita ko kung ano ang ibinibigay ng ating mga guro sa ating mga anak, at kung gaano kadalas nagkukulang ang distrito.

Ang bawat bata sa SFUSD ay nakakapagbasa na dapat pagsapit ng ikatlong baitang, at nakakagawa ng matematika na naaayon sa antas ng kanilang baitang pagsapit ng ikawalong baitang. Iyon ang pinakamababang pamantayan na dapat magawa ng bawat bata, sa bawat paaralan sa komunidad.

Upang tumaas ang bilang ng mga nag-e-enroll, kailangan muna ng mga paaralang mapagkakatiwalaan ng mga pamilya: mahuhusay na punong-guro, matatag na pangkat ng mga tagapagturo, at mga silid-aralan kung saan ligtas, nasusuportahan, at nahahamon ang bawat bata.

Ang krisis sa badyet ng ating distrito ay nangangailangan ng mahihirap na pampublikong katanungan: Ano ang binabayaran natin, at sino ang natutulungan nito? Nagsisilbi dapat ang bawat dolyar sa mga mag-aaral, at ang nararapat sa mga pamilya ay Lupon na nagpapakita sa mga pinaghirapan nito.

Kailangan ng SFUSD ng mga miyembro ng Lupon na humihingi ng mga kasagutan, binibigyang-priyoridad ang pag-unlad ng mga mag-aaral, at buong tapang na nagsusulong sa mga tagapagturo, kawani, at magulang na sumusuporta sa ating mga paaralan. Wala nang iba pang nararapat sa mga pamilya sa San Francisco. Ikararangal ko na makuha ang inyong boto.

Ineendorso ng/nina:
Rafael Mandelman*, Presidente, Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco
SF Parent Action

*Para lamang sa mga layunin sa pagtukoy ng pagkakakilanlan.

autumnforschoolboard.com

*Autumn Brown Garibay*

## VIRGINIA CHEUNG

**Ang trabaho ko ay** Ehekutibo ng Nonprofit / Ina.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa unang araw ko sa kindergarten, tumayo ako sa bus stop nang umiiyak. Hindi ako nagsasalita ng Ingles.

May nakapansing guro, hinawakan niya ang aking kamay, at sinamahan niya ako papasok sa paaralan. Dahil nakita niya ako, ako ang kauna-unahang nakapagtapos ng kolehiyo sa aking pamilya.

Hindi nakuha ng aking kapatid na lalaki ang pagkakataong iyon at tumigil siya sa pag-aaral sa mataas na paaralan. Sa loob ng ilang taon, akala ko masuwerte ako. Bilang magulang, alam kong hindi dapat nakasalalay sa suwerte ang kinabukasan ng isang bata.

Ako ay anak ng mga refugee, isang tagapagsulong ng maagang edukasyon, ehekutibo ng nonprofit, at single na ina ng isang mag-aaral sa SFUSD. Sa loob ng mahigit 20 taon, ipinaglaban ko ang mga bata at pamilya.

Palalakasin ko ang maagang interbensiyon upang mapabuti ang literasiya, matematika, pagpasok sa paaralan, at pakikibahagi ng mga mag-aaral, panunumbalik ng pananagutan sa pananalapi, makuha ulit ang tiwala ng mga tao, at maging pangunahing opsiyon ang SFUSD para sa bawat pamilya sa bawat komunidad.

Tinulungan ako ng isang guro na mahanap ang aking boses. Ngayon, ipinaglalaban ko na mahanap ng bawat bata ang sa kanila.

Nararapat na maging ligtas, makita, mapahalagahan, at mapakinggan ang bawat bata. Ang bawat bata ay dapat magkaroon ng boses.

Inirerekomenda ng Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco; Miyembro ng Asembleya Matt Haney; Mga Superbisor Connie Chan, Chyanne Chen, Jackie Fielder, at Shamann Walton; Mga Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon Matthew Alexander at Alida Fisher; dating Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon Mark Sanchez; dating Presidente ng Lupon at Superbisor Aaron Peskin; at dating mga Superbisor John Avalos, Jane Kim, Eric Mar, at Gordon Mar.

virginiacheung.com

*Virginia Cheung*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

## ALIDA FISHER

**Ang trabaho ko ay** Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang magulang sa SFUSD, dating tagapag-alagang magulang, tagapagsulong ng espesyal na edukasyon, at kasalukuyang Komisyoner ng Lupon ng mga Paaralan, tumatakbo ako para sa muling paghalal upang maipagpatuloy ang pagbuo ng mahuhusay at patas na pampublikong paaralan para sa bawat mag-aaral sa San Francisco.

Bago sumali sa Lupon, naging tagapagsulong ako ng mga mag-aaral at pamilya sa pamamagitan ng mga komite ng distrito at nagtatrabahong grupo, bumuo ako ng mga koalisyon kasama ang mga tagapagturo, lider ng distrito, at inihalal na opisyal upang mapahusay pa ang ating mga paaralan.

Bilang komisyoner, pinagtuunan ko ang akademikong kahusayan, responsibilidad sa pananalapi, at muling pagtatag ng tiwala ng publiko sa pamamagitan ng pakikipagtulungan. Sa aking termino, nagawa nating:

- Balansehin ang badyet ng SFUSD, na naglagay sa distrito sa landas tungo sa pangmatagalang katatagan sa pananalapi
- Pagtibayin ang mga bagong kurikulum sa mga pangunahing larangang pang-akademiko
- Gawing moderno ang mga luma nang sistema ng pananalapi at HR
- Isabatas ang isang $790 milyong bond upang magawang moderno ang mga paaralan at makabuo ng isang sentral na kusina
- Nakamit ang mga kasunduang pangmaramihang taon kasama ang lahat ng katuwang sa paggawa, kabilang ang makasaysayang mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng mga dependent para sa mga edukador
- Palawakin ang Transisyonal na Kindergarten sa buong distrito

Itinuro sa akin ng karanasan ko bilang tagapagsulong ng espesyal na edukasyon na sa mga mag-aaral at pamilya dapat nakasentro ang bawat pasya, nang nakatuon sa maagang pamamagitan, pagsasama, at makabuluhang suporta.

Tumatakbo ako para sa muling paghalal upang ipagpatuloy ang pag-usad na ito, mas makuha ang tiwala ng publiko, at matiyak na ang bawat mag-aaral ay may access sa mahusay na pagtuturo at pagkakataong umunlad.

Samahan ako: www.alidafisher.com

*Alida Fisher*

## RYAN HAZELTON

**Ang trabaho ko ay** Direktor ng Nonprofit para sa mga Bata.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Inilaan ko ang aking karera sa pag-aangat sa mga bata at pamilya na nagpapalago sa ating lungsod. Naglilingkod ako bilang Ehekutibong Direktor sa Mariposa Kids, na isang lokal na nonprofit na nagbibigay ng mga programa pagkatapos ng klase sa mga bata sa SFUSD sa Mission at Bernal Heights. Kasama sa aking sibikong pamumuno ang pagkakatalaga ng mayor sa komite sa pagsubaybay ng Department of Children, Youth and Their Families (Departamento ng Mga Bata, Kabataan, at Kanilang Mga Pamilya) at pagkakatalaga ng SFUSD sa SF Childcare Planning and Advisory Council (Konseho sa Pagpaplano at Pagpapayo sa Pagpapaalaga ng Bata ng San Francisco), kung saan ako ang Tagapangulo.

Lumaki ako sa isang middle class union na pamilya at sa mga pampublikong paaralan ako nag-aral sa kabuuan ng aking edukasyon. Sa loob ng 19 na taon, San Francisco ang aking naging tahanan. Sa paglaki ko bilang gay, alam ko kung gaano kahalaga na tiyaking lumalaki ang ating mga anak nang nararamdamang ligtas at nasusuportahan sila.

Simple lang ang aking plano para sa ating mga pampublikong paaralan:

- Para sa Mga Pamilya: Mas padaliin ang pagsali sa SFUSD sa pamamagitan ng pagbago sa sistema ng lottery at pagpapalawak sa komprehensibong mga serbisyo.
- Para sa Mga Tagapagturo: Bayaran sila nang patas at nasa oras at tiyaking may sapat na kagamitan sa mga silid-aralan.
- Para sa Mga Mag-aaral: Tugunan ang paulit-ulit na pagliban sa klase - hindi matututo ang mga bata kung wala sila sa paaralan.
- Ayusin ang ating lokal na badyet sa SFUSD at kumuha ng karagdagang pondo mula sa estado.
- Gumawa ng mga ligtas na paaralang bukas sa lahat, pati sa mga mag-aaral na LGBTQ+, imigrante, at may kapansanan.
- Ineendorso ng/nina

Nagkakaisang Edukador ng San Francisco (United Educators of San Francisco) (UESF)
Matt Alexander
Virginia Cheung
Natalie Gee
Gordon Mar
Gary McCoy
Aaron Peskin
Hillary Ronen
Mark Sanchez
Reina Tello

RyanForSFSchools.com

*Ryan Hazelton*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

## PHIL KIM

**Ang trabaho ko ay** Presidente ng Lupon ng mga Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
MULING IHALAL SI PHIL, ANG ATING PRESIDENTE NG LUPON NG MGA PAARALAN!

Bilang dating guro ng agham sa ika-7 baitang, alam ko ang pakiramdam ng tumayo sa harap ng mga mag-aaral na may iba't ibang pangangailangan at kalakasan, at maging responsable sa pagtulong sa bawat isa na magtagumpay. Ang isang distrito ng paaralan ay kasingtatag lang ng bawat silid-aralan nito.

Nagsisikap nang husto ang ating mga tagapagturo at estudyante. Ang nararapat sa kanila ay pamunuang nakakaunawa sa mga kinakaharap nilang hamon, nagbibigay ng malinaw na direksyon, at lumalaban upang makuha ang mga resource na nararapat sa kanila. Alam ko mula sa karanasan na kapag nararamdaman ng mga guro at mag-aaral na sinusuportahan sila, nagtatagumpay ang mga mag-aaral.

Sa buong karera ko, mula sa silid-aralan hanggang sa antas ng distrito, at ngayon bilang Presidente ng Lupon ng mga Paaralan, nanatili ang aking pinagtutuunan: hikayatin ang mga mag-aaral na makibahagi, suportahan ang mga guro, at tiyaking nakakarating ang mga resource sa mga batang nangangailangan nito.

Tumakbo ako para sa Lupon ng mga Paaralan dahil nakita ko na ang gumagawa ng mga pasya na nakakaapekto sa ating mga silid-aralan ay ang mga taong hindi pa kailanman nakapagturo. Kailangan natin ng mga tagapagturo sa Lupon ng mga Paaralan na nakakaunawa sa pagtuturo, kurikulum, at sa mga kinakailangan upang matulungan ang mga mag-aaral na umunlad.

Nararapat sa ating mga magulang na magkaroon ng matatag na mga paaralan. Nararapat sa ating mga guro ang mahuhusay na katuwang. Nararapat sa ating mga mag-aaral ang pinakamahusay na distrito ng paaralan sa bansa. Isakatuparan natin ito.

Ineendorso ng/nina:
Mayor Daniel Lurie
Senador Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani
Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman
Dating Superbisor Jane Kim

www.philkim.org

*Phil Kim*

## LAURANCE LEE

**Ang trabaho ko ay** Pangkalahatang Kontratista.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ipinagmamalaki ko na produkto ako ng mga pampublikong paaralan sa San Francisco–ang Argonne, Presidio, at Lowell. Dumating ang aking ama sa bansang ito bilang imigranteng walang dokumento, at nakitaan ako ng mga mababait na guro ng potensyal, tinulungan nila akong lampasan ang mga paunang balakid, at nagbukas ng mga pintuan na nagpabago sa aking buhay.

Ang karanasang iyon ang dahilan kung bakit ako tumatanaw ng utang ng loob. Ako ay tumulong na ibalik ang Algebra 1 sa ika-walong baitang, naglilingkod bilang Pangalawang Tagapangulo ng Citizens’ Bond Oversight Committee (Komite sa Pagsubaybay ng Bond ng Mga Mamamayan) na nagsusuri sa paggasta sa konstruksyon ng paaralan, at linggu-linggong nagboboluntaryo sa mga kindergartner sa Bayview upang tulungan silang magbasa. Dumarating ako at ginagawa ko ang dapat gawin.

Gusto ng mga pamilya sa buong San Francisco ng magagandang paaralan sa komunidad na puwedeng lakarin ng kanilang mga anak, na may tunay na pagkatuto at suportang kailangan ng mga guro. Nararapat din sa kanila ang isang Lupon ng mga Paaralan na nakikinig, nagpapaliwanag sa mga pasya nito, at mapagkakatiwalaan sa mga pampublikong resource. Bilang may-ari ng maliit na negosyo at matagal nang San Franciscan, alam ko na ang pangmatagalang pag-unlad ay nagmumula sa pakikipagtulungan sa mga tao, at hindi sa pag-iwas sa kanila.

Ineendorso ng mga inihalal na opisyal, tagapagturo, magulang, at lider ng komunidad sa buong San Francisco.

Tumatakbo ako para sa Lupon ng Edukasyon upang magkaroon ang bawat bata ng mga oportunidad na ibinigay sa akin ng SFUSD. Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

lauranceleesf.com

*Laurance Lee*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

## REINA TELLO

**Ang trabaho ko ay** Organisador ng Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ipinanganak at lumaki sa San Francisco, isang mapagmalaking magulang ng mga mag aaral sa SFUSD. Nakapagtapos ako sa SFUSD, ako lang ang tao na tumatakbo na may pananaw bilang mag-aaral ng SFUSD.

Ako ay matagal nang tagapag-organisa ng komunidad, at nagbibigay-daan sa akin ang mga matagal nang koneksyon sa mga pampublikong paaralan na mas maunawaan ang mga oportunidad at hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral, pamilya, at tagapagturo.

Mayroon akong track record ng paggamit ng aking mga tungkulin sa pamumuno bilang tagapag-organisa ng komunidad upang maitaguyod ang ating mga prinsipyo sa San Francisco.

Mayroon akong suporta mula sa maraming lider sa maraming larangan dahil hindi ko gagamitin ang lupon bilang panimulang hakbang para sa katungkulang sa pulitika, kasama ang suporta mula sa:

Nagkakaisang Edukador ng San Francisco (United Educators of San Francisco) (UESF)
San Francisco Rising Action Fund
Matt Alexander, Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon
Connie Chan, Superbisor Distrito 1
Jackie Fielder, Superbisor Distrito 9
Shamann Walton, Superbisor Distrito 10
Chyanne Chen, Superbisor Distrito 11
Tracy Gallardo-Brown, Tagapagtatag na Miyembro ng SF Latino Task Force
Aaron Peskin, Dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor D3
Gordon Mar, Dating Superbisor D4
Sandy Fewer, Dating Superbisor D1 & Dating Komisyoner ng Lupon ng Edukasyon
Art Agnos, Dating Mayor ng San Francisco
Reverend Amos Brown

www.reinaforschoolboard.org

*Reina Tello*

## TIM TUNG

**Ang trabaho ko ay** Tagasuri ng Pananaliksik.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ako ay isang lider na magulang sa SFUSD, propesyonal sa pampublikong pananalapi, at nakapagtapos sa mga pampublikong paaralan mula kindergarten hanggang graduate school.

Ang aking mga anak na babae ay nag-aaral sa Chinese Immersion School sa De Avila, kung saan pinamumunuan ko ang Konseho ng Lugar ng Paaralan at kinakatawan ko ang ating cohort sa Komite sa Pagpapayo ng LCAP ng SFUSD. Pinamumunuan ko ang Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite sa Pagsubaybay ng General Obligation Bond ng Mga Mamamayan) ng San Francisco, na nangangasiwa sa paggastang naaprubahan ng botante.

Nagsikap ako sa loob ng 20 taon sa pagsusuri at pag-aayos ng mga pampublikong badyet, simula sa Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng San Jose, na nagdirekta sa isang malaking lungsod sa krisis sa pananalapi noong 2008. 12 taon ako sa S&P Global Ratings na nagsusuri ng daan-daang lokal na pamahalaan at mga distrito ng paaralan, na nagpapanagot sa mga ehekutibo kapag hindi nila nagagawa ang dapat.

Kamakailan lang muling nakakuha ang SFUSD ng positibong sertipikasyon sa pananalapi pagkatapos ng ilang taon na pagsubaybay ng estado. Ang ating lottery sa pag-enroll ay mahirap hulaan at nagtataboy sa mga pamilya. Nananatiling hindi katanggap-tanggap na mababa ang kahusayan sa pagbabasa at matematika.

Poprotektahan ko ang isang balanseng badyet, gagamitin ko ang sistema para sa takdang-aralin ng mag-aaral, at titiyakin kong malinaw ang datos.

Napakaraming pamilya ang naniniwala na hindi makakakuha ang kanilang mga anak ng de-kalidad na edukasyon mula sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco. Bigyan natin sila ng dahilan upang piliin ang mga pampublikong paaralan ng San Francisco sa pamamagitan ng pagtiyak na magpapakita ng mga kongkretong resulta ang mga investment sa ating mga mag-aaral, guro, at paaralan.

www.timtung.com

*Tim Tung*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
## (4 na taong termino na magtatapos sa Enero 8, 2031)

## ELIJAH BALL

**Ang trabaho ko ay** Tagaplano sa Kampus ng Kolehiyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang tagaplano ng kampus na nakikipagtulungan sa mga kolehiyo sa buong bansa, alam ko na sa pamamagitan ng isang pananaw at plano, magagawa natin ang City College (Kolehiyo ng Lungsod) na isa sa pinakamahuhusay na kolehiyo ng komunidad sa bansa.

Lumipat ako sa San Francisco sa edad na 18 upang pumasok sa SFSU at ako ang kauna-unahan sa pamilya namin na nakapagtapos ng kolehiyo. Natutunan ko na ang edukasyon ang isa sa mga pinakamakapangyarihang instrumento sa pagbabago ng buhay ng mga tao. Kaya pagkatapos mag-aral sa Cornell, inilaan ko ang aking karera sa pagtulong sa mga kolehiyo na umunlad.

Nakipagtulungan ako sa pitong kolehiyo sa buong bansa at tatlong distrito ng kolehiyo ng komunidad sa California upang gumawa ng mga pangmatagalang plano upang patatagin, gawing moderno, at protektahan ang mga institusyong ito.

Bilang tagaplano, tinulungan ko ang pamunuan at faculty na harapin ang ilan sa pinakamahihirap na hamon na kinakaharap ng mga kolehiyo: pagpapataas sa bilang ng mga nag-e-enroll, pagpapatayo ng mga pasilidad na mainam para sa mga mag-aaral at guro, at pagkakaroon ng katatagan sa pananalapi.

Nahaharap sa maraming magkakaparehong problema ang mga kolehiyo ng komunidad sa buong bansa, pero alam ko mula sa karanasan na masosolusyunan ang mga ito.

Sa pamamagitan ng isang malinaw na pananaw at plano, malalampasan rin natin ang mga kinakaharap natin!

MGA PAG-ENDORSO:

Senador ng Estado Scott Wiener
Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Matt Dorsey, Bilal Mahmood, Danny Sauter, Stephen Sherrill, at Alan Wong
Bise Presidente ng Lupon ng mga Paaralan ng SF Jaime Huling
Mga Katiwala ng CCSF: Ruth Ferguson, Heather McCarty, at Luis Zamora

www.elijahforcitycollege.com

*Elijah Ball*

## ROME MOSES JONES

**Ang trabaho ko ay** Ehekutibo ng Nonprofit.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Naghahangad ako ng katungkulan sa City College of San Francisco Board of Trustees (Lupon ng Mga Katiwala ng Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco) dahil binigyan ako ng CCSF ng pagkakataong patatagin ang aking mga pundasyon bilang matagal nang mag-aaral ng SFUSD. Bilang alumni ng parehong City College ng San Francisco (AA sa Real Estate) at San Francisco State University (BA sa Urban Planning & Studies) alam ko kung gaano kahalaga sa mga mag-aaral sa ating lungsod ang mahusay na aksesible na pampublikong edukasyon.

Ang aking propesyonal na trabaho ay nag-ugat sa serbisyo sa nonprofit, kung saan sinuportahan ko ang mga mag-aaral bilang success coach, mentor, at ambassador ng kolehiyo. Ipinakita sa akin ng mga tungkuling ito ang mga tunay na hamong kinakaharap ng mga estudyante at ang mga sistemang dapat magbago upang matulungan silang umunlad.

Nakatuon ako sa pagpapatatag sa CCSF, pagdaragdag ng oportunidad, at pagtiyak na ang bawat mag-aaral ay may suportang kailangan upang maabot ang kanilang mga layunin.

*Rome Moses Jones*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
## (4 na taong termino na magtatapos sa Enero 8, 2031)

## MONROE LACE

**Ang trabaho ko ay** Guro sa Pampublikong Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Umuunlad ang San Francisco dahil naghahatid tayo ng mga resulta. Dapat ay gawin rin iyon ng City College (Kolehiyo ng Lungsod).

Ako ay nakapagtapos sa kolehiyo ng komunidad at trade school, at ngayon ay nagtuturo ako sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco.

Ako, higit sa lahat at magpakailanman, ay isang guro. Nauunawaan ko kung ano ang kailangan ng mga mag-aaral upang magtagumpay. Direkta akong nakikipagtulungan sa mga mag-aaral na pinaglilingkuran ng Kolehiyo ng Lungsod at sa mga programang ibinibigay ng Kolehiyo ng Lungsod. Personal kong nasaksihan kung paano puwedeng magbago ang buhay ng mag-aaral sa matatag na pagtutulungan sa pagitan ng Kolehiyo ng Lungsod at mga paaralang K–12.

Nahaharap ang Kolehiyo ng Lungsod sa matitinding pagsubok sa pananalapi, pag enroll, at mga hamon sa pamamahala. Ang pagtugon sa mga pagsubok na ito ay mangangailangan ng praktikal na plano. Dapat tayong bumalik sa mga pangunahing kailangan: balansehin ang badyet, pataasin ang bilang ng mga nag-e-enroll, at unahin ang tagumpay ng mag aaral.

Ang bawat pasyang gagawin ko ay magsisimula sa isang tanong: Ano ang pinakamakakatulong sa mga mag-aaral? Gusto kong malaman ng aking mga mag-aaral na kapag handa na silang gawin ang kanilang susunod na hakbang, patungo man sa isang degree, kalakalan, o simpleng pagmamahal sa pagkatuto, maging matatag at mapaglilingkuran sila ng Kolehiyo ng Lungsod.

monroelace.org

Mga Pag-endorso:
Lupon ng mga Superbisor: Rafael Mandelman, Alan Wong
Lupon ng mga Kolehiyo: Heather McCarty, Ruth Ferguson, Luis Zamora
Lupon ng mga Paaralan: Jaime Huling
Dating Superintendente ng SFUSD Vincent Matthews

*Monroe Lace*

## LEAH LACROIX

**Ang trabaho ko ay** Tagasuri ng Administrasyon

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang City College (Kolehiyo ng Lungsod) ay matagal nang bahagi ng aking buhay. Ang aking karera sa mas mataas na edukasyon ay nagsimula sa CCSF bilang dual-enrolled na mag-aaral sa mataas na paaralan. Nag-aral ako ng K-12 sa kahabaan ng Ocean Avenue at tumira ako sa Ingleside sa loob ng 20+ taon.

Ang CCSF ay isang mahalagang institusyon at makina ng ekonomiya para sa San Francisco, at nararapat itong protektahan. Ang mga katiwala ang mga tagapag alaga ng kolehiyo, na tumitiyak na ang misyon at ang ating mga mag-aaral ang nananatiling sentro ng lahat ng ating pasya. Ang mga katiwala ay dapat responsable at nagsusulong ng malinaw na pamamahala. Sa aking ilang dekadang serbisyo publiko at pagsusulong ng patakaran sa San Francisco, kasama ang pagsusulong ng seguridad sa pagkain, mga pangangailangan ng komunidad, at mag-aaral, naihanda ako na magsilbing matapang na tagapag-alaga na kailangan ng CCSF.

Kasama sa aking mga layunin sa pangangasiwa ng CCSF ang:

- Magdala ng katatagan at pangmatagalang pananaw sa Lupon
- Ayusin ang pagpapatakbo -- ihanda ang CCSF para sa susunod nitong kabanata
- Kunin ulit ang tiwala sa kolehiyo sa pamamagitan ng pagtiyak na iniaalok ang mga kursong kailangan ng mga mag-aaral
- Pagbutihin ang bukas at malinaw na pamamahala sa pamamagitan ng pakikilahok ng publiko at pangangasiwa
- Pataasin ang bilang ng mga nag-e-enroll sa isang estratehiko at napapanatiling paraan

Nalampasan ng CCSF ang isang krisis, ngayon, kailangan nating bumangon at umalis sa walang katapusang kalagayan ng krisis.

Mga Pag-endorso:

Susan Solomon, Katiwala ng CCSF

Vick Chung, Katiwala ng CCSF

Connie Chan, Superbisor Distrito 1

Alida Fisher, Miyembro ng Lupon ng SFUSD

Aaron Peskin, Dating Superbisor Distrito 3

*Leah LaCroix*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
## (4 na taong termino na magtatapos sa Enero 8, 2031)

## JEREMY LEE

**Ang trabaho ko ay** Tagapamahala ng mga Ari-arian.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang City College (Kolehiyo ng Lungsod) ang makina ng ekonomiya ng San Francisco. Sa Kolehiyo ng Lungsod lahat nagsimula ang mga nurse, bumbero, guro, at tagapag-alaga ng bata. Dito nagsimula ang aking pamilya na magkaroon ng mas magandang buhay.

Ipinagmamalaki ko na maging isang 3rd generation na San Franciscan. Ilang dekada akong nagtrabaho sa Chinatown, at nagsulong sa mga pangangailangan ng mga imigrante, nakatatanda, at apektadong pamilya. Noong 2017, nagtrabaho ako sa City Hall upang isakatuparan ang Free City College (Libreng Kolehiyo ng Lungsod).

Ang Kolehiyo ng Lungsod ay personal sa akin. Dito nag-aral ang aking dalawang magulang. Sa pamamagitan ng edukasyong iyon, nakakuha sila ng magagandang trabaho sa unyon na may mataas na sahod. Nakamit ng aking pamilya ang American Dream dahil sa Kolehiyo ng Lungsod at organisadong paggawa.

Ang kolehiyo ay nasa isang sangandaan. Wala itong kinikita. Puno na ang mga waitlist para sa mga pangunahing klase. Kung maihahalal, ang aking mga priyoridad ay:

Palakasin ang programa sa Cantonese ng CCSF

Tiyakin ang seguridad ng pananalapi ng CCSF para sa hinaharap

Paunlarin ang CCSF bilang makina ng ekonomiya ng San Francisco

Protektahan ang Libreng Kolehiyo ng Lungsod

Mga tao ang nasa likod ng kampanya ko. Hindi ako tumatanggap ng pera mula sa malalaking kumpanya ng teknolohiya, korporasyon, at mga bilyonaryo. Sa inyong boto at suporta, magagawa ng Kolehiyo ng Lungsod na umunlad at iangat ang bawat San Franciscan.

Mga Pag-endorso:

Mga Inihalal/Lider:
- Superbisor Connie Chan
- Superbisor Chyanne Chen
- Norman Yee (dating Presidente ng BOS)
- Aaron Peskin (dating Presidente ng BOS)
- Norman Fong

Mga Katiwala ng Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco:
- Vick Chung
- Susan Solomon

www.JeremyLeeSF.com

@JeremyLeeSF

*Jeremy Lee*

## BUNNY MCFADDEN

**Ang trabaho ko ay** Tagapagturo / Mamamahayag.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Lumaki ako na natutulog sa faculty lounge habang ang aking ina, na isang janitor, ay naglilinis ng mga silid-aralan ng kolehiyo ng komunidad. Maaga akong nakapagtapos sa mataas na paaralan dahil sa kolehiyo ng komunidad, at kalaunan ay nagturo ako sa isa, bago ko nakuha ang aking Doktorado sa Edukasyon.

Sa personal at propesyonal na antas, nakikita ko ang kaibahang hatid ng edukasyon. Ako ay nagturo sa mga nasa hustong gulang at kabataan, naging miyembro ng lupon ng PTA at miyembro ng lupon ng South of Market Childcare, nagdirekta sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa, at buong-pusong nagserbisyo sa pagbangon ng downtown ng San Francisco sa pinakamasayang parke ng Lungsod. Mayroon akong karanasan sa pakikipagtulungan sa mga ahensiya ng estado at lokal, sa pagdidisenyo ng kurikulum mula sa STE(A)M hanggang sa Ingles, Pag-aaral ng Chicano hanggang sa pamamahayag. Mula sa pakikipagtulungan sa isang nonprofit na sumusuporta sa literacy ng kabataan, hanggang sa pagiging magulang sa isang pampublikong paaralan ng San Francisco, alam ko ang kayang makamit sa edukasyon.

Wala ka mang suwerte o malapit ka na sa lunas sa cancer, kailangan ng mga San Franciscan ang CCSF. Libre ito para sa bawat residente. Walang limitasyon sa edad, walang pagsusuri sa kita, walang limitasyon sa potensyal. Responsibilidad natin sa ating sarili, sa ating Lungsod, at sa ating kinabukasan na manatiling tapat sa pangako ng Kolehiyo ng Komunidad.

Susan Solomon, katiwala ng CCSF
Connie Chan, superbisor
Aaron Peskin, dating superbisor
Dean Preston, dating superbisor
Vick Chung, katiwala ng CCSF

*Bunny McFadden*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
## (4 na taong termino na magtatapos sa Enero 8, 2031)

## ERWIN TAM

**Ang trabaho ko ay** Tagapayo sa Pananalapi ng Lokal na Gobyerno.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang CCSF ay nasa isang siklo ng pag-aaksaya at maling pamamahala na nagbabanta ng pagsasara. Tumatakbo ako para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad upang ayusin ito.

Ipinakita sa akin ng aking ina ang halaga ng pagkatuto habang nagtuturo siya sa kanyang mga mag-aaral sa pampublikong paaralan, at binigyan ng Kolehiyo ng Lungsod ang aking ama ng pagkakataon sa mas mataas na edukasyon. Dahil dito, nakapag-aral ako sa Berkeley, kaya naman inilaan ko ang aking karera sa pagtanaw ng utang ng loob sa aking lungsod sa pamamagitan ng pagpapayo sa mga pampublikong ahensya, pagtulong sa kanila na bawasan ang pag-aaksaya, sulitin ang pondo, at protektahan ang mahahalagang serbisyo.

Sinuportahan ko ang BART sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga shortfall, tinulungan ko ang Muni na magplano para sa isang balanseng badyet, at gumawa ako ng mga pangmatagalang estratehiya sa pananalapi kasama ang mahigit sa 30 kolehiyo ng komunidad sa buong estado.

Nawawalan ng pera ang Kolehiyo ng Lungsod, at alam ko kung gaano ito kahalaga sa ating lungsod. Hindi nito puwedeng biguin ang mga pamilya at mag-aaral.

Nararapat sa mga mag-aaral na magkaroon ng akreditado at ligtas na lugar upang matuto.

Nararapat sa faculty at kawani na magkaroon ng magagandang benepisyo at matatag na sahod.

Nararapat sa lahat ng San Franciscan na magkaroon ng premyadong Kolehiyo ng Lungsod.

Mga Pag-endorso:

Lupon ng mga Superbisor: Rafael Mandelman, Alan Wong

Lupon ng mga Kolehiyo: Heather McCarty, Ruth Ferguson, Luis Zamora

Lupon ng mga Paaralan: Jaime Huling

Dating Presidente ng Lupon ng mga Kolehiyo Alex Randolph

*Erwin Tam*

## LISA PALAGI WYNN II

**Ang trabaho ko ay** Mananaliksik sa Pagkakapantay-pantay.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang aking A.S na may honors CCSF 2024

Ang aking BS sa CIIS Interdisciplinary Studies

Ang aking 4 na taon na pagseserbisyo bilang Komisyoner ng Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali (Behaviour Health Commissioner) ng SF.

Ang aking pag-oorganisa at daan bilang mag-aaral tungo sa San Francisco Rising at UCSF

Gagawin at isasabatas ko ang Prop 2

*Lisa Palagi Wynn II*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
## (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 8, 2029)

## RUTH FERGUSON

**Ang trabaho ko ay** Katiwala, Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako upang mapanatiling aksesible at abot-kaya ang City College (Kolehiyo ng Lungsod) para sa lahat. Lumaki ako sa isang maliit na bayan kung saan ang kolehiyo ng komunidad ang nagbukas ng bawat pinto para sa akin at sa aking pamilya, at naghatid sa akin sa isang apat na taong unibersidad at master’s degree sa pampublikong patakaran mula sa UC Berkeley.

Ang City College ang lugar kung saan pumupunta ang mga tao upang baguhin ang kanilang buhay, magkaroon ng degree nang walang utang, o makakuha ng mas magandang pagsasanay sa trabaho. Kaya naman pinoprotektahan ko ang Free City, pinapalago ang enrollment, at pinapanatiling matatag sa pananalapi ang kolehiyo.

Mula nang sumali sa lupon noong Enero, lumaban ako para maibalik ang pondo at bumoto para sa balanseng badyet. Gumugol ako ng maraming buwan sa pakikinig sa mga estudyante, guro, at kawani upang ang kanilang mga prayoridad ang humubog sa kung ano ang susunod nating gagawin.

Ginugol ko ang buong karera ko sa pakikipaglaban para sa mga estudyante at manggagawa, mula sa pagtugon sa patakaran sa pabahay at kawalan ng tirahan ng mga estudyante sa Lehislatura ng California hanggang sa pagharap sa mga makapangyarihan sa Kapitolyo ng Estado bilang isang whistleblower at pagtatagumpay sa pagpapatupad ng mga tunay na reporma para sa pananagutan.

Ako ang patunay kung ano ang kayang gawin ng City College, at ipinagmamalaki ko na ngayon ay ginagawa ko ang gawaing iyon sa Lupon ng mga Katiwala.

Kasama sa mga pag-endorso:
Speaker Emerita Nancy Pelosi
Mayor Daniel Lurie
Senador ng Estado Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Bilal Mahmood
Superbisor Myrna Melgar
Superbisor Danny Sauter
Superbisor Stephen Sherrill
Superbisor Alan Wong
Katiwala ng Kolehiyo ng Lungsod Heather McCarty
Katiwala ng Kolehiyo ng Lungsod Luis Zamora

*Ruth Ferguson*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 8

## SARA BARZ

**Ang trabaho ko ay** Tagapamahala ng Pagpaplano sa Transportasyon at Produkto.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong tagaplano ng transportasyon at ina sa San Francisco. Inilaan ko ang aking karera sa pagpapadali ng pampublikong transportasyon, pangunguna sa mga pagsisikap na tulungan ang mga sistema ng pampublikong transportasyon ng Bay Area na maghatid ng mas mahuhusay na koneksyon at diskwento sa pag-transfer, at paglilingkod sa mga lupon sa pagpapayo upang matiyak ang pagiging responsable sa mga proyekto sa transportasyon.

Hindi lang ako nagsusulong ng mas mahusay na pampublikong transportasyon; umaasa rin ako sa BART. Alam ko kung gaano kahirap ang hindi makarating sa trabaho o pagsundo sa paaralan nang nasa oras dahil naantala ang tren. Gagamitin ko ang aking karanasan upang maghatid ng premyadong karanasan sa pasahero, at papapanagutin ko ang BART.

Nararapat sa mga San Franciscan ang isang malinis, ligtas, at konektadong sistema ng pampublikong transportasyon. Bilang inyong Direktor ng BART, ang aking mga magiging pangunahing priyoridad ay:

- Pagtukoy sa Mga Pangunahing Pangangailangan: Nararapat sa mga biyahero ang maaasahang serbisyo, mga ligtas at malinis na istasyon, at gumaganang elevator, escalator, at fare gate.
- Mga Istasyong Bukas sa Lahat: Ang mga plaza ay dapat kaaya-aya at aksesible sa lahat ng gumagamit, sila man ay naglalakad o gumagamit ng gulong.
- Pagpapanagot sa BART: Dapat ipatupad ng ahensiya ang lahat ng hakbang sa pagtitipid at transparency na inirerekomenda ng mga independiyenteng auditor upang maipaliwanag ang bawat ginastos na dolyar ng mga nagbabayad ng buwis.

Ako ay buong pagmamalaki na ineendorso ng/nina:

Senador ng Estado Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani
Superbisor Myrna Melgar
Superbisor Alan Wong
Superbisor Bilal Mahmood
Direktor ng BART Janice Li
Komisyoner ng Pagpaplano Mike Chen
Andrew Casteel, Tagapagtatag ng Laughing Monk Brewing
Sierra Club

www.SaraBarz.com

Sara Barz

# Mga Kandidato para sa Tagatasa-Tagatala

## JOAQUÍN TORRES

**Ang trabaho ko ay** Tagatasa-Tagatala.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Mula nang maging Tagatasa-Tagatala noong 2022, nagsikap akong gawing mas madaling lapitan at mas madaling gamitin ang pamahalaan ng San Francisco. Mas maikling oras ng paghihintay sa pila. Mas maikling oras ng paghihintay sa tawag. Mas maraming oras para talagang makatapos ng mga gawain.

Simula noong umupo ako sa puwesto:

- Ginawa kong modernisado ang 30-taong-gulang na sistema ng pagtatasa ng buwis sa ari arian, at inilipat ang lahat nang ganap sa online patungo sa isang mas ligtas at napapanahong plataporma
- Binuo ang kauna-unahang libreng sistema sa pagtingin ng mga pampublikong rekord ng ganitong uri sa California, upang ang sinumang taga-San Francisco ay makaakses sa mga opisyal na dokumento mula sa kanilang tahanan
- Nagdagdag ng bagong check-in system sa lobby para sa mas maikling oras ng paghihintay, sistema ng call back sa telepono, at one-on-one na paggabay sa pagtatalaga para sa mga eksempsiyon sa buwis

Habang dumarami ang mga apela sa pagtatasa ng buwis sa ari-arian sa buong San Francisco, tinitiyak ko na ang bawat may-ari ng ari-arian ay tinatrato nang pantay pantay at nagbabayad ng kanilang patas na bahagi, upang mapanatiling matatag ang pananalapi ng ating lungsod.

Para sa mga pamilyang nagsisikap makabuo at mapanatili ang kanilang yaman, naglunsad ako ng mga libreng resources para sa pagpaplano ng ari-arian. Mas pinadali ko rin para sa mga nonprofit ang pagkuha ng mga eksempsiyon sa buwis na karapat-dapat sa kanila.

Karapat-dapat ang San Francisco sa isang pamahalaan na talagang nagtatrabaho para sa mga tao. Isang karangalan para sa akin na makuha muli ang inyong boto.

Mga Pag-endorso:
Gobernador Gavin Newsom
Speaker Emerita Nancy Pelosi
Kontroler ng Estado Malia Cohen

JoaquinTorresSF.com

*Joaquín Torres*

# Mga Kandidato para sa Pampublikong Tagapagtanggol

## MANO RAJU

**Ang trabaho ko ay** Pampublikong Tagapagtanggol.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang Pampublikong Tagapagtanggol ng San Francisco, pinamumunuan ko ang isang pangkat na lumalaban upang kumatawan sa mga akusado. Binibigyang-diin ng aking tanggapan ang kahalagahan ng mataas na antas ng legal na representasyon na nangangalaga sa mga konstitusyonal na karapatan ng lahat ng taga-San Francisco.

Bilang pagkilala sa gawaing ito, natanggap ko ang mga sumusunod na parangal:

- California Public Defender Association – Special Recognition Award
- Society of Professional Journalists – James Madison Freedom of Information Award
- South Asian Bar Association – Public Interest Award
- La Raza Centro Legal – Visionary of Justice Award

At, upang tugunan ang mga pangangailangan ng ating komunidad, pinalawak ko ang kakayahan ng aking tanggapan na magbigay ng mga serbisyo para sa imigrasyon, kalusugan ng isip, at pagtatanggol sa kabataan, pati na rin ang lunas pagkatapos mahatulan.

Ipinagmamalaki ko na ang tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol ay namumuhunan sa mga makabagong programa na tumutugon sa mga ugat na sanhi ng kahirapan at kawalan ng katarungan. Kabilang dito ang Clean Slate Program (pag-aalis ng mga hadlang sa rekord para sa trabaho at pabahay), ang makasaysayang inisyatibong ‘Be the Jury’ (pagpapalawak ng representasyon ng mga hurado sa pamamagitan ng patas na bayad), ang mga programang pangkomunidad na MAGIC Youth Programs (pagbibigay kakayahan sa mga kabataan sa mga komunidad na kulang sa mapagkukunan), at ang College Pathway Program (pag-uugnay sa mga kliyente sa mas mataas na edukasyon at mga trabahong pangkalikasan).

Naniniwala ako na ang tunay na kaligtasan ng publiko ay nangangailangan ng paglalaan ng mga naaangkop na serbisyong panlipunan at matatag na depensang konstitusyonal.

Sa pamamagitan ng inyong boto, ipagpapatuloy ko ang pagbuo ng isang mas patas, mas ligtas, at mas makatarungang San Francisco.

*Mano Raju*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2

## GUY MCCOY

**Ang aking trabaho ay** Tagapamahala / Retiradong Militar.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
- Retiradong Militar
- 23 taong residente ng Distrito 2
- Dating tagapagpatupad ng Pederal na batas
- Sumusuporta sa negosyo, isang tagapamahala ng negosyo
- Naging target ng krimen, nakakaunawa sa mga biktima ng krimen
- HINDI pulitiko o aktibista

Hindi ako propesyonal na pulitikong nagpapalaki ng mga inaangking nagawa o nagbibigay ng walang laman at walang saysay na suporta para sa mga pangunahing pagpapahalagang dapat ay awtomatikong isinasabuhay sa ating lungsod. Isa akong ordinaryo at masipag na taong may sentido kumon at naniniwala sa mga tunay na solusyon. Kahit sino pa ang makatanggap ng pagkilala. Hindi ko ito ginagawa upang magpalakas ng ego, o hindi ko ito nakikita bilang hakbang patungo sa mas mataas na posisyon sa pamahalaan.

Ako ang magiging makatwirang miyembro ng Lupon na magsasagawa ng mga sumusunod:

- Pilitin ang mga ahensya para sa Walang Tirahan na maging mas epektibo sa PAGLUTAS ng Kawalan ng Tirahan, sa halip na iilan lang ang yayaman.
- Panagutin sa mga parehong batas na sinusunod nating LAHAT ang mga indibidwal na Walang Tirahan na TUMATANGGI sa tulong.
- Pagtuunan ang paggawa ng bagong pabahay para sa mga nagtatrabahong taga-San Francisco sa mga rate sa market pababa SA HALIP NA mamahaling pabahay.
- Kilalanin ang pagtulong ng mga negosyo sa pagbabayad ng ating mga bayarin. Kailangan nating alisin ang mga LABIS na regulasyon at gastos na nagpapahirap sa pagbubukas ng maliliit na negosyo at pananatili ng malalaking negosyo.
- Hikayatin ang mga residente na magkaroon ng aktibong tungkulin sa lungsod: Kung may makita kayong mali, iulat ito. Kung ano ang tinatanggap ninyo, iyon din ang aasahan ninyo.
- Alisin sa mga lansangan ang mga paulit-ulit na nagkakasala at propesyonal na kriminal.

Iboto si Guy McCoy bilang Superbisor ng Distrito 2.

*Guy McCoy*

## MONTHANUS RATANAPAKDEE

**Ang aking trabaho ay** Tagapagtaguyod ng Komunidad / Komisyoner para sa mga Karapatan ng Imigrante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Si Monthanus Ratanapakdee ay matagal nang residente ng San Francisco sa loob ng halos tatlong dekada, tagapagtaguyod ng komunidad, tagapagtatag ng nonprofit, at lider ng pampublikong kaligtasan. Siya ang nagtatag ng Justice for Vicha Foundation matapos pumanaw ang kanyang ama, si Vicha Ratanapakdee na pinaslang sa isang walang dahilang pag-atake, na tumutulong upang maituon ang atensyon ng bansa sa pagkapoot laban sa taga-Asia, kaligtasan ng nakatatanda, at mga karapatan ng mga biktima.

Naglilingkod siya sa Komisyon sa mga Karapatan ng Imigrante ng San Francisco at nakipagtulungan siya sa mga residente, nakatatanda, imigrante, pamilya, biktima, at maliit na negosyo sa buong San Francisco. Nakatuon ang kanyang gawain sa pampublikong kaligtasan, pananagutan, kalidad ng buhay sa kapitbahayan, akses sa wika, at paghilom ng komunidad.

Bilang isang independiyenteng kandidato para sa posisyon ng Superbisor, si Monthanus ay hindi sinusuportahan ng mga makinarya ng partidong pampulitika o makapangyarihang backer sa pananalapi. Sinusuportahan niya ang mga mas ligtas na lansangan, mas malilinis na kapitbahayan, mas malakas na suporta para sa maliliit na negosyo, pagprotekta sa katangian ng mga kapitbahayan sa Distrito 2, responsableng paggamit sa mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis, mga makataong patakaran na may pananagutan, mas malalakas na proteksyon para sa mga nakatatanda at biktima, at mga parusa para sa mga paulit-ulit na nagkakasala sa marahas na krimen.

Naniniwala si Monthanus na maaaring muling maging ligtas, makatao, matatag sa ekonomiya, at may pananagutan ang San Francisco sa mga mamamayan.

Ang mga posisyon at kaugnayan sa organisasyon ay nakalista para lang sa pagkakakilanlan. Hindi ito pag-endorso ng Komisyon sa mga Karapatan ng Imigrante, ng Lungsod at County ng San Francisco, o ng Justice for Vicha Ratanapakdee Foundation.

*Monthanus Ratanapakdee*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2

## STEPHEN SHERRILL

**Ang aking trabaho ay** Miyembro, Lupon ng mga Superbisor.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Stephen Sherrill, Superbisor ng Distrito 2

“Panatilihing tuloy-tuloy ang pagsulong ng San Francisco. Iboto si Stephen Sherrill.” - Mayor Daniel Lurie

Muling inihalal noong Hunyo nang may 69% boto!

Umuunlad ang San Francisco. Araw-araw akong nagsisikap na maisakatuparan ang mga ligtas na lansangan, abot-kayang tahanan, masiglang negosyo, pampamilyang kapitbahayan, magandang trabaho, at mahusay na paaralan para sa lahat.

Bilang Superbisor, nakatuon ako sa pampublikong kaligtasan at mga pangangailangan ng kapitbahayan. Ang mga naisakatuparan na namin:

- Mga karagdagang nagpapatrolyang pulis upang mabawasan ang krimen
- Pinigilan ang mga pagbabawas ng pondo sa pulis, bumbero, at paglilinis ng lansangan
- Inilunsad ang Inisyatibang Ligtas na Lalagyan ng Baril ng SF
- Ipinagtanggol ang Planned Parenthood laban sa mga banta ng mga ekstremistang grupo
- Pinalawak ang mga subsidy sa daycare para sa halos 1,000 pamilya
- Nagdagdag ng 1,200+ tahanan kasama ang abot-kayang pabahay para sa mga guro at nakatatanda
- Pinababa ang mga gastos sa pagsisimula ng mga bagong tindahan sa Fillmore, Union
- Nagsulat ng batas upang mas mapabilis ang pagpuno ng mga bakanteng puwesto sa Van Ness
- Itinataguyod ang Muni funding upang mapanatili ang pag-unlad ng San Francisco

Bilang isang amang nagpapalaki ng mga anak dito at dating Direktor ng Tanggapan sa Inobasyon ng Mayor, alam ko kung ano ang kailangan natin mula sa City Hall. Ito ay pagtuon at pagtupad sa mga pangako upang mapanatili ang pagsulong ng San Francisco at gawin itong #1 lugar kung saan magsisimula, mananatili, at bubuo ng kinabukasan ang mga pamilya at negosyo.

Mga Pag-endorso:

Mayor Daniel Lurie
Planned Parenthood Northern California Action Fund
San Francisco Firefighters Local 798
North Coast States Carpenters Union
Tim Omi, Presidente, Fillmore Merchants Association*
*Para lamang sa mga layunin ng pagkakakilanlan ang titulo

At higit pa sa VoteStephenSherrill.com!

*Stephen Sherrill*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 4

## ALBERT CHOW

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Hardware Store.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong 50 taong residente ng Sunset, at pinapalaki at pinag-aaral ko ang aking mga anak sa mga parehong pampublikong paaralan sa kapitbahayan kung saan din ako nag-aral. Ang Sunset ang aking tahanan, at nakatuon ako sa pagprotekta sa dahilan kung bakit espesyal ang ating komunidad habang inihahanda ito para sa kinabukasan.

Ako ang kapwa tagapagtatag ng People of Parkside Sunset upang mapalakas ang ating kapitbahayan sa pamamagitan ng mga pulong sa komunidad, suporta sa merchant, at mga kaganapan na nagsasama-sama ng mga residente. Sa pamamagitan ng gawaing iyon, nakatulong ako sa paggawa ng mga outdoor movie night, farmers market, at night market na naging mga tradisyong minamahal ng komunidad.

Bilang may-ari ng isang maliit na negosyo, nauunawaan ko ang mga hamong kinakaharap ng mga nagtatrabahong pamilya at lokal na mangangalakal. Lubhang napinsala ng sinadyang pagsunog ang Great Wall Hardware, na itinatag ng aking mga magulang noong 1983. Iginugol ko ang nakaraang dalawang taon sa muling pagtatayo ng negosyo ng aming pamilya mula sa simula. Pinagtibay ng karanasang iyon ang aking paniniwala na nabubuo ang matatatag na komunidad sa pamamagitan ng pagbangon, pagsisikap, at mga kapitbahay na sumusuporta sa isa't isa.

Noon pa man, kasama ako ng mga residente ng Sunset at lumaban ako upang matiyak na maririnig ang ating mga boses sa mga isyung nakakaapekto sa mga pang-araw-araw na buhay.

Bilang inyong Superbisor, magsisikap ako upang mapahusay ang pampublikong kaligtasan, masuportahan ang ating mga paaralan, makagawa ng pabahay na nagpoprotekta sa mga nagtatrabahong pamilya, mapalakas ang maliliit na negosyo, mapabuti ang kaligtasan sa trapiko at ng mga naglalakad, makapamuhunan sa imprastruktura sa kapitbahayan, at matiyak na may malakas na boses ang Distrito 4 sa City Hall.

Sama-sama, makakabuo tayo ng mas ligtas at mas matatag na Sunset.

www.albertchowsf.com

*Albert Chow*

## JEREMY JULIAN GRECO

**Ang aking trabaho ay** Tagapag-ugnay ng Kampus / Tagaganap ng Monologo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ako si Jeremy Julian Greco — isang ama, alagad ng sining, at dating trabahador at may-ari ng kooperatibang Other Avenues, at 26 na taong residente ng Outer Sunset. Nasaksihan ko na ang buong pag-ikot ng buhay sa Sunset — mula sa pagpapalaki ng aking mga anak na babae rito hanggang sa pag-aalaga ng pamilya sa panahon ng pagpanaw ng aking biyenang babae. Bilang prodyuser ng Sunset Solos, nagsikap ako upang makabuo ng masigla at masining na komunidad na nakabatay sa pakikipag-ugnayan at pagkukuwento.

Naglingkod ako sa Lupon ng mga Direktor at kapwa may-ari ng kooperatiba ng pagkain na Other Avenues sa loob ng 16 na taon. Sa panahong iyon, nakabili tayo ng ating gusali, nagpakabit tayo ng mga solar panel, sinuportahan natin ang mga manggagawa, at hinarap natin ang COVID nang sama-sama.

Tumatakbo ako bilang Superbisor upang muling mabuo ang tiwala sa Paraang Sunset — sa pamamagitan ng katapatan, pananagutan, at pamumunong nakatuon sa komunidad. Permanente kong gagawin ang pagprotekta sa Sunset Dunes, ating baybayin, Westside groundwater basin, at pagbabawas ng polusyon sa Ocean Beach. Sinusuportahan ko ang programang Slow Streets malapit sa mga paaralan, mga mas ligtas na daanan ng bisikleta, mga rotonda, mga pulis na nagpapatrolya, at malinis at maaasahang serbisyo ng MUNI.

Sinusuportahan ko ang abot-kayang pabahay na nagpapanatili ng mga pamilya, nakatatanda, alagad ng sining, at manggagawa sa Distrito 4, kasama ang mga inisyatibang intergenerational at masining na pabahay at kooperatibong negosyo na nagpapalakas sa mga kapitbahayan at tumutulong sa mga residente na tumanda nang may dignidad.

Sama-sama, makakabuo tayo ng mas ligtas, mas abot-kaya, malikhain, at nag-uugnayang Distrito 4.

*Jeremy Julian Greco*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 4

## ALAN WONG

**Ang aking trabaho ay** Miyembro, Lupon ng mga Superbisor / Komandante ng Militar.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang Sunset ang komunidad na tinatangi ko at ang nag-iisang tahanan na nakilala ko. Bilang inyong Superbisor ng Distrito 4, ikararangal kong paglingkuran ang kapitbahayan kung saan ako isinilang at lumaki.

Nagtapos ako sa Lincoln High School at opisyal ako ng National Guard. Naglingkod ako bilang tagapag-organisa ng unyon, direktor ng patakaran ng Children's Council of San Francisco, at Presidente ng Lupon ng City College.

Isinasakatuparan ko ang pamumunong praktikal at may makatwirang pag-iisip, at nakatuon ako sa mga resulta. Bilang Superbisor, isinasakatuparan ko ang mga pangunahing prinsipyo ng pamamahala: tumutugong pamahalaan, pagpapalakas ng pampublikong kaligtasan, pagpapanatili ng mga malinis at ligtas na lansangan, at pagtataguyod ng San Francisco upang maging lugar kung saan maaaring umunlad ang mga pamilya.

Ipinaglalaban ko ang:

- Pagkuha ng mas maraming pulis, katarungan para sa mga biktima ng krimen, at pagbibigay sa pulis ng mga kagamitan at pondong kailangan nila upang mapigilan ang krimen.
- Mga pagpapahusay sa kaligtasan sa lansangan at ng mga naglalakad.
- Pagbabawas ng hindi kinakailangang proseso sa burukrasya at pagpapakilos ng pamahalaan para sa mga ordinaryong mamamayan.
- Algebra para sa ikawalong baitang at mga pagtatalaga ng pampublikong paaralan na nakabatay sa sona ng kapitbahayan.
- Muling pagbubukas ng Great Highway para sa mga sasakyan tuwing Lunes hanggang Biyernes.
- Higit na paradahan at pag-aatas sa Ahensiya sa Transportasyon ng Munisipyo na pakinggan ang mga residente at maliit na negosyo.

Mga Pag-endorso:

Mayor Daniel Lurie at Willie Brown
Ingat-Yaman ng Estado Fiona Ma
Tenyente Gobernador Eleni Kounalakis
Pangkalahatang Abogado Rob Bonta
Kontroler ng Estado Malia Cohen
Miyembro ng Kongreso Kevin Mullin
Miyembro ng Asembleya ng Estado Catherine Stefani, Matt Haney
Sheriff Paul Miyamoto, Vicki Hennessy
Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco: Stephen Sherrill, Danny Sauter, Bilal Mahmood, Matt Dorsey, Myrna Melgar, Rafael Mandelman, Chyanne Chen
Tagapangulo ng Partido Demokratiko ng San Francisco Nancy Tung
San Francisco Police Officers Association
San Francisco Deputy Sheriffs' Association
San Francisco Firefighters Local 798

www.alanwong.com

*Alan Wong*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 6

## ALEX BEHREND

**Ang aking trabaho ay** Tagapag-organisa ng mga Botanteng Napapabayaan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bakit dapat bumoto? (Hindi iyan retorikal na tanong.)

Ano ang naidulot nito sa karamihan sa atin?

Maliban na lang kung napakayaman ninyo o malaki ang ibinabayad nila sa inyo, hindi ba kapabayaan ang natatanggap natin mula sa karamihan sa mga politiko (at lahat ng bilyonaryong korporasyong sumusuporta sa kanila?)

UNA, suportahan natin ang mga kandidatong hindi sinusuportahan ng mga bilyonaryo at malaking korporasyong nananamantala sa atin.

At mas mabuti pa kung ang taong iyon ay tulad din ninyo — nahihirapang pagkasyahin ang kita sa mga pangangailangan, sinusubukang maipagawa sa landlord ang mga kinakailangang pagkukumpuni, o pinipilit na makapasok sa/makauwi mula sa trabaho nang hindi gumagastos ng mahigit $40 sa isang Silicon Valley app (bawat biyahe!)

Isang katotohanan na ang mga nagtatrabahong mamamayan ang mga tunay na eksperto sa patakaran (dahil tayo mismo ang nakakaranas ng bulok na patakaran.)

Kapag nasa Lupon ako, lalabanan ko ang mga mapagsamantala na kinakaharap natin araw-araw.

Gagamitin natin ang mga UMIIRAL nang parusang kriminal para sa mga landlord na ilegal na nagpapabaya sa ating mga gusali.

Magpapatupad tayo ng MGA KODIGONG KRIMINAL laban sa mga korporasyon upang maayos ang mga kundisyon sa pagtatrabaho at maprotektahan ang mga sahod.

Nagpapanggap ang “City Family” na walang nagaganap na pananamantala sa atin. Wawakasan ko iyan!

KASUKLAM-SUKLAM na hinahayaan ng mga tinatawag nating lider na lumala nang husto ang sitwasyon para sa ating mga nagtatrabahong taga-San Francisco.

*Alex Behrend*

## MATT DORSEY

**Ang aking trabaho ay** Superbisor ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Walang gabay sa pagtakbo para sa pampublikong posisyon bilang isang taong nagpapagaling mula sa pagkakalulong sa droga. Ngunit nang gawin ko iyon apat na taon na ang nakalipas, binigyan ako ng pagkakataon ng mga taga-San Francisco na tulad ninyo.

Sumang-ayon kayo na sa gitna ng pinakamalalang krisis sa droga sa kasaysayan, nangailangan ang City Hall ng malakas na boses mula sa komunidad ng nagpapagaling — isang taong handang hamunin ang nakasanayan at manguna sa pagbabago. Pareho tayo ng paniniwala na sa pamamagitan ng pagbabalanse sa makataong suporta at pananagutan, maaaring magbago ang mga tao tungo sa mas mabuti.

At kaya rin ito ng San Francisco.

Bilang inyong Superbisor, ako ang may-akda ng Recovery First Ordinance (Ordinansang Pangunahing Layunin ang Paggaling) upang iangkop ang mga patakaran sa droga ng lungsod sa iisang layunin: pangmatagalang paggaling mula sa pagkalulong. Ipinasa ko ang Read to Recovery (Pagbabasa Tungo sa Paggaling), isang programang kinikilala sa buong bansa na nagpamahagi ng mahigit 12,000 aklat para sa paggaling. Itinaguyod ko ang Drug-Free Sidewalks, pinalawak ko ang akses sa mga gamot sa pagkakalulong na makakapagligtas ng buhay, at isinulong ko ang Drug-Free Supportive Housing (Pansuportang Pabahay na Walang Droga) upang magbigay ng mga alternatibong nakatuon sa paggaling.

Nagsikap din ako na muling buhayin ang downtown, palawakin ang paggawa ng pabahay, suportahan ang mga nangungupahan, hikayatin ang pag-convert ng mga tanggapan upang maging pabahay, at palakasin ang pampublikong kaligtasan at kaligtasan sa trapiko.

Sama-sama, papatunayan nating epektibo ang paggaling — para sa ating mga residente at ating lungsod. Marami na tayong nagawa. Ngunit marami pa tayong magagawa, at maraming mawawala kung babalik tayo sa dati.

Hinihingi ko ang inyong boto para sa muling pagkakahalal; alamin pa sa mattdorsey.org.

*Matt Dorsey*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 8

## GARY MCCOY

**Ang aking trabaho ay** Tagapagtaguyod ng Patakaran sa Pangangalagang Pangkalusugan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nangangailangan ang Distrito 8 ng tagapagtanggol, at sa aking buong karera ay ipinaglaban ko ang komunidad na ito sa bawat antas ng pamahalaan.

Ineendorso ni Speaker Emerita Nancy Pelosi, ako ang Tagapamahala ng Kampanya para sa kanyang Save Our Health Care Campaign, na lumalaban upang maprotektahan ang Medicaid at ang Affordable Care Act (Batas sa Abot-Kayang Pangangalaga). Naglingkod ako bilang katulong ni Senador Scott Wiener at pinangasiwaan ko ang kaligtasan ng mga naglalakad, pagpapasigla ng parke, at patakaran sa bukas na espasyo sa Departamento ng Libangan at mga Parke ng San Francisco.

Bilang Superbisor, gagawin ko ang mga sumusunod:
- Padaliin ang mga pag-apruba ng pabahay upang mas mabilis na makapagpatayo ng mas maraming tahanan
- Alisin ang red tape para sa maliliit na negosyo
- Protektahan ang mga organisasyon ng LGBTQ+ sa mga pagbabawas ng pondo
- Palawakin ang mga team para sa pagtugon sa krisis sa kalusugan ng pag-iisip, at pondohan ang paggamot at paggaling mula sa paggamit ng droga
- Palakasin ang mga proteksyon ng nangungupahan at itaguyod ang abot-kayang pabahay
- Bumuo ng mas maaayos na lansangan sa pamamagitan ng mga pagpapahusay sa kaligtasan, pagpapalawak ng mga protektadong bike lane, at pagpapalawak ng mga slow street

Muli kong binuo ang sarili kong buhay sa pamamagitan ng mga sistema sa pangangalaga ng San Francisco matapos kong maranasan ang kawalan ng tirahan. Pinamunuan ko ang Alice B. Toklas at Harvey Milk LGBTQ Club. Kung maihahalal, ako ang magiging ikatlong taong hayagang namumuhay nang may Human Immunodeficiency Virus (HIV) na naglilingkod sa Lupon ng mga Superbisor.

Ineendorso ni/nina/ng:

- Speaker Emerita Nancy Pelosi
- Miyembro ng Kongreso Kevin Mullin
- Mga Superbisor Myrna Melgar, Matt Dorsey, at Connie Chan
- Harvey Milk LGBTQ Club
- Dating Superbisor Jeff Sheehy at Carol Ruth Silver
- Punong-Guro ng Harvey Milk Civil Rights Academy* Mark Sanchez
- SEIU 2015
- NUHW
- UA Local 38
- IFPTE Local 21
- AFT 2121

Alamin pa: www.garymccoysf.com

*para lamang sa mga layunin ng pagkakakilanlan

*Gary McCoy*

## MICHAEL T. NGUYEN

**Ang aking trabaho ay** Abogado / Prodyuser ng Drag.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang isang bihasang abogado sa patent, mayroon akong mga kasanayan sa pakikipagnegosasyon na kinakailangan upang lumaban para sa mga mamamayan ng Distrito 8. Nakipagtulungan ako sa mga taong mula sa iba't ibang panig ng pulitika upang makabuo ng pagkakasundo at makahanap ng mga solusyong nakabatay sa makatwirang pag-iisip na makakatulong sa ating lahat.

Sa loob ng 20 taon ng paggawa ng komunidad at pagbuo ng mga alyansa sa San Francisco, natutunan ko kung paano paglingkuran ang mga mamamayan nating madalas na napapabayaan sa proseso ng pulitika.

Bilang isang anak na lalaki ng mga refugee at isang drag performer, hindi ako kandidato ng makinaryang pampulitika. Ako ay may tunay na sariling paninindigan na hindi magpapadala sa mga espesyal na interes.

Tumatakbo ako dahil naniniwala akong hindi dapat binibigo ng isa sa pinakamayayamang lungsod sa bansa ang mga residente nito. Mas mabuti ang nararapat para sa ating lahat. Lalaban ako upang matiyak na mapupunan ang mga pagkukulang at hindi mababawasan ang mga pangunahing serbisyo, tulad ng MUNI.

Itinatag ang aking plataporma sa tatlong bagay: pagiging abot-kaya, paggawa ng pabahay para sa mga nagtatrabahong pamilya, at tapat na pamamahala.

Ikinararangal kong makamit ang mga pag-endorso ng dating Miyembro ng Asembleya at Superbisor na si Tom Ammiano at dating Superbisor na sina Sandra Lee Fewer at Gordon Mar — mga lider na nakakaalam kung ano ang kinakailangan upang maging isang Superbisor sa San Francisco.

Alamin pa sa michaelnguyen4sf.com.

*Michael T. Nguyen*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 8

## DARSHINI PATEL

**Ang aking trabaho ay** Tagapagtaguyod ng Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Walang problema sa pagpapahalaga ang San Francisco. Mayroon tayong problema sa pagsasakatuparan. Nagkakasundo na tayo sa kung ano ang gusto natin: mga mas ligtas na lansangan, pabahay na abot-kaya ng mga mamamayan, at pangangalagang nararamdaman. Tungkulin ng Superbisor na tiyaking maisasakatuparan ito ng lungsod.

Ito ang naging aking karera. Naglingkod ako sa Konseho sa Patakarang Panloob ng Administrasyon ni Obama at sa kanyang kampanya para sa muling pagkakahalal. Tinulungan ko ang isang kumpanya ng teknolohiya sa paglago nito mula sa 15 lungsod at naging mahigit 7,000, paglulunsad nito sa mahigit 300 market, pagtatatag ng adbokasiya para sa maliit na negosyo, at paghahatid ng pang-emergency na tulong noong panahon ng COVID sa 100,000 maliit na negosyo sa loob ng ilang linggo. Distrito 8 ang aking tahanan: una ay Mission Dolores, at pagkatapos ay Noe Valley.

Bilang Superbisor, gagawin ko ang mga sumusunod:

- Lutasin ang backlog sa pabahay sa pamamagitan ng pampublikong tracker ng mga proyekto, mga timeline ng pagpapatupad, at pagtatayo ng pangalawang lugar para sa abot-kayang pabahay sa Distrito 8
- Alisin ang hadlang sa pagkuha ng permiso para sa mga sentro ng pangangalaga sa bata at buksan ang ating unang sentro ng mga serbisyong pampamilya
- Ipagtanggol ang mga klinikang pangkalusugan ng LGBTQ na inaasahan ng distritong ito
- Ipatupad ang buwis sa mga bakanteng ari-arian: 236 na ari-arian sa Distrito 8 ang hindi kailanman nag-file
- Maglathala ng scorecard bawat tatlong buwan: mga pangako, dolyar, deadline, at resulta

Hindi ako tumatanggap ng pera mula sa korporasyon o legacy PAC. Ipinapakita ng badyet ang ating mga pagpapahalaga. Basahin ang aking mga panukala, magtanong ng mahihirap na tanong, at panagutin ako sa aking mga sagot. Mas marami pa ang magagawa. votedarshini.com

*Darshini Patel*

## EMANUEL "MANNY" YEKUTIEL

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Maliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ako ay may-ari ng isang maliit na negosyo, tagabuo ng komunidad, at dating komisyoner ng lungsod, at tumatakbo ako para sa posisyon ng Superbisor ng Distrito 8 dahil handa na ang San Francisco para sa bagong uri ng pamumuno.

Pamumunong mas pinapadali ang paghahanap ng tahanang abot-kaya ninyo, pagpunta sa tindahan sa kanto at makikitang nakabukas ito, pagiging ligtas sa sarili ninyong lugar, at pagtawag sa Lungsod at mayroong tutugon. Pamumunong alam kung paano bumuo.

Tumatakbo ako upang maisakatuparan ang 10,000 bagong tahanan, walang bakanteng storefront, at mga lansangang ligtas, malinis, at masaya. Upang magawa ito, kailangan natin ng pamahalaan ng lungsod na nagbibigay ng mahusay na serbisyo sa customer at tumutupad sa mga pangako.

Itinatag ko ang Manny’s mula sa simula — hinarap ko ang burukrasya ng lungsod, naghanda ako ng kape, nag-asikaso ako ng pasahod, at nagdaos ako ng daan-daang pulong sa town hall. Bilang kapwa tagapagtatag ng Civic Joy Fund, tumulong ako upang makapagbigay ng mga ilaw, night market, at milyon-milyong dolyar sa ating mga komersyal na daanan. Bilang isang Direktor ng SFMTA, natutunan ko kung paano nagtatrabaho ang City Hall at kung paano ito mapipilit na makapaghatid ng mga resulta.

Ibinigay sa akin ng San Francisco ang lahat nang dumating ako rito sa paghahanap ng lugar kung saan ako mapapabilang. Ang kampanyang ito ay tungkol sa pagtitiyak na magagawa rin nito ang parehong bagay para sa sinumang gustong gawing tahanan ang ating lungsod. Kaya natin itong gawin.

*Emanuel “Manny” Yekutiel*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 10

## PEARCI "PJ" BASTIANY III

**Ang aking trabaho ay** Graduate Student ng MPA.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Si Pearci “PJ” Bastiany ay isang estudyante sa graduate school ng programang Master of Public Administration sa University of San Francisco at isang ipinagmamalaking USF Double Don, na dating nakapagtapos ng Bachelor of Science in Marketing sa USF. Si PJ ay may-ari ng isang maliit na negosyo, nakarehistrong bidder at supplier sa Lungsod at County ng San Francisco, tagapagtaguyod ng komunidad, at tagapagturo ng martial arts na nakatuon sa pagpapahusay sa pampublikong kaligtasan at oportunidad sa ekonomiya sa buong lungsod.

Si PJ ay 1st Degree Black Belt na nagsanay sa Ernie Reyes West Coast World Martial Arts at nakipagkumpitensya sa maraming kinikilalang paligsahan sa martial arts. Itinataguyod niya ang Martial Arts Community Protection Initiative (Inisyatibang Proteksyon ng Komunidad sa Pamamagitan ng Martial Arts), isang pamamaraang nakabatay sa komunidad na binuo ko, na pinagsasama ang pagtuturo, edukasyon, pampublikong kaligtasan, at pagpapaunlad ng puwersang manggagawa upang makatulong sa paggawa ng mga mas ligtas na kapitbahayan habang binibigyang-kakayahan ang mga kabataan at pamilya.

Bilang Tagapagtatag at CEO ng MAFH, nagsikap si PJ na pag-ugnayin ang pampublikong kaligtasan, pakikilahok ng komunidad, pagpapaunlad ng puwersang manggagawa, at muling pagpapasigla ng ekonomiya. Ginawa rin niya ang karakter na “PJ the Poolman” at ang proyektong pelikula na The Poolman bilang positibong simbolo ng serbisyo, pagbangon, at pananagutan bilang mamamayan. Sa pamamagitan ng negosyo, edukasyon, adbokasiya, at pampublikong serbisyo, nakatuon si PJ sa pagpapanumbalik ng kumpiyansa sa San Francisco, pagsuporta sa mga lokal na komunidad, at pagbibigay-inspirasyon sa susunod na henerasyon ng mga lider upang makabuo ng mas ligtas, mas matatag, at mas maunlad na lungsod para sa lahat.

*Pearci “PJ” Bastiany III*

## DIONJAY (DJ) BROOKTER

**Ang aking trabaho ay** Tagapagtaguyod ng Komunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang komunidad ay palaging pangunahing bahagi ng aking buhay noon pa man.

Lumaki ako sa isang working-class na pamilya sa Central Valley. Ang aking ama ay isang janitor, at ang aking ina sa Kaiser ang nagturo sa akin ng pagsisikap at pang-unawa. Ang pagkawala niya noong nasa mataas na paaralan ako ay nagmulat sa akin kung gaano umaasa ang mga pamilya sa katatagan at suporta ng komunidad.

Hinubog ng mga karanasang iyon kung sino ako at ang aking pangakong tulungan ang mga mamamayan na makaakses ng oportunidad. 16 na taon ang iginugol ko sa pag-uugnay ng mga residente sa mga trabaho, pagsasanay para sa puwersang manggagawa, at mapagkukunan dahil naniniwala akong karapat-dapat ang lahat sa pagkakataong makabuo ng mas magandang kinabukasan.

Ngayon, masyadong maraming residente ng Distrito 10 ang hindi nakakaramdam na hindi nila naaabot o napapakinabangan ang oportunidad at mga serbisyo. Nahihirapan ang mga pamilya sa gastos sa pamumuhay, nag-aalala ang mga nakatatanda sa pananatili sa kanilang mga komunidad, at nagsisikap na manatiling bukas ang maliliit na negosyo.

Ang ating lakas ay nagmumula sa isa’t isa: kapag sinusuportahan ng magkakapitbahay ang isa’t isa at may boses ang mga komunidad, sama-sama tayong uunlad.

Ang aking pangako ay makinig, maglingkod, at magsikap araw-araw upang makabuo ng mas matatag na Distrito 10.

Samahan ang mga Superbisor na sina Walton at Melgar, mga dating Mayor ng San Francisco na sina Willie Brown at Art Agnos, dating Superbisor ng Distrito 10 na si Sophie Maxwell, at ang libo-libong kapitbahay natin sa pagsuporta sa aking kampanya. Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

https://www.dj4d10.com/

*Dionjay (DJ) Brookter*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 10

## DEANDRA BRYANT

**Ang aking trabaho ay** Tagapagtaguyod ng Komunidad at Tagapagkaloob ng IHSS.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Isa akong panghabambuhay na residente ng Bayview Hunters Point, tagapagtaguyod ng pabahay, tagapagtaguyod ng magulang, may-ari ng tahanan, at ina ng isang batang may autism.

Inihanda ako ng aking karanasan sa buhay upang lumaban para sa Distrito 10. Bilang isang teenager na ina, nakaligtas sa karahasan sa tahanan, at tagapagtaguyod ng komunidad, nauunawaan ko ang mga hamong kinakaharap ng maraming pamilya. Nagtrabaho ako sa mga serbisyo sa pabahay na tumutulong sa mga residente na makaakses ng mga mapagkukunan, oportunidad sa pabahay, at programa ng suporta. Maraming taon din ang iginugol ko sa pagtataguyod ng mga batang may mga kapansanan at pagtulong sa mga pamilya na maunawaan ang mga sistema na madalas ay mahirap i-akses.

Bilang inyong Superbisor, pagtutuunan ko ang pagpapalawak ng mga oportunidad sa pagmamay-ari ng tahanan, pagpapabuti sa katatagan ng pabahay, pagdaragdag ng suporta para sa mga batang may mga kapansanan at kanilang mga pamilya, pagpapaigting ng pampublikong kaligtasan, at pagtiyak na matatanggap ng Distrito 10 ang pamumuhunan at mga mapagkukunan na karapat-dapat nitong matanggap.

Karapat-dapat ang Bayview Hunters Point, Visitacion Valley, Sunnydale, Potrero Hill, at Dogpatch sa pamumunong nakikinig, kumikilos, at naghahatid ng mga resulta. Nakatuon ako sa pagsasama-sama ng mga residente, pagbuo ng mga pakikipagsosyo, at paggawa ng mga oportunidad na magbibigay-daan sa mga pamilya na manatili at mamuhay sa mga komunidad na tinatawag nilang tahanan.

Magalang kong hinihingi ang inyong boto para sa pagiging Superbisor ng Distrito 10.

*Deandra Bryant*

## THEO ELLINGTON

**Ang aking trabaho ay** Direktor ng Pampublikong Patakaran.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang isang ikatlong henerasyong taga-San Francisco na nagpapalaki ng 3 anak na lalaki kasama ang aking asawa, tumatakbo ako upang matiyak na matatanggap ng ating mga kapitbahayan mula sa timog-silangan ang pagtuon, agarang pagkilos, at pamumuhunan na pareho sa iba pang bahagi ng San Francisco.

Hindi na bago sa akin ang mga hamong kinakaharap ng San Francisco; naranasan ko mismo ang mga ito. Matapos paslangin ang aking 13 taong gulang na pinsan sa Bayview-Hunters Point, inilaan ko ang aking buhay sa pampublikong serbisyo.

Bilang Komisyoner ng Lungsod, pinangunahan ko ang paggawa ng mahigit 1,000 abot-kayang tahanan at ipinanumbalik ko ang $50M sa pagpapaunlad ng komunidad.

Sa The Salvation Army, ako ay tumulong na doblehin ang mga serbisyo para sa walang tirahan, nagtayo ng pabahay na walang sangkot na droga, nanguna sa pagbangon mula sa COVID-19, at sumuporta sa maliliit na negosyong lumalaban sa kagutuman.

Tinulungan ko ang Golden State Warriors na gumawa ng 3,000 trabahong may sapat na sahod, pagandahin ang pampublikong sasakyan, at bumuo ng bagong kita ng Lungsod.

Nilabanan ko ang diskriminasyong pangkapaligiran, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng legal na aksyon laban sa mga korporasyong nagkubli ng impormasyon tungkol sa kontaminadong lupa sa Hunters Point Shipyard, at tumulong akong mapigilan ang pagpasok ng mapandiskriminang Stop and Frisk (Pagpapahinto at Pagkakapkap) na pagpapatupad ng batas sa San Francisco.

Pinangunahan ko ang muling pagbuhay ng kultura sa Bayview Opera House bilang Ehekutibong Direktor, na nagpapalago sa sining, kultura, at pagpapaunlad ng ekonomiya.

Ang Distrito 10 ay maaaring maging sentro para sa mga trabaho at inobasyon, abot-kayang pabahay nang walang pagpapaalis, malilinis na lansangan at parke, tunay na pagpapatupad ng batas sa komunidad, mas maayos na pampublikong sasakyan, at malinis na hangin.

Mga Pag-endorso:
Tenyente Gobernador Eleni Kounalakis
Ingat-Yaman ng Estado Fiona Ma
Kongresista Kevin Mullin
Senador Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani
Mayor London Breed
Dating Mayor Willie Brown
Mga Superbisor Stephen Sherill, Danny Sauter, Matt Dorsey, at Bilal Mahmood
SEIU Local 87 Janitors
United Commercial Food Workers
Koalisyon para sa Aksiyon sa Pabahay

TheoEllington.com

*Theo Ellington*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 10

## J.R. EPPLER

**Ang aking trabaho ay** Abogado ng Maliliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang susunod na Superbisor ng Distrito 10 ay dapat maghatid ng resulta para sa ating mga kapitbahay. Sa loob ng mahigit isang dekada, nakipagtulungan ako sa mga residente sa buong distrito upang malutas ang mga problema, bumuo ng mga alyansa, at pagandahin ang kalidad ng ating buhay.

Bilang isang abogado ng mga maliit na negosyo, tinulungan ko ang mga mangangalakal at nonprofit na harapin ang mga kumplikadong legal na isyu. Naglingkod ako bilang Presidente ng Potrero Boosters Neighborhood Association at sa mga lupon ng Friends of the Dogpatch Community Hub at Potrero-Dogpatch Merchants Association.

Nakamit ko ang mga sumusunod na resulta:

- Pagdami ng abot-kayang pabahay sa Bayfront.
- Pagtataguyod ng 55 at 15 Muni route.
- Pagkuha ng pondo para sa mga ligtas na lansangan, pampublikong sasakyan, parke, at pasilidad sa komunidad.

Bilang inyong Superbisor, itataguyod ko ang inyong mga priyoridad:

- Isang nakatuon sa komunidad na pamamaraan sa pabahay na nagsisilbi sa mga nagtatrabahong pamilya.
- Pampublikong kaligtasan batay sa mga nasubok nang taktika para sa pagbabawas ng krimen, tulad ng pagpapatupad ng batas sa komunidad at mga rumorondang patrolya.
- Maaasahang pampublikong sasakyan na nagkokonekta ng ating distrito sa iba pang bahagi ng San Francisco.
- Matitibay na pampublikong pasilidad tulad ng mga aklatan, parke, at sentrong pangkomunidad.

Ang Distrito 10 ang aking tahanan. Dito namin pinapalaki ng aking asawa ang aming anak na lalaki na isang estudyante sa SFUSD. Itataguyod ko ang inyong pamilya gaya ng pagtataguyod ko sa aking sariling pamilya.

Ikalulugod kong maglingkod bilang inyong Superbisor at isasakatuparan ko ang mga kumpleto, masigla, at magkakaugnay na kapitbahayan na karapat-dapat na magkaroon ang Distrito 10.

Sumali sa aming kampanyang nakabatay sa komunidad at pinapangunahan ng komunidad sa jreppler.com.

*J.R. Eppler*

## ELLSWORTH "ELL" M. JENNISON, JR.

**Ang aking trabaho ay** Karpintero.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
— PANATILIHING BUKAS ANG MGA BUKAS NA ESPASYO

— IPASURI ANG PIER 68 KUNG MAY KONTAMINASYON AT MAGTALAGA NG SUPER FUND KUNG NAAANGKOP.

LUMIPAT AKO SA SAN FRANCISCO NOONG 1977. ITO ANG NAGING TAHANAN KO DAHIL SA GANDA NG LUNGSOD AT MGA MAMAMAYAN. PARA SA AKIN, ANG DIWA NG ATING LUNGSOD AY ANG LOOK. TUMIRA AKO SA ISANG BANGKANG NAGSISILBING TAHANAN SA INDIA BASIN SA KAPITBAHAYAN NG HUNTERS POINT MULA 1980.

MAYROONG LUPAIN SA PALIGID NG LOOK NA HINDI PA NAPAPAUNLAD.

ANG ARI-ARIAN SA KAHABAAN NG INNES AT ARIELEOUS WALKER AVENUE. MAAARI ITONG GAWING WORLD-CLASS NA PARKE. MAAARI ITONG LAGYAN NG LANDSCAPE AT IRIGASYON GAMIT ANG UMIIRAL NANG NATURAL NA BUKAL. MAKAKAPAGBIGAY ITO NG LUBOS NA KINAKAILANGANG MALUWAG NA ESPASYO NA MA-ENJOY NG LAHAT NG MAMAMAYAN. HIGIT SA LAHAT, MAGSISILBI ITONG TIRAHAN UPANG MAMUGAD ANG MGA IBON AT IBA PANG WILDLIFE.

KAPAG INILIPAT NA ANG P.G. AND E TRANSMISSION FACILITY, DAPAT NA RING GAWING PARKE ANG ARI-ARIANG IYON.

*Ellsworth "Ell" M. Jennison, Jr.*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 10

## MIKE TROUBLE LIN

**Ang aking trabaho ay** Konsultant ng Maliliit na Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Iboto si Mike, numero 2
Speak Now upang dalhin si Taylor Swift
sa San Francisco

votemikelin@gmail.com | Instagram: @votemikelin | linktr.ee/votemikelin

*Mike Trouble Lin*

## JESSICA PESSECOW

**Ang aking trabaho ay** Legal na Kinatawan / Nurse / Tagapagtatag / Ambassador ng Brand / Boluntaryo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang aking mga kuwalipikasyon ay: sa aking kaalaman, ako lang ang kandidato sa Distrito 10 na regular na dumadalo sa mga pulong sa komisyon ng San Francisco City Hall at Lupon ng mga Superbisor – tingnan ang SF Gov TV o pumunta sa mga pulong. Ginagawa kong praktikal na aksyon ang pakikilahok para sa Distrito 10. Matapos pakinggan ang mga nasasakupan, itinataguyod ko ang mga oportunidad sa ekonomiya, pagtulong sa mga may-ari ng negosyo, mas murang pabahay, pagpapahusay sa transportasyon, pagpapabuti ng pangangalagang pangkalusugan, pagpapababa ng mga gastos sa mga bagay gaya ng tiket sa paradahan at mga permit, at pagbibigay ng mga solusyon upang matugunan ang mga krisis sa kawalan ng tirahan, kundisyon sa kapaligiran, at kundisyon sa kalinisan. Nakatuon ako sa pagkakaroon ng pondo para sa imprastruktura sa kapitbahayan sa Jackson Playground Park at sa MLK Jr Pool, at iba pang serbisyo, kasama ang Zuckerberg San Francisco General Hospital. Bukod pa rito, ginawa ko ang https://gov-central-jpessecow.replit.app, isang website na nagpapadali sa mga serbisyo ng pamahalaan, impormasyon sa badyet, mga mapagkukunan sa immigration, gabay sa California ID, mga trabaho sa pamahalaan, mga kaganapan sa lungsod, ang Epstein files, at mga paraan upang makipag-ugnayan sa mga inihalal na kinatawan. Ang layunin ay gawing mas madaling magamit, mas tapat, at tumutugon ang pamahalaan. Sumali ako sa programang Adopt-A-Street. Higit sa lahat, ang aking karanasan sa teknolohiya at pagtulong sa mga taong mula sa iba't ibang pinagmulan ang gumagabay sa aking gawain upang makabuo ng higit na kapayapaan, tiwala, at akses sa ating distrito. Iboto kami upang mapaganda ang ating komunidad!

*Jessica Pessecow*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 10

## SHAWN M. RICHARD

**Ang aking trabaho ay** CEO / Ehekutibong Direktor.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Shawn M. Richard, Kandidato para sa pagiging Superbisor ng Distrito #10
May mahigit 31 taon ng dedikadong serbisyo sa komunidad ng Bayview, nakatuon si Shawn M. Richard sa pagtugon sa mga kritikal na isyu gaya ng karahasan sa kabataan, edukasyon, at kawalan ng tirahan. Bilang tagapagtatag at lider ng Brothers Against Guns, aktibong nagsikap si Shawn upang mabawasan ang karahasan sa kabataan, na nagpapatibay ng mas ligtas na kapaligiran para sa ating mga anak at pamilya.

Sa pamamagitan ng kanyang mga walang sawang pagsisikap, nabigyang-kakayahan niya ang maraming kabataang lalaki at babae sa pamamagitan ng paggawa ng mga oportunidad sa trabaho at pagsusulong sa pagpapaunlad ng puwersang manggagawa. Naniniwala si Shawn na karapat-dapat ang bawat indibidwal sa pagkakataong magtagumpay at nabubuo ang matatatag na komunidad sa pundasyon ng oportunidad sa edukasyon at ekonomiya.

Dahil sa kanyang karanasan at malasakit para sa serbisyo sa komunidad, siya ay natatanging kuwalipikado upang kumatawan sa Distrito #10. Dahil sa napatunayang karanasan sa pamumuno at adbokasiya, nakahanda si Shawn na harapin ang mga hamong kinakaharap ng ating mga kapitbahayan at magsikap tungo sa mas magandang kinabukasan para sa lahat ng residente.

Iboto si Shawn M. Richard bilang Superbisor ng Distrito #10 – isang lider na dedikado sa paggawa ng makabuluhang pagbabago sa ating komunidad.

*Shawn M. Richard*

## Hindi kayang pumunta sa lugar ng botohan?

## Nasa ospital o isang pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan?

## Kailangan ng tulong para sa pagbabalik ng inyong balota?

Kung ikaw o mayroon kayong kakilala na hindi kayang umalis ng kanilang bahay o na-ospital at kailangan ng tulong sa pagboto, ang Departamento ng mga Eleksyon ay maaaring magbigay ng mga personalisadong serbisyo na paghahatid at/o pagkuha ng inyong balota.

Upang hilingin ang serbisyong ito, mangyaring tumawag sa (415) 558-6104 o mag-email sa **sfvote@sfgov.org**.

Ang aming pangkat ay handang sumuporta sa inyo.

# Panukala sa Panrehiyong Transportasyon – RTM

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Upang mapigilan ang malalaking pagbawas sa serbisyo ng BART at iba pang transportasyon, iwasan ang mas malalang trapiko, at bawasan ang polusyon sa pamamagitan ng: Pagpapanatili sa BART, Caltrain, VTA, SamTrans, AC Transit, Muni, iba pang transportasyong para sa lahat, kabilang ang mga manggagawa, estudyante, nakatatanda, mga taong may mga kapansanan; Pagsuporta sa kaligtasan, kalinisan, pagiging abot-kaya, pagkamaaasahan ng transportasyon; Pagkukumpuni sa mga target na kalsada/lubak; Pag-aatas ng kalinawan, pagbabantay, pananagutan sa pananalapi; dapat bang pagtibayin ang panukalang nagpapatibay ng 0.5% (mga county ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, Santa Clara), at 1% (San Francisco) buwis sa pagbebenta sa loob ng 14 na taon na makakalikom ng humigit-kumulang $980,000,000 taon-taon?

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo mula sa lahat ng botong inihain sa limang county ng Bay Area para maipasa.**

## Walang-pinapanigang pagsusuri ng legal na abogado sa distrito ng panukala sa kita ng pampublikong transportasyon ng panukala sa panrehiyong transportasyon

Ang panukalang ito ay inilagay sa balota sa pamamagitan ng inisyatiba ng botante, na nilagdaan ng kinakailangang bilang ng mga botante sa loob ng Distrito ng Panukala sa Kita ng Pampublikong Transportasyon (″Distrito″).

Ang Distrito ay ginawa ng Lehislatura sa pamamagitan ng Panukalang-batas ng Senado 63 (″SB 63″) noong 2025 (mga seksyon 67700-67788 ng Kodigo ng Pamahalaan), na pinagtibay upang mapreserba at mapahusay ang serbisyo ng pampublikong transit sa San Francisco Bay Area. Ang Distrito ay binubuo ng mga county ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, at Santa Clara, at ng Lunsod at County ng San Francisco, at pinapamahalaan ng parehong lupon na namamahala sa Metropolitan Transportation Commission (″MTC″). Pinapahintulutan ng SB 63 ang mga botante ng Distrito na aprubahan ang buwis sa mga transaksyon sa pagtitingi at paggamit (karaniwang tinatawag na buwis sa pagbebenta) para sa mga tinukoy na layunin.

Ang panukalang ito ay magpapataw ng buwis na 0.5% sa mga county ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, at Santa Clara at 1.0% sa Lunsod at County ng San Francisco. Ipapataw at kokolektahin ang buwis sa halos parehong paraan tulad ng buwis sa pagbebenta na ipinapataw ng estado. Magkakaroon ng bisa ang buwis sa loob ng 14 na taon at hindi ito ibibilang sa limitasyon ayon sa batas sa pinagsamang mga lokal na antas ng buwis sa pagbebenta.

Tinatayang makakalikom ang buwis ng humigit-kumulang $980 milyon kada taon. Pagkatapos bayaran ang mga tinukoy na gastos, kasama na ang mga gastos sa halalan at gastusin sa pangangasiwa, dapat ilipat ng Distrito ang lahat ng natitirang kita sa MTC at mga ahensya ng transportasyon ng county para sa pamamahagi at paggastos alinsunod sa mga porsyentong itinakda sa panukala, na nag-iiba-iba ayon sa county at tatanggap. Kasama sa mga tatanggap ang BART, Muni, Caltrain, AC Transit, Awtoridad sa Transportasyon ng Santa Clara Valley, San Francisco Bay Ferry, Golden Gate Transit, mas maliliit na tagapagpatakbo ng bus sa mga County ng Alameda at Contra Costa, at mga ahensya ng transportasyon ng county. Susuportahan din ng mga kita ang mga libre at binawasang gastos sa paglipat ng sasakyan, pagpapalawak ng programa ng binawasang pamasahe na Clipper START, mga programa para sa aksesibilidad, mga priyoridad na proyekto at programa sa pagmamapa at paghahanap ng madadaanan at masasakyan, at mga proyekto sa muling pag-aspalto para sa mga kalsada na pinaglilingkuran ng transit na hindi nagbabago ang ruta.

Habang ipapataw ang buwis sa buong Distrito, mag-iiba-iba ang alokasyon ng kita na malilikom sa bawat county, at ang mga pinapahintulutang paggamit ng mga pondong iyon. Halimbawa, 64.70% ng lahat ng kitang nalikom sa County ng Alameda ang ilalaan sa BART para sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng transit. Sa kabilang banda, 84.37% naman ng lahat ng kitang nalikom sa County ng Santa Clara ay ilalaan sa Awtoridad sa Transportasyon ng Santa Clara Valley para sa mga gastusin sa pampublikong transit at mga proyekto ng muling pag-aspalto ng kalsada sa mga kalsada na pinaglilingkuran ng transit na hindi nagbabago ang ruta. Ang mga ganoong proyekto ng muling pag-aspalto ay mga pinapahintulutang paggamit ng mga kita mula sa panukala sa mga county ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, at Santa Clara, pero hindi papahintulutan sa Lunsod at County ng San Francisco. Ang alokasyon ng kita ay itinakda sa Seksyon 12 ng panukala.

Mapapailalim ang mga kita sa buwis sa mga kinakailangan sa pananagutan sa SB 63, na nag-aatas sa BART, Muni, AC Transit, at Caltrain na sumailalim sa mga pagsusuri sa pagiging mahusay sa pananalapi at magpatibay

ng mga plano sa pagpapatupad at pinapahintulutan ang MTC na mag-withhold ng mga pondo mula sa alinman sa mga tagapagpatakbo na iyon para sa hindi pagsunod. Ang panukalang ito ay mangangailangan din ng independiyenteng nangangasiwang komite upang suriin kung naipapamahagi ang lahat ng kita ayon sa kinakailangan.

Magkakabisa ang buwis kung aaprubahan ng mayorya ng mga boboto sa panukala sa kabuuan ng Distrito.

Ang pagboto ng ″oo″ ay isang boto upang pagtibayin ang buwis na inilalarawan sa itaas sa loob ng 14 na taon.

Ang pagboto ng ″hindi″ ay isang boto upang hindi pagtibayin ang buwis.

/p/ Kathleen Kane

Legal na Abugadang Tagapayo para sa Distrito ng Panukala sa Kita ng Pampublikong Transportasyon

## Paano Nakasama ang "RTM" sa Balota

Noong Mayo 26, 2026, isinumite sa mga opisyal ng eleksyon sa mga county ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, at Santa Clara, gayundin sa Lungsod at County ng San Francisco, ang “Connect Bay Area Transit Initiative.” Kasama sa petisyon ang 306,288 hindi pa nabeberipikang lagda. Ayon sa batas ng estado, kinakailangan ang 187,119 na balidong lagda upang maging kuwalipikado ang inisyatiba para maisama sa balota. Ang bilang na ito ay katumbas ng 5% ng kabuuang bilang ng mga rehistradong botante sa loob ng Distrito. Ipinakita ng isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga tagapagtaguyod ng petisyon para sa inisyatiba na tinatayang 235,503 lagda ang balido. Dahil mas mataas ang bilang na ito kaysa sa hangganang 205,831 lagda, na kumakatawan sa 110% ng kinakailangang bilang ng mga lagda, napatunayang sapat ang petisyon. Noong Hulyo 1, 2026, pinatunayan ng Opisyal ng mga Eleksyon ng Distrito na naglalaman ang petisyon ng sapat na bilang ng mga balidong lagda upang maging kuwalipikado para sa balota sa Nobyembre 3, 2026.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon (Regional Transit Measure, RTM)

Dumedepende ang San Francisco sa pampublikong transportasyon para mapanatiling kanais-nais ang paninirahan sa lungsod, mapalakas ang ating ekonomiya, at maikonekta ang mga komunidad. Kapag maayos ang pampublikong transportasyon, nasusuportahan ang mga lokal na negosyo, nababawasan ang trapiko, gumaganda ang kalidad ng hangin, at natitiyak na nakakarating ang lahat sa kanilang pupuntahan sa abot-kayang paraan — mga pamilya, nakatatanda, taong may kapansanan, mag-aaral, at manggagawa.

Ngayon, nahaharap ang pampublikong transportasyon sa Bay Area sa isang mahalagang punto ng pagbabago. Kung walang bagong pondo mula sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon, makakaranas tayo ng malalaki at matitinding pagbabawas sa Muni, BART, at Caltrain — na magpapaurong sa ating pag-unlad nang ilang dekada.

Kung wala ang panukalang-batas na ito, puwedeng bawasan ng Muni ang serbisyo nang hindi bababa sa 30%, kanselahin ang hindi bababa sa 20 ruta ng bus, wakasan ang regular na serbisyo sa gabi, alisin ang serbisyo ng cable car, at bawasan ang diskwento sa pamasahe ng mga bulnerableng populasyon. Puwedeng isara ng BART ang 15 istasyon, kasama ang Colma, San Bruno, at South San Francisco, at bawasan nito ang serbisyo nang 70%. Puwedeng bawasan ng Caltrain at gawin nitong isang tren bawat oras ang serbisyo, at hindi na ito tumakbo tuwing weekend.

Makakaapekto ang mga kahihinatnan sa lahat, na mas magdudulot ng pasanin sa pag-commute, magpapahirap sa mga nakatatanda at nagtatrabahong pamilya, at magpapabagal sa pagbangon ng ekonomiya ng Lungsod. Libu-libong tao ang mapipilitang makipagbunuan araw-araw sa ating masisikip nang kalsada, freeway, at tulay, na mas magpapalala sa polusyon sa hangin, magpapaaga at magpapahaba sa trapiko, at magreresulta sa mas maraming oras sa daan at mas kaunting oras sa bahay kasama ang ating mga pamilya.

Poprotektahan ng Panukala sa Panrehiyong  Transportasyon ang serbisyo ng Muni, habang pinapangalagaan ang panrehiyong pampublikong transportasyon na nagdadala ng mga manggagawa, customer, mag-aaral, at bisita sa San Francisco araw-araw.

Poprotektahan ng Panukala sa Panrehiyong Transportasyon ang pampublikong transportasyon habang humihiling ng mga investment sa lokal na transportasyon — nang may mabigat na pananagutan at mahusay na pagsubaybay na nag-aatas sa malalaking ahensya ng pampublikong transportasyon na ipakita ang kanilang natitipid para patuloy na makatanggap ng nakalaang pondo sa operasyon. At hindi nito bubuwisan ang upa, mga utility, inireresetang gamot, o karamihan ng mga bilihin.

Samahan kami at Bumoto ng Oo sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon: www.ConnectBayArea.com

*Mayor Daniel Lurie*
*Senador Scott Wiener*
*Abogado ng Lungsod David Chiu*
*Partidong Demokratiko ng San Francisco*
*League of Women Voters of the Bay Area*
*Brandy Blau, Nurse sa Zuckerberg San Francisco General Hospital**
*Lian Chang, Transit Advocate*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon (Regional Transit Measure, RTM)

Sinasabi ng mga nagpapanukala na nahaharap ang mga sistema ng pampublikong transportasyon ng Bay Area, kasama ang SFMTA, sa napipintong pagbagsak. Nagmumula ang deficit sa badyet sa isang gawa-gawang krisis.

Iginigiit ng mga nagpapanukala na kailangan ng kita para mapanatili ang mga operasyon sa ilalim ng framework ng Panukala sa Panrehiyong Transportasyon. Gayunpaman, ang pagbibigay sa mga ahensiya ng pampublikong transportasyon ng hindi mapananagutan na garantisadong blangkong tseke ay nag-aalis ng anumang insentibo sa reporma sa istruktura.

Noong pandemya, nagbigay ang SFMTA ng dagdag na sahod sa mga kawani. Hindi nagawang iayon ang mga antas ng serbisyo sa pangangailangan ng mga pasahero. Na halos 15% pa ring mas mababa kaysa noong bago ang pandemya. At patuloy na iniiwasang magpatupad ng pagbabago sa istruktura na mag-aalis sa kakulangan. Gayunpaman, hindi ito nakakaapekto sa serbisyo.

Hindi pa nakukuha ng SFMTA ang tiwala ng mga San Franciscan para humingi ng mas maraming pera sa balota. Hindi nasagot ng mga kawani ng SFMTA ang mga tanong tungkol sa badyet. Kung hindi kaya ng SFMTA na maging bukas at malinaw, at linisin ang sarili nilang kalat bago humingi ng mas maraming pera. Bakit dapat silang pagkatiwalaan ng mga botante ng mas maraming pera?

Ang kahihinatnan ng Panukala sa Panrehiyong Transportasyon ay pagkuha ng pera sa mga sahod na pinaghirapan ng mga residente ng San Francisco. Sa panahon kung kailan dumadaing sa malaking gastos sa araw-araw ang mga mismong tao na nagmumungkahi sa panukalang-batas na ito. Bakit dapat maramdaman ng mga San Franciscan na obligado silang sagipin ang SFMTA sa mali at labis na paggasta ng pera?

Ang pagboto ng HINDI ay hindi kontra sa pampublikong transportasyon; isa itong demand para sa pananagutan. Humingi ng Mga Solusyon Bago Magpondo. Atasan ang SFMTA na balansehin ang kanilang badyet. Nang hindi umaasa sa mga San Franciscan na sagipin sila.

Bumoto ng HINDI sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon.

Alamin pa sa https://nonewtransittax.com/solutions/

*Griffin Lee, Lider ng Pulisya sa ConnectedSF*

## Argumento ng Katunggali Laban sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon (Regional Transit Measure, RTM)

**Sa bagong buwis sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon (RTM), hindi na magiging abot-kaya ang buhay sa San Francisco. Bumoto ng HINDI!**

**Magastos nang manirahan sa San Francisco.** Halos hindi na kayang mabuhay ng mga pamilyang manggagawa. **Lalo pa itong papalalain ng Buwis sa RTM:**

- Patuloy na tumataas ang presyo ng mga bilihin, utility, at upa.
- Lahat ay magbabayad ng buwis na ito araw-araw, sa karamihan ng mga bilihin.
- Bubuwisan ang mga pangangailangan gaya ng mga inihanda nang **pagkain, damit,** pagkain para sa alagang hayop, at over-the-counter na **gamot.**
- **Mga nakatatanda, mag-aaral, may kapansanan, at kapitbahay na may mababang kita ang pinakamaaapektuhan.**

**Masyado nang Mataas ang Sales Tax sa San Francisco.**

- Ang RTM ang **PINAKAMALAKING PAGTAAS NG SALES TAX sa kasaysayan ng San Francisco.**
- Ang RTM ay isang **BAGONG BUWIS** na magtataas sa rate ng Sales Tax ng San Francisco sa **9.625%.**
- Magbabayad kayo ng kabuuang Sales Tax na humigit-kumulang $1.00 para sa bawat $10.00 ng inihandang pagkain at halos $100 para sa isang $1,000 na smartphone. Sobra na iyon!
- Habang nahihirapan ang lokal na maliliit na negosyo, puwedeng magtaboy ang Buwis sa RTM ng mga customer at **mabawasan ang mga trabaho.**

**Masyadong Malaki** ($14,000,000,000.00) **at Masyadong Matagal** (14 na taon) **ang bagong Buwis sa RTM:**

- Makakalikom ang Buwis sa RTM ng humigit-kumulang isang Bilyong Dolyar kada taon **hanggang 2041.**
- Hindi patas na magbabayad ang San Francisco ng doble ng tax rate ng ibang county.

**Hindi ninyo dapat pagkatiwalaan ang BART, Muni, at Caltrain ng mas maraming pera:**

- Nagbabayad na kayo sa BART, Muni, at Caltrain ng $100,000,000.00 na sales tax, property tax, at bridge toll kada taon — na bukod pa sa pamasahe kung sumasakay kayo ng pampublikong transportasyon.
- **Maling-mali ang pamamahala** sa mga ito. Nagbigay ang BART at Muni ng sahod/benepisyo na mahigit $250,000 sa 539 at 338 empleyado, sa ganoong pagkakasunud-sunod noong 2024. Kukuha ang Buwis sa RTM sa inyong bulsa para magkaroon ng laman ang kanila.
- Sinasabi ng BART na wala na itong pera. Pero may itinatayong **hindi kailangang** $13,000,000,000.00 na extension na may 4 na bagong istasyon.
- Tumaas nang 729% ang subsidy ng nagbabayad ng buwis ng BART para sa bawat pasahero mula 2019-2024.
- Hindi ninyo dapat sila bigyan ng mas maraming pera hangga't hindi nila itinitigil ang kanilang **maaksayang paggasta.**

**Bumoto ng HINDI sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon!**

**NoNewTransitTax.com**

*Quentin L. Kopp,*
*Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Panukala sa Panrehiyong Transportasyon (Regional Transit Measure, RTM)

Hindi maikakaila — na ang matinding pagbabawas ng serbisyo sa BART, Caltrain, at MUNI ay makakaapekto sa ating lahat sa San Francisco — na magpapalala sa trapiko at magpapahirap sa mga opsiyon at koneksiyon sa transportasyon para sa daan-daang libong residente ng Bay Area.

Suriin ang MGA DETALYE at huwag magpalinlang sa mga kalahating katotohanan at pagmamalabis.

DETALYE: Huwag magpalinlang — HINDI bubuwisan ng Panukala sa Panrehiyong Transportasyon ang upa, mga utility, inireresetang gamot, o karamihan ng mga bilihin.

DETALYE: Bago suportahan ang Panukala sa Panrehiyong Transportasyon, tiniyak ng mga grupo sa negosyo at lokal na lider na may mabigat na pananagutan at mahusay na pagsubaybay sa panukalang-batas — dapat ipakita ng BART at MUNI ang matitipid para makatanggap ng nakalaang pondo sa operasyon.

DETALYE: Batay sa detalyadong pagsusuri, malinaw ang sinabi ng mga ahensya ng pampublikong transportasyon — Kung wala ang panukalang ito, puwedeng makaranas ang Muni ng matinding pagbabawas sa serbisyo, makansela ang 20 ruta ng bus, wakasan ang regular na serbisyo sa gabi, at bawasan ang diskwento sa pamasahe para sa mga bulnerableng populasyon. Puwedeng isara ng BART ang 15 istasyon, kasama ang Colma, San Bruno, at South San Francisco, at bawasan nito ang serbisyo nang 70%. Puwedeng bawasan ng Caltrain at gawin nitong isang tren bawat oras ang serbisyo, at hindi na ito tumakbo tuwing weekend.

DETALYE: Kung wala ang panukalang ito, mas hahaba at mawawalan ng kasiguraduhan ang mga pag-commute dahil mapupuwersa ang mga taong dumedepende sa pampublikong transportasyon sa mga siksikan nang kalye at highway ng lungsod.

DETALYE: Sinusuportahan ng mga nagbabayad ng buwis sa buong San Francisco ang Panukala sa Panrehiyong Transportasyon, kasama ang mga stakeholder na hindi palaging sumasang-ayon — mga grupo sa negosyo, paggawa, kapaligiran, at komunidad.

BUMOTO NG OO sa RTM para mapanatili ang kalidad ng buhay sa Bay Area para sa mga susunod na henerasyon: www.ConnectBayArea.com

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Jackie Fielder*
*Superbisor Bilal Mahmood*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Danny Sauter*
*Superbisor Stephen Sherrill*
*Dating Kontroler ng Lungsod Ben Rosenfield*
*San Francisco Firefighters Local 798*
*San Francisco Senior & Disability Action*
*Mga Sumasakay sa Transportasyon sa San Francisco*
*Alice B. Toklas LGBTQ Democratic Club*
*Konseho ng mga Mangangalakal ng San Francisco*

# Mga Karapatan sa Pagboto ng mga Hindi Mamamayan sa Nobyembre 3, 2026 Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon

Ipinaaalam ng Departamento ng mga Eleksyon sa mga hindi mamamayang magulang ng mga batang naninirahan sa San Francisco na maaari na sila ay elehibleng bumoto sa eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon sa San Francisco.

Ang susunod na Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon ay sa Nobyembre 3, 2026.

Ang mga residenteng hindi mamamayan ay elehibleng magparehistro at bumoto sa eleksyong ito kung sila ay:

- Naninirahan sa San Francisco at walang palanong lumipat ng tirahan bago mag Nobyembre 3, 2026;
- may edad na 18 taon sa Nobyembre 3, 2026;
- isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapag-alaga ng isang batang naninirahan sa San Francisco na wala pang 19 na taong gulang sa Nobyembre 3, 2026;
- hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan dahil sa pagkakahatol sa isang krimen;
- hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto.

Para alamin pa ang tungkol sa elehibilidad at kung papaano makilahok, bumisita sa **sfelections.gov/ncv**, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa **(415)558-6104**, o mag-email sa **sfvote@sfgov.org**.

# Impormasyon Tungkol sa mga Lokal na Panukala sa Balota at mga Argumento

**Alinsunod sa lokal na batas, ang pamplet na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon kaugnay ng mga lokal na panukalang nasa balota:**

1. Ang pagkakakilanlan ng bawat panukala ayon sa titik at pamagat,
2. Pahayag o tanong ng Abogado ng Lungsod,
3. Ang digest (buod) mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota,
4. Ang pagsusuring pinansiyal ng Kontroler,
5. Isang paliwanag kung paano naging kuwalipikado ang panukala upang maisama sa balota,
6. Mga argumento na isunumite sa Departamento,
7. Ang mga legal na teksto ng bawat panukala ay kasama sa Ingles na bersyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, at
8. Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng San Francisco Municipal Elections Code (SFMEC) §500

**Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa lokal na panukalang nasa balota:**

1. Isang argumento ng may-panukala na pinili alinsunod sa SFMEC §545 at ililimbag ng walang bayad,
2. Isang argumento mula sa katunggali na pinili alinsunod sa SFMEC §545 at ililimbag ng walang bayad,
3. Isang pagsagot o rebuttal sa bawat panukala ng may-panukala o argumento ng mga katunggali, na pinili alisunod sa SFMEC §550 at ililimbag ng walang bayad.
4. Anumang bayad na argumento, na isinumite alinsunod sa SFMEC §555-570. (Lahat ng mga argumentong bayad na pabor sa isang panukala ay magkakasamang ililimbag, kasunod ng lahat ng argumentong tumututol sa panukalang iyon. Lahat ng mga argumento ay pawang mga opinyon ng kanilang mga may-akda at naililimbag ayon sa pagkakasumite, kabilang ang anumang kamalian sa pag-type, pagbaybay o gramatika).

# Ang Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

Ang Konseho sa Pagpapasimple ng Balota (dating Komite sa Pagpapasimple ng Balota) ang sumusulat ng mga buod ng mga lokal na panukalang nasa balota. Inililimbag namin ang kanilang mga pinal na buod sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Kabilang sa mga kasalukuyang miyembro ng Konsehong ito:

**Betty Packard**, Tagapangulo
Hinirang ng Lupon ng mga Superbisor

**Ruth Grace Wong**
Hinirang ng Lupon ng mga Superbisor

**Barbara Bella**
Hinirang ng Mayor

**Craig Paxton**
Hinirang ng Mayor

**Jeannie Pon**
Hinirang ng Superintendente ng mga Paaralan ng San Francisco Unified School District

**Ana Flores**, batay sa katungkulan*
Katuwang na Abogado ng Lungsod

**Michael Gerchow**, batay sa katungkulan*
Katuwang na Abogado ng Lungsod

**Jesse Mainardi**, ex officio*
Katuwang na Abogado ng Lungsod

*Ayon sa batas, ang Abogado ng Lungsod o mga kinatawan mula sa Tanggapan ng Abogado ng Lungsod ay maaaring magsalita sa mga pulong ng Konseho ngunit hindi maaaring bumoto.

# Mga Salitang Dapat Mong Malaman

## Mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Abot-kayang Pabahay:** Inilalarawan ang pabahay bilang abot-kaya para sa mga sambahayang may mababa at, sa ilang sitwasyon, katamtamang kita. Ang mga upa o presyo ng pabahay na ito ay karaniwang naglalayon para sa mga sambahayan na magbayad ng humigit-kumulang 30% ng kanilang kita tungo sa gastusin sa pabahay. (Proposisyon I)

**Median na Kita sa Lugar:** Isang antas ng kita na inilalathala ng Tangggapan para sa Pabahay at Pag unlad ng Komunidad ng Mayor para sa San Francisco na batay, sa ilang bahagi, sa lahat ng kinikita sa Departamento para sa Pabahay ng Estados Unidos at Urban Development Metro Fair Market Rent Area na sumasaklaw sa San Francisco, at ina-adjust batay sa mga makasaysayang trend sa paglaki ng kita para sa San Francisco. Noong 2026, ang median na kita para sa mga sumusunod na porsiyento at laki ng pamilya ay:

| | 1 Tao | 2 Tao | 3 Tao | 4 na Tao |
|---|---|---|---|---|
| 30% ng Median na Kita (Talagang Napakaliit ng Kita) | $34,050 | $38,900 | $43,750 | $48,650 |
| 50% ng Median ng Kita (Napakaliit ng Kita) | $56,750 | $64,850 | $72,950 | $81,050 |
| 80% ng Median na Kita (Maliit ang Kita) | $90,750 | $103,750 | $116,700 | $129,700 |
| 120% ng Median na Kita (Katamtaman ang Kita) | $136,150 | $155,650 | $175,100 | $194,500 |

(Proposisyon C)

**Mga Departamento ng Sining:** Mga departamento para sa charitable trust na nakatakda sa Karta ng San Francisco Seksyon 5.101, kasama ang The Asian Art Museum of San Francisco, The Fine Arts Museums of San Francisco, at ang War Memorial and Performing Arts Center. (Proposisyon E)

**Lupon o Komisyon:** Isang lupon na binuo at pinahintulutan sa pamamagitan ng Karta o ordinansa na gampanan ng ilang partikular na tungkulin ng pamahalaan, na may mga miyembro na karaniwang itinatalaga. Para sa pagpapayo ang ilan sa mga lupong ito. (Proposisyon A, F)

**California Coastal Act (Batas sa Baybaying-Dagat ng California):** Batas ng Estado na namamahala sa paggamit ng lupain sa coastal zone (sonang baybaying-dagat), kung saan kasama ang parehong lupain at katubigan sa kahabaan ng baybayin ng California. (Proposisyon G)

**Base Rent (Batayang Upa):** Ang hindi nagbabagong halaga ng upa na dapat bayaran ng isang nangungupahan sa isang landlord sa ilalim ng isang kontrata sa pag-upa. (Proposisyon H)

**Karta o Tsarter:** Ang Karta o Tsarter ay ang Saligang-batas ng Lungsod na pinagtibay ng mga botante ng San Francisco, na nagtatakda sa kung paano pinapamahalaan ang Lungsod. Mababago lang ang Karta sa pamamagitan ng mayorya ng mga boto sa San Francisco. (sa pangkalahatan)

**Amyenda sa Karta:** Isang pagbabago sa Karta ng Lungsod. Ang Karta ay ang Saligang-batas ng Lungsod. Mababago lang ang Karta sa pamamagitan ng mayorya ng mga boto. (sa pangkalahatan)

**Administrador ng Lungsod:** Taong itinatalaga ng Mayor at kinukumpirma ng Lupon ng mga Superbisor sa isang limang taon na termino na susubaybay ng mahigit 25 departamento at programa. (Proposisyon E)

**Hustisya sa Kapaligiran:** Ang pagprotekta sa mga tao mula sa mga hindi patas at hindi kanais-nais na epekto at panganib sa kalusugan ng tao at kapaligiran, kasama ang mga pagsisikap na tiyaking may mga proteksyon sa kapaligiran ang mga komunidad na dati nang hindi nabibigyan ng atensyon. (Proposisyon B)

**Mga Exempted na Departamento:** Kung maipapasa ang Proposisyon F, hindi ilalapat sa ilang departamento ang bagong awtoridad ng Mayor na mag-isang mag-hire o magtanggal ng mga pinuno ng departamento, kasama ang: Kontroler, Pantalan, Departamento para sa Pananagutan ng Pulisya, Lupon ng mga Paghahabol, Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng San Francisco, Komisyon sa Serbisyo Sibil, Departamento ng mga Eleksyon, Komisyon sa Etika, Sistema ng Serbisyo sa Kalusugan, Pangkalahatang Inspektor ng Siyerip,

Fine Arts Museums, Asian Art Museum, Departamento ng Human Resources, Administrador ng Lungsod (at mga departamentong nasa ilalim nito), Probation ng Nasa Hustong Gulang, at mga departamentong pinamumunuan ng iba pang inihalal na opisyal. (Proposisyon F)

**Fair Market Value:** ang presyong maipagbibili ang isang bagay sa open market kapag alam ng bumibili at nagbebenta ang lahat ng nauugnay na detalye at kusang-loob sila na makikipagtransaksyon. (Proposisyon J)

**Taon ng Pananalapi:** Ang 12 buwang panahon ng badyet ng Lungsod, na nagsisimula sa Hulyo 1 at nagtatapos sa Hunyo 30 ng susunod na taon ng kalendaryo. (sa pangkalahatan)

**Pangkalahatang Pondo:** Ang bahagi ng badyet ng Lungsod na puwedeng gamitin para sa anumang layunin ng Lungsod. Nagmumula ang pera para sa Pangkalahatang Pondo sa mga buwis at bayarin sa mga ari-arian, negosyo, benta, at iba pang mga pinagmulan. (sa pangkalahatan)

**Inisyatiba:** Panukala na inilalagay ng mga botante sa balota. Magagawa ng sinumang botante na maglagay ng inisyatiba sa balota sa pamamagitan ng pangongolekta sa kinakailangang bilang ng lagda ng mga rehistradong botante sa isang petisyon. (sa pangkalahatan)

**Paggamit ng Lokal na Negosyo:** Ang paggamit ng ilang economically disadvantaged na independiyente at lisensyadong negosyo na patuloy na nagpapatakbo sa Lungsod. (Proposisyon E)

**Municipal Railway (Muni, Pangbayang Riles):** Isang Dibisyon ng San Francisco Municipal Transportation Agency (SFMTA, Munisipal na Ahensya sa Transportasyon ng San Francisco). Ang SFMTA ay ang Departamento ng Lungsod na responsable sa pamamahala ng lahat ng transportasyong panlupa sa San Francisco, kasama ang Muni, parking at trapiko, kaligtasan ng mga naglalakad at nagbibisikleta, at sa pangangasiwa ng mga taxi. (Proposisyon H)

**Obsolete:** Hindi na ginagamit o hindi na kapaki-pakinabang. (Proposisyon A)

**Ordinansa:** Isang lokal na batas na ipinasa ng Lupon ng mga Superbisor o mga botante. (sa pangkalahatan)

**Parcel Tax (Buwis sa Parsela ng Lupa):** Buwis na batay sa nakatakdang halaga ng bawat yunit ng real estate property. (Proposisyon H)

**Patakaran:** Isang pangkalahatang plano sa mataas na antas na sumasaklaw sa mga pangkalahatang layunin at katanggap-tanggap na pamamaraan ng isang lupon ng pamahalaan. (Proposisyon D)

**Procurement:** Ang proseso ng pagkuha ng Lungsod ng mga produkto, serbisyo, o konstruksyon, kasama ang pagpaplano, paghingi, pagsusuri, pakikipagnegosasyon, at pagbibigay ng mga kontrata, pati ang pangangasiwa sa mga kontratang iyon. (Proposisyon E)

**Property Tax (Amilyar):** Buwis na sinisingil ng Lungsod sa mga gusali at lupain. (sa pangkalahatan)

**Proposisyon o Panukala:** Panukalang-batas na inihaharap sa mga botante para sa pag-apruba o hindi pag-apruba. (sa pangkalahatan)

# Proposisyon A – Mga Pagbabago sa Tsarter na Makaaapekto sa Iba't Ibang Departamento at Komisyon ng Lungsod

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang maiayon ito sa mga paraan kung paano kasalukuyang pinatatakbo ang ilang departamento nito, mabago ang ilang proseso, matanggal o muling maisaayos ang ilang komisyon at tagapayong pangkat, at maitakda sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang pag-amyenda sa mga batas na naaprubahan na ng mga botante, at sa gayon, maipatupad ang ilan sa mga pagbabagong ito?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Ang Tsarter ay ang saligang-batas ng Lungsod at ang nagtatakda sa organisasyon, mga kapangyarihan, at responsibilidad ng maraming departamento ng Lungsod. Ang Tsarter at ang iba pang batas na inaprubahan ng mga botante ay lumilikha rin ng maraming komisyon at lupon sa pagpapayo ng Lungsod, at naglalarawan sa kanilang mga kapangyarihan, tungkulin, panuntunan sa pagiging miyembro at pag-aalis, at kinakailangan sa pag-uulat.

Sa paglipas ng panahon, naging luma na ang ilan sa mga batas na ito.

Sa pamamagitan lang ng pag-apruba ng mga botante mababago ang Tsarter at ang karamihan ng mga batas na ipinasa ng mga botante.

**Ang Mungkahi:** Sa Proposisyon A, iaayon ang Tsarter sa kung paano kasalukuyang nagpapatakbo ang ilang departamento ng Lungsod, babaguhin ang ilang proseso, at aalisin o muling aayusin ang ilang partikular na komisyon at lupon sa pagpapayo. Aatasan ng Proposisyon A ang Lupon ng mga Superbisor na amyendahan ang mga batas na inaprubahan ng mga botante para maisakatuparan ang ilan sa mga pagbabagong ito.

Gagawin ng Proposisyon A ang mga sumusunod:

- babaguhin ang mga salita sa Tsarter para ipakita kung paano kasalukuyang nagpapatakbo ang ilang departamento ng Lungsod para mabigyang-linaw ang mga responsibilidad, at i-update ang mga panuntunan, pamamaraan, at kinakailangan sa pag-uulat.
- babaguhin ang ilang proseso. Halimbawa: papayagan na maaprubahan ang mga legal na kasunduan sa pamamagitan ng resolusyon sa halip na ordinansa.
- aatasan ang isang task force na magpulong kada sampung taon para magrekomenda ng mga pagbabago sa mga komisyon.
- aalisin o muling aayusin ang ilang partikular na komisyon at lupon sa pagpapayo sa pamamagitan ng, halimbawa: pag-aalis ng ilang komisyon at lupon sa pagpapayo, pagsasama-sama at pagpapalit sa pangalan ng ilang lupon sa pagpapayo, at paglipat ng ilang komisyon at lupon sa pagpapayo mula sa Tsarter patungo sa Kodigo ng Munisipyo.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong amyendahan ang Tsarter para iayon ito sa kung paano kasalukuyang nagpapatakbo ang ilang departamento ng Lungsod, baguhin ang ilang proseso, alisin o muling ayusin ang ilang komisyon at lupon sa pagpapayo, at atasan ang Lupon ng Mga Superbisor na amyendahan ang mga batas na inaprubahan ng mga botante para maisakatuparan ang ilan sa mga pagbabagong ito.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

## Pahayag ng Kontroler sa "A"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon A:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter, sa aking opinyon, magkakaroon ito ng katamtamang epekto sa paggasta ng pamahalaan, na makatitipid ng $365,000 hanggang $450,000 taun-taon. Ang mga dagdag na gastos at matitipid ay dedepende sa mga pasyang gagawin ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa normal na proseso ng badyet.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, (1) babaguhin ang mga lupon, komisyon, at lupon sa pagpapayo; (2) babaguhin ang mga operasyon ng departamento at kinakailangan sa pag-uulat; (3) babaguhin ang paraan ng pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor sa mga kasunduan o dismissal ng mga legal na paglilitis na inirerekomenda ng Abogado ng Lungsod; (4) aalisin ang mga probisyong nagpapahintulot ng disiplinaryong aksyon laban sa mga nagwewelgang empleyado na hindi Pulis at Bumbero; at (5) gagawa ng iba pang pag-eedit at pagbabago sa Tsarter at mga nakaraang ordinansa na inaprubahan ng mga botante. Puwedeng bawasan ng amyenda sa Tsarter ang tagal ng panahong kinakailangan ng staff para masuportahan ang mga lupon, komisyon, at lupon sa pagpapayo—na magbibigay sa mga kawani ng higit pang panahon na gawin ang iba pang tungkulin ng pamahalaan.

Sa iminumungkahing amyenda  sa Tsarter, makakatipid ng $365,000 hanggang $450,000 taun-taon sa pamamagitan ng pag-aalis sa Komisyon sa Sanitasyon at mga Kalye, Komisyon sa mga Pampublikong Gawain, at Komite sa Pagpapayo ng mga Tagasuri ng mga Street Artist at Craftsman. Ang Komisyon sa Sanitasyon at mga Kalye at Komisyon sa mga Pampublikong Gawain ay may shared na dalawang full-time na kawani na may taunang gastos na $336,000.

Sa pagtitipon ng Task Force sa Pag-streamline ng Komisyon (Commission Streamlining Task Force, CSTF) kada sampung taon, kakailanganin ng mga kawani na ipatupad at pangasiwaan ang CSTF, at magsagawa ng mga pagsusuri, magsulat ng mga pampublikong ulat, at magdaos ng mga pampublikong pagpupulong. Sa iminumungkahing amyenda  sa Tsarter, aalisin ang umiiral na pag-aatas sa Tagasuri ng Badyet at Batas na maghanda ng ulat, at sa Abugado ng Lungsod na maghanda ng draft na amyenda sa Tsarter na magpapatupad sa mga rekomendasyon ng CTSF mula sa mandato ng CSTF. Bilang konteksto, nangailangan ang pagtitipon ng CSTF noong 2025 ng humigit-kumulang 5,900 oras ng oras ng mga kawani.

Ang mga dagdag na gastos at matitipid ay dedepende sa mga pasyang gagawin ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa normal na proseso ng badyet. Halimbawa, sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, aalisin ang paghihigpit sa pagbibigay ng kabayaran sa mga miyembro ng Komisyon ng Kabataan na puwedeng magresulta sa mga gastos sa hinaharap, na malamang ay $5,000 hanggang $85,000 taun-taon, kung hihingi ang mga tagagawa ng patakaran ng kabayaran para sa mga miyembro. May ilang partikular na itinatalagang lupon at komisyon na nagbabayad ng stipend sa mga komisyoner sa bawat pagpupulong, na $25 hanggang $500 bawat pagpupulong. Binabayaran ang ibang komisyoner ng $100 hanggang $500 kada buwan. Hindi lahat ng komisyoner ay nakakatanggap ng stipend. Hindi pa matutukoy sa ngayon ang halaga ng matitipid na dahil sa pag-aalis sa pag-aatas na mag-hire ng executive secretary para sa mga komisyon, dahil puwedeng piliin ng mga lupon na hindi punan ang posisyon.

Ia-update ng iminumungkahing amyenda ang mga responsibilidad ng komisyon at ang mga kinakailangan sa pagiging miyembro para sa mga natitirang komisyon at lupon, pero hindi ito direktang makakaapekto sa kabuuang gastos ng pamahalaan. Puwedeng umikli ang tagal ng panahon na kinakailangan ng mga kawani para masuportahan ang mga komisyon at lupon—na magbibigay sa mga kawani ng higit pang panahon na gawin ang iba pang tungkulin ng pamahalaan, pero sa isang antas na hindi pa matutukoy sa ngayon.

Tandaan na babaguhin ng iminumungkahing amyenda ang mga tungkulin ng Tanggapan ng Kontroler, na siyang naghanda sa pahayag na ito.

## Paano Nakasama ang "A" sa Balota

Noong Hulyo 14, 2026, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 9 sa 2 para ilagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Superbisor sa sumusunod na paraan:

**Oo:** Chen, Dorsey, Mahmood, Mandelman, Melgar, Sauter, Sherrill, Walton, Wong.

**Hindi:** Chan, Fielder.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

**MAYOR LURIE AT SUPERMAJORITY NG MGA SUPERBISOR, SUMASANG-AYON SA PROPOSISYON A PARA LINISIN ANG ATING MAKALUMANG TSARTER.**

Halos bawat 30 taon, isinasantabi ng City Hall ang mga hindi pagkakasundo nito para linisin ang luma, sira, at magkakasalungat na bahagi ng dokumento ng pamamalakad sa ating lungsod na tinatawag na tsarter ng lungsod.

Nagmumungkahi ng mga pagbabago ang mga pinuno ng departamento, komisyon, at publiko sa pamamagitan ng isang transparent na proseso na tumatagal nang ilang buwan. Sumang-ayon ang mayor at ang supermajority ng Lupon ng mga Superbisor sa 110 maliliit na pag-aayos na makakatulong sa pamahalaan ng lungsod na mas mapaglingkuran kayo.

Nahahati ang mga pag-aayos sa apat na kategorya:

**LUMANG TEKNOLOHIYA**
Tuwing may bagong teknolohiya, puwedeng mawalan ng saysay ang mga lumang batas. Halimbawa, sa kasalukuyang sistema, inaatasan pa rin ang lungsod na kumuha ng bookbinder at maglathala ng mga batas sa mga pang-araw-araw na print na edisyon ng Chronicle na wala na ngayon.

**MAAKSAYANG DUPLIKASYON**
Kung minsan, dalawang departamento ng lungsod ang kinakailangang gumawa sa iisang trabaho. Halimbawa, maraming departamento ang inaatasang gumawa sa iisang ulat, na nagtutulak sa mga empleyado na maging abala sa isang bagay na nagsasayang lang ng oras at pera.

**MGA ZOMBIE NA KOMISYON**
May 60 lupon sa pagpapayo at komisyon ang ating burukrasya na hindi puwedeng i-update nang walang boto sa balota. Sa paglipas ng mga dekada, puwedeng magkaroon ang tsarter ng mga zombie na komisyon na walang saysay. Halimbawa, sinusubaybayan ng Komisyon sa Sanitasyon at mga Kalye ang isang departamentong hindi na umiiral, at may binabanggit pa rin sa tsarter na Awtoridad sa Parking na naalis na isang dekada ang nakalipas.

**MGA BATAS NA NAKAKALITO O HINDI MAGANDA ANG PAGKAKASULAT**
Kung minsan, kapag nagsusulat, nagkakamali ang mga tagagawa ng batas sa spelling at iba pang bagay, na nag-iiwan ng mga batas na nakakalito o walang kabuluhan. Lilinisin ng Proposisyon A ang ilan sa pinakamasasamang halimbawa.

**BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON A ANG PAMBUONG-ESTADONG PINAGKASUNDUANG PANUKALANG-BATAS PARA SA MAAYOS NA PAMAMALAKAD**

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Alan Wong*
*Superbisor Bilal Mahmood*
*Superbsor Chyanne Chen*
*Superbisor Danny Sauter*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Steven Sherrill*
*Senador ng Estado Scott Wiener*
*Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani*
*Miyembro ng Asembleya Matt Haney*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Isang liham ng pag-ibig sa San Francisco

Ano ang nagpapaespesyal sa San Francisco? Ito ba ang mga tanawin, burol, parke, pagkain, bahay na Victorian? Ang mga San Franciscan ay malaking bahagi ng kung ano ang nagpapaespesyal sa San Francisco. Tayo ay aktibo at may alam. Ipinaglalaban natin ang ating pinaniniwalaan! Nakikibahagi tayo sa mga bagay na mahalaga sa atin. Naniniwala tayo sa yumayabong na demokrasya. Marami sa mga iyon ang aalisin ng Prop A.

Para manatiling buhay ang demokrasya, kailangan ng balanseng kapangyarihan. Ang isang maayos na pamahalaan ay sagana sa partisipasyon ng mga mamamayan. Sa pakikipagdebate, nakukuha natin ang pinakamahuhusay na sagot. Ito ang lahat ng dahilan para bumoto ng Hindi sa A.

Monolithic, sa pangkalahatan, ang kasalukuyang pamahalaan ng ating lungsod na kinakatawan ng mga inihalal na opisyal, na kumakatawan sa interes ng mayayaman at mga korporasyon, natatago man ito ng magagandang pananalita o ng hambog na kawalang-interes.

Sinusubukan nilang alisin ang marami sa kung ano ang nagpapaespesyal sa San Francisco. Sumasang-ayon silang lahat sa isa't isa, gaano man kasama ang ideya, basta't makikinabang ang mga bilyonaryo ni Trump.

Sa huli, higit kailanman, kailangang protektahan ngayon ng San Francisco ang lakas ng bayan.

Itakwil ang pagsamsam ng kapangyarihan. Walang Hari-harian sa SF.

Bumoto ng Hindi sa A, at kasabay noon, Bumoto rin ng Hindi sa D, E, at F.

*Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Dapat ayusin ang tsarter, pero hindi sa paraang nakakapinsala sa transparency, at nang sinusuri ang kapangyarihan ng pamahalaan. May malalaking pagkakamali sa Prop A na nagbabanta sa demokrasyang may aktibong partisipasyon dahil aalisin nito ang mga komisyong inilagay ng mga botante.

Tingnan ang malayang pagsubaybay para sa Proposisyon C noong Nobyembre 2018. Pinapayagan ng panukalang-batas ang Lupon ng mga Superbisor na alisin ang malayang pagsubaybay sa pamamagitan ng boto ng mayorya. Ang Prop C, na ang “Ating Lungsod, Ating Tahanan” ay isang inisyatiba ng mga mamamayan na sinuri nang mabuti, na inilagay sa balota ng Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan kasama ang mahigit 700 boluntaryong may tirahan/walang tirahan at sinusuportahan ng 215,491 botante. Isa itong buwis sa mga mega corporation para pondohan ang mga solusyon sa kawalan ng tirahan. Sa maingat na pagpaplano ng lupon sa pagsubaybay, nagawa ng pondo na magbigay ng tirahan sa mahigit 8,400 tao, kasama ang 2,800 bata, libu-libo ang hindi nawalan ng tirahan, at maraming nakatanggap ng mga serbisyo sa paggamot ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali.

Dahil sa tumataas na upa sa taas at baba ng west coast, lalong dumami ang mga kawalan ng tirahan. Hindi tulad ng mga lungsod sa west coast na walang lokal na panukalang-batas sa kita, tuluy-tuloy ang pagbaba ng bilang ng mga walang matirhan na nasa kalye ng SF. Malaki ang itinaas nito sa Portland sa 67%, at 26% naman sa San Diego noong 2024. Nanganganib na ang SF na makaranas ng matinding kawalan ng tirahan dahil sa pandemya, pero napigilan iyon sa pagpaplano ng lupon sa pagsubaybay.

Bagama’t nakitaan na ng tagumpay ang Prop C, nanganganib ang pag-usad. Sa pagtaas ng upa, tumitindi ang pangangailangan na gamitin ang mga pondo para permanenteng lutasin at pigilan ang kawalan ng tirahan. Tungkulin ng lupon sa pagsubaybay na suriin nang mabuti ang data at pagtuunan ang mga pangangailangan ng mga taong walang matirhan, kasama ang mga natatagong pangangailangan ng mga batang walang matirhan. Bawat taon, nilalabanan nila ang mga Administrasyong Panlungsod na mas pinipiling mamahala sa pamamagitan ng mga sound bite at nakakasilaw na palyang mabilisang pag-aayos sa halip na mga solusyong batay sa datos.

Sinusubukan ng Prop A na patahimikin ang mga taong walang matirhan at ang kanilang mga kaalyado na humahamon sa kapangyarihan, at ang pagiging epektibo lang ng partikular na lupon na ito ang dahilan kung bakit ito pinuntirya.

Hindi sa A.

*Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

**Ang Prop A ay isang panukalang-batas sa pagpapanatili ng maayos na pamamalakad na maglilinis at magpapamoderno sa mahaba at makalumang tsarter ng San Francisco para mas mahusay kayong mapaglingkuran.**

Sa kasalukuyan, limang magkakahiwalay na nag-o-overlap na komisyon ang sumusubaybay sa mga serbisyo para sa kawalan ng tirahan sa San Francisco. Walang aalisin ang Prop A sa mga ito.

Pero sa ngayon, kahit ang maliliit na pang-administratibong update sa ilan sa mga komisyong ito — gaya ng pag-adjust sa dalas ng meeting, o ang mga kuwalipikasyon ng kanilang mga miyembro — ay dapat dumaan sa mga botante bilang panukalang-batas sa balota.

Ang paggawa ng mga karaniwang update na ganito ay hindi dapat maantala sa isang buong siklo ng halalan o mangailangan ng daan-daang libong dolyar na gastos sa kampanya. Sa halip, hahayaan ng Prop A ang Lupon na asikasuhin ang maliliit na pag-aayos na iyon sa pamamagitan ng ordinaryong lehislasyon.

Ang paghingi ng pambuong-estadong halalan para ayusin ang isang typo o makalumang pananalita ay hindi demokrasya, binabawasan lang nito ang pananagutan ng City Hall sa paghahatid ng mga resulta sa mga botante.

Samahan kami habang inaayos namin ang tsarter ng San Francisco para mas mapaglingkuran kayo!

**BUMOTO NG OO SA PROP A — ANG PINAGKASUNDUANG PANUKALANG-BATAS PARA SA MAAYOS NA PAMAMALAKAD**

*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Mayor Daniel Lurie*

# Proposisyon B – Pagtatatag ng Municipal Finance Corporation (Pampinansiyang Korporasyon ng Lokal na Gobyerno at ng Public Bank (Pampublikong Bangko)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mabigyan ng awtorisasyon ang Lungsod na magtatag ng pampinansiyang korporasyon ng lokal na gobyerno at ng pampublikong bangko?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Ang municipal finance corporation (MFC) ay isang non-profit na korporasyong pag-aari ng pamahalaan na nagpapautang pero hindi tumatanggap ng deposito. Ang pampublikong bangko ay isang non-profit na korporasyong pag-aari ng pamahalaan na nagpapautang at tumatanggap ng deposito.

Walang lokal na batas na nagpapahintulot sa Lungsod na gumawa ng municipal finance corporation o pampublikong bangko.

**Ang Mungkahi:** Sa Proposisyon B, aamyendahan ang Tsarter ng Lungsod para pahintulutan ang Lungsod na bumuo ng municipal finance corporation kung may sapat na pondo at resource ang Lungsod. Pagkatapos ng tatlong taon na operasyon, puwedeng maging pampublikong bangko ang municipal finance corporation.

Magpapautang pero hindi tatanggap ng deposito ang MFC. Kung magiging pampublikong bangko ang MFC, magpapautang at tatanggap din ng deposito ang pampublikong bangko.

Magbibigay ang MFC at pampublikong bangko ng mga serbisyo para suportahan ang:

- pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay,
- abot-kayang pagmamay-ari ng bahay,
- pagpapaunlad ng maliliit na negosyo,
- pagpapanatili sa kapaligiran, at
- hustisya sa kapaligiran.

Magiging available ang mga serbisyong ito sa mga indibidwal na residente ng Lungsod at sa mga proyekto at negosyo sa Lungsod.

Sa ilalim ng Proposisyon B, ang MFC at pampublikong bangko ay papangasiwaan ng kani-kanilang lupon ng mga direktor. Ang bawat lupon ay itatalaga at susubaybayan ng sarili nitong komisyon sa pagsubaybay. Ang mga miyembro ng bawat komisyon sa pagsubaybay ay itatalaga ng Lupon ng Mga Superbisor, Mayor, Ingat-Yaman-Tagasingil ng Buwis, Kontroler, at Abogado ng Lungsod.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng “OO”:** Kung “oo” ang inyong iboboto, nais ninyong pahintulutan ang Lungsod na magtatag ng isang municipal finance corporation at isang pampublikong bangko.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng “HINDI”:** Kung “hindi” ang inyong iboboto, ayaw ninyong pahintulutan ang Lungsod na magtatag ng isang municipal finance corporation at isang pampublikong bangko.

## Pahayag ng Kontroler sa "B"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon B:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter, sa aking opinyon, hindi ito direktang makakaapekto sa gastos ng pamahalaan dahil hindi inaatasan ng amyenda sa Tsarter ang Lungsod na lumikha ng Municipal Finance Corporation (MFC) na puwedeng maging Pampublikong Bangko. Gayunpaman, kung magpapatuloy ang Lungsod sa pagbuo ng MFC at pagkatapos ay isang Pampublikong Bangko, ayon sa pinapahintulutan ng iminumungkahing amyenda sa Tsarter, magiging malaki ang gastos, na mula humigit-kumulang $310 milyon hanggang $460 milyon sa loob ng walong taon, ayon sa mga pagtataya ng 2023 Reinvestment Working Group (RWG), na puwedeng mas tumaas o bumaba pa depende sa interest rate at pabagu-bagong kalagayan ng ekonomiya.

Itatakda ng iminumungkahing amyenda sa Tsarter ang framework sa pamamahala ng bagong MFC at Pampublikong Bangko. Kung maaaprubahan ang amyenda sa Tsarter, at matutukoy ng Ingat-Yaman/Tagasingil ng Buwis na may sapat na pondo, puwedeng bumuo ng MFC at Komisyon sa Pagsubaybay ng MFC. Kung magiging matatag sa pananalapi ang MFC, na walang garantiya,

puwedeng humingi ang MFC ng pampangasiwaang pag-apruba sa estado at pederal para maging Pampublikong Bangko.

Ang pondong kinakailangan para makabuo ng MFC ay puwedeng umabot sa humigit-kumulang $4 milyon taun-taon sa loob ng humigit-kumulang isang taon o higit pa, depende sa kung kailan bubuuin ang MFC, hindi pa kasama ang mga gastos sa capitalization. Kasama sa mga gastos na ito ang gastos sa pag-hire ng mga kawani, sahod ng mga kawani, legal na serbisyo, pansuportang serbisyo ng propesyonal, procurement ng teknolohiya, at pang-administratibong operasyon.

Noong 2022, tinipon ng Komisyon sa Pagbuo ng Lokal na Ahensiya ng County ang RWG para bumuo ng plano ng negosyo at pamamalakad para makagawa ng korporasyong nagpapautang na hindi tumatanggap ng deposito. Ayon sa ulat ng RWG noong 2023, ang magagastos para ma-capitalize at mapondohan ang MFC ay puwedeng umabot sa humigit-kumulang $26 milyon sa unang taon at tumaas sa $30 milyon taun-taon sa ikatlong taon, para sa kabuuang $90 milyon sa unang tatlong taon ng MFC. Sinuri ng RWG ang iba't ibang antas ng capitalization at pagpopondo, kasama ang pinagsama-sama na kabuuang $45 milyon hanggang $242 milyon sa unang tatlong taon. Sa ilalim ng modeling ng RWG, ang mga gastos sa capitalization at pagpopondo ay popondohan sa pamamagitan ng mga grant ng Lungsod at mga pautang na maaaring patawarin na malamang ay hindi na bayaran. Ang mga gastos sa capitalization kapitalisasyon at pagpopondo ay dedepende sa mga pasya sa hinaharap ng Lupon ng mga Direktor ng MFC, at mga pasya sa patakaran at badyet sa hinaharap ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor. Ang mga magagastos kaugnay ng pagbuo ng MFC ay puwedeng maging mas malaki o mas maliit kaysa sa mga pagtataya ng RWG noong 2023.

Sa oras na maging matatag sa pananalapi ang MFC at makatanggap ito ng pampangasiwaang pag-apruba na magpatakbo bilang bangkong tumatanggap ng deposito, puwede itong maging Pampublikong Bangko. Ang magagastos sa pagpapatakbo ng Pampublikong Bangko ay puwedeng umabot sa humigit-kumulang $80 milyon sa ikaapat na taon, na bababa sa humigit-kumulang $30 hanggang $40 milyon taun-taon para sa kabuuang humigit-kumulang $220 milyon mula taon apat hanggang walo. Kasama sa mga gastos na ito ang mga capital fund at gastos sa operasyon, kasama ang sahod ng mga kawani, upa sa opisina, teknolohiya, at mga pang-administratibong gastos. Puwedeng gamitin ng Pampublikong Bangko ang kita nito para pondohan ang mga gastos sa operasyon kung available, na makakabawas sa pondong kinakailangan mula sa Lungsod.

Panghuli, kakailanganin ng MFC at Pampublikong Bangko ang Komisyon sa Pagsubaybay ng MFC o Komisyon sa Pagsubaybay ng Bangko na puwedeng umabot sa $550,000 hanggang $600,000 taun-taon para sa sahod ng mga kawani, stipend ng komisyoner, at gastos sa operasyon. Talagang walang kasiguraduhan ang magagastos ng pamahalaan sa pagbuo ng MFC o Pampublikong Bangko. Puwedeng magkaroon ng malaking hindi inaasahang gastos ang Lungsod kung hindi magiging matatag sa pananalapi ang Pampublikong Bangko. Magbibigay ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter ng mataas na antas ng kalayaan sa Mga Komisyon sa Pagsubaybay at Lupon ng mga Direktor, kaya limitado ang magiging kontrol ng Lungsod sa pananalapi ng MFC o Pampublikong Bangko, at sa mga pasya sa kung paano gagamitin ang mga pondo.

Tandaang babaguhin ng iminumungkahing amyenda ang mga tungkulin ng Tanggapan ng Kontroler, na siyang naghanda sa pahayag na ito.

## Paano Nakasama ang "B" sa Balota

Noong Hulyo 7, 2026, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 9 sa 2 para ilagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor sa sumusunod na paraan:

**Oo:** Chan, Chen, Dorsey, Fielder, Mahmood, Mandelman, Melgar, Sauter, Walton.

**Hindi:** Sherrill, Wong.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

**Sa Prop B, titiyaking ang Pampublikong Bangko ng San Francisco ay responsable sa pananalapi, malaya mula sa impluwensya ng pulitika, at nakatuon sa mga priyoridad ng San Francisco.**

Mga tao ng San Francisco, hindi pribadong kita, ang uunahin ng Pampublikong Bangko para matustusan ang mga pangangailangan natin. Mga tao ng San Francisco ang magiging shareholder, kaya hindi lang sa kita ng bangko tayo makikinabang, makikinabang din tayo sa mga proyekto ng San Francisco na sinusuportahan nito.

Mahalagang hakbang ang Prop B sa paggawa ng Pampublikong Bangko. Magbibigay ang Pampublikong Bangko ng mga abot-kayang pautang para sa:

- Pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay,
- Abot-kayang pagmamay-ari ng bahay,
- Pagpapaunlad ng maliliit na negosyo,
- Pagpapanatili ng kapaligiran, at
- Hustisya sa kapaligiran.

Sa Prop B, titiyaking ang Pampublikong Bangko ay papatakbuhin ng mga propesyonal sa banking, hindi ng mga pulitiko, at gagawa ng pampublikong lupon sa pagsubaybay para may pagkakataon ang bawat San Franciscan na sumubaybay at magbigay ng input. Sa pampublikong bangko, sisiguruhin na mga San Franciscan ang makikinabang sa pera ng mga San Franciscan.

Sa pagpasa sa Prop B, magagamit natin ang batas ng estado na may limitadong panahon na nagbibigay-daan sa mga lokal na lungsod na gumawa ng mga pampublikong bangko. Lilikha ang pampublikong bangko ng isang bagong makapangyarihang instrumento para matugunan ang ilan sa mga priyoridad ng lungsod na pinakanangangailangan ng atensiyon. Ang pampublikong banking ay isang subok nang modelo ng pagpapaunlad. Sa buong mundo, 25% ng mga asset sa banking ang nasa mga pampublikong bangko, at inilalagay ng Germany ang 40% ng mga asset nito sa banking sa mga pampublikong bangko.

Itatakda ng Prop B ang layunin at istruktura ng isang pampublikong bangko. Hindi buwis ang Prop B, at hindi nito papataasin ang buwis para sa mga San Franciscan.

*The San Francisco Foundation*
*San Francisco Public Bank Coalition*
*Superbisor ng Distrito 11 Chyanne Chen*
*Superbisor ng Distrito 5 Bilal Mahmood*
*Superbisor ng Distrito 7 Myrna Melgar*
*Superbisor ng Distrito 8 Rafael Mandelman*
*Superbisor ng Distrito 9 Jackie Fielder*
*Superbisor ng Distrito 10 Shamann Walton*
*Konseho sa Paggawa ng San Francisco*
*San Francisco Climate Emergency Coalition*
*Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay*
*Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Limitado ang pinansyal na suporta ng San Francisco para sa pabahay, imprastruktura, at maliliit na negosyo, at mayroon itong makatuwirang dahilan. Sa Proposisyon B, mabibigyan ng kapangyarihan ang mga makakaliwa na alisin at gawing pulitikal ang mga limitasyong iyon.

Ang “pampublikong bangko” ay isang pampulitikang makinarya ng pagpapautang na naglalagay sa bilyun-bilyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis sa panganib. Sa pagtataya ng Kontroler, $310-$460 milyon ang kailangan para lang mabigyan ng kapital at mapatakbo ito. Sa oras na tumanggap ang Bangko ng mga deposito, puwedeng maglagay rito ang Lungsod ng mga rainy-day fund at investment-pool reserve, na lalong nagpapalaki sa panganib sa pamamagitan ng pagpapautang at leverage. Puwedeng mag-isyu ang Bangko ng securities na Lungsod mismo ang bumili. Tiyak na magkakaproblema sa mga loan na may malaking panganib; at mga nagbabayad ng buwis ang sasalo sa pagkalugi.

Marami nang kabiguan sa pampublikong banking. Bumagsak ang Los Angeles Community Development Bank dahil sa sari-saring bad loan. Hindi matatag ang pundasyon ng anumang bangko na ang misyon ay katarungan kaugnay ng klima, pagsasapriyoridad batay sa lahi, at loan na tinanggihan ng mga pribadong lender. Kinakailangan ng batas ng California ang insurance ng FDIC; wala pang pampublikong bangko na matagumpay na nakakuha nito kaugnay ng radikal na agenda na ito.

Walang anuman sa Proposisyon B ang makabuluhang sumusuri sa mga pulitikal na priyoridad ng Bangko. Titindi ang pressure para sa pagpapautang na mistulang reparation at mga pautang sa mga hindi mamamayan, na magdudulot ng malaking pagkalugi sa pangkalahatang pondo.

Kapareho ito ng sosyalistang modelo sa Batas sa Pampublikong Banking ni Kongresista Rashida Tlaib, na co-sponsored nina Ilhan Omar at ng Squad.

Huwag maging duwag.

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon B.

*Larry S. Marso, Esq.*

*Si G. Marso, isang residente ng Nob Hill, ay namuno sa institusyon ng panalalapi para sa M&A sa dalawang investment bank sa Wall Street, kumatawan ng mga bangko at insurer bilang abogado sa New York, at nagsilbing tagasuri ng ekonomiya sa Federal Reserve Board.*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon B.

Hinihiling ng Proposisyon B sa mga botante ng San Francisco na lumikha ng isang pampublikong bangko at municipal finance corporation na kontrolado ng Munisipyo — nang walang nakalaang pondo, walang napatunayang demand, at sa panahon kung kailan nahaharap ang Lungsod sa malalaking kakulangan sa badyet.

Sinasabi ng mga tagasuporta na magbibigay-daan ito sa abot-kayang pabahay at pagpapautang sa maliliit na negosyo. Sa katotohanan, lumilikha ito ng bagong entity na itinalaga ng pulitika, na may kapangyarihang tumanggap ng malalaking pinansyal na panganib gamit ang mga pampublikong resource. Sa dating pagtataya ng sariling nagtatrabahong grupo ng Lungsod, natukoy nang daan-daang milyong dolyar ang kailangan para mabigyan ng kapital ang nasabing institusyon. Hindi ibibigay ng Proposisyon B ang kapital na iyon. Istruktura lang ang bubuuin nito at maiiwan ang mga nagbabayad ng buwis na sagutin ang lahat sa hinaharap.

Mayroon nang mga kasangkapan ang San Francisco para suportahan ang pabahay at maliliit na negosyo sa pamamagitan ng mga dati nang programa, nonprofit na nagpapautang, at credit union. Magdaragdag lang ng burukrasya, panganib sa pulitika, at mga posibleng salungatan ng interes ang paglikha ng bagong bangkong kontrolado ng Lungsod, nang hindi nalulutas ang mga pinag-uugatan ng malalaking gastos at mabagal na pagbibigay ng permit.

Hindi natin kayang tustusan ang isa na namang ambisyosong eksperimento na kulang sa pondo. Bumoto ng Hindi sa Proposisyon B.

— Hindi sa Proposisyon B – San Franciscans for Fiscal Responsibility

*— Leslie Huang, Dorothy Joan Leone, Stephanie Jeong, at Kathleen Louise Trewin*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Simple lang ang Proposisyon B. Itatayo nito ang Pampublikong Bangko ng San Francisco, na makakatulong na tustusan ang pabahay, green energy, at maliliit na negosyo, at magtatakda ng mga panuntunan para maiwasang magamit ang bangko o ang mga pondo nito sa maling paraan.

Gaya ng sinasabi ng mga katunggali, **HINDI buwis ang Prop B at hindi nito tataasan ang buwis sa mga residente o negosyo.**

Iginigiit ng mga katunggali na mababalot ang bangko ng kaguluhang pampulitika at mapanganib na pagpapautang, pero **hindi ito totoo.** Sa halip, ito ang magiging pinakapinaghihigpitang bangko sa Amerika, na mapapailalim sa lahat ng karaniwang regulasyon sa banking ng mga pribadong bangko, na bukod pa sa mga regulasyon ng California at sistema ng pagsubaybay ng Prop B.

Sa Prop B, magkakaroon ng kakayahan ang San Francisco na humingi sa estado, pederal, at mga philanthropic na source ng pondo para sa ating bangko. Nagpapakita ang mga oportunidad gaya ng Greenhouse Gas Reduction Fund sa Panukalang-batas sa Klima ni Biden ng bilyun-bilyong dolyar na puwedeng ma-access ng San Francisco. Ito ay mga pagkakataong napalampas natin dahil wala tayong MFC o Pampublikong Bangko. **Kailangan nating ipasa ang Prop B para maging handa sa mga pagkakataong ito na minsan lang sa isang henerasyon.**

Susuportahan ng isang Pampublikong Bangko ang dati na nating ecosystem sa nonprofit, lungsod, at credit union, na pinaka-mahusay na gagamit sa pera ng mga nagbabayad ng buwis.

Hindi natin puwedeng palampasin ang pagkakataong ito na bumuo ng makinarya ng ekonomiya na magpapatatag sa San Francisco, at tiyakin na mapupunta ang pera kung saan ito kailangan, para sa pabahay, green energy, at pagsuporta ng ating maliliit na negosyo.

*Matt Dorsey, Superbisor*
*Chyanne Chen, Superbisor*
*Konseho sa Paggawa ng San Francisco*
*San Francisco Public Bank Coalition*
*The San Francisco Foundation*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon C – Mga Kontribusyon sa Housing Trust Fund (Pinangangasiwaang Pondo na Nakatalaga para sa Pabahay)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mabago kung paano itinatakda ang taunang mga kontribusyon ng Lungsod sa Housing Trust Fund, mataasan ang pondo at mapalawak ang mga programa para sa abot-kayang pabahay, at mapahaba ang buhay ng Pondo hanggang 2058?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** May Housing Trust Fund (HTF) ang Lungsod para suportahan ang paggawa o pagpreserba ng abot-kayang pabahay at abot-kayang pagmamay-ari ng bahay. Bawat taon, nagbibigay ang Lungsod ng pondo sa HTF, at ina-adjust pataas o pababa ang taunang kontribusyon batay sa mga pagbabago sa hindi pinaghihigpitang kita sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod. Noong nakaraang taon, nag-ambag ang Lungsod ng $50.8 milyon sa HTF.

Puwedeng gamitin ng Lungsod ang pondo ng HTF para sa:

- pagtatayo, pagbili, at pagpapaganda ng abot-kayang pabahay;
- mga pautang na tulong sa downpayment para sa mga sambahayang kumikita ng hanggang 120% ng Median na Kita ng Lugar (Area Median Income, AMI) at para sa mga unang tagaresponde kapag may emergency;
- tulong sa mga sambahayang kumikita ng hanggang 120% ng AMI para mapaganda ang kanilang tirahan at maiwasan ang pagkawala ng tirahan;
- mga programa ng grant para sa mga partikular na uri ng pagpapahusay sa komunidad; at
- mga pang-administratibong gastos.

Nakatakdang mag-expire sa 2043 ang Pondo para sa Trust Fund na sumusuporta sa mga programang ito.

**Ang Mungkahi:** Sa Proposisyon C, babaguhin kung paano itinatakda ang mga taunang kontribusyon ng Lungsod sa Housing Trust Fund (HTF), dadagdagan ang pondo at papalawakin ang mga programa para sa abot-kayang pabahay, at papalawigin ang petsa ng pag-expire ng Pondo.

- Simula sa 2028, lalaki ang taunang kontribusyon ng Lungsod batay sa mas malaki sa alinman sa:
  - anumang pagtaas sa kita sa lokal na buwis sa ari-arian, o
  - porsyentong pagtaas sa hindi pinaghihigpitang Pangkalahatang Pondo mula sa nakaraang taon.

Dadagdagan ng Lungsod ang mga kontribusyon nito sa HTF hanggang sa umabot o lumampas sa $125 milyon ang taunang kontribusyon. Pagkatapos noon, lilimitahan ang mga taunang pagtaas sa 3% batay sa mga pagtaas sa Pangkalahatang Pondo.

Puwedeng pansamantalang itigil ng Lungsod ang mga kontribusyon kapag lumampas sa $250 milyon ang tinatayang deficit ng Lungsod. Ia-adjust ang itinakdang halaga na ito bawat taon batay sa mga pagbabago sa Pangkalahatang Pondo.

Puwede ring bawasan ng Lungsod ang mga kontribusyon nang hanggang 10% sa mga taon kung kailan puwedeng gamitin ng Lungsod ang Rainy Day Reserve nito.

- Palawakin ang mga programa sa abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng:
  - pagdaragdag ng pondo para gumawa at mapreserba ang higit pang abot-kayang pabahay;
  - pagtaas sa limitasyon ng kita ng sambahayan para sa mga pautang na tulong sa downpayment mula 120% patungong 200% ng AMI, at pagpapahintulot sa Lupon ng mga Superbisor na baguhin ang limitasyong iyon sa pamamagitan ng ordinansa;
  - pagpapalit sa programa ng grant para sa mga partikular na uri ng pagpapahusay sa komunidad sa pamamagitan ng awtorisadong paggasta sa imprastrukurang nauugnay sa abot-kayang pabahay gaya ng mga bangketa, kalye, at utility;
  - pagpapalawig sa petsa ng pag-expire ng Pondo mula 2043 hanggang 2058.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong amyendahan ang Tsarter para baguhin ang paraan ng pagtatakda ng mga taunang kontribusyon ng Lungsod sa Housing Trust Fund, dagdagan ang pondo at palawakin ang mga programa sa abot-kayang pabahay, at palawigin ang pondo hanggang 2058.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong boto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

## Pahayag ng Kontroler sa "C"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon C:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter, sa aking opinyon, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng pamahalaan na humigit-kumulang $6 milyon na dagdag na gastos sa Pangkalahatang Pondo simula sa Taon ng Pananalapi 2028-29, na lalaki sa paglipas ng panahon at magiging humigit-kumulang $60 milyon taun-taon pagsapit ng Taon ng Pananalapi 2034-35.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, inaasahang dadagdagan ang umiiral na mandato sa paggasta ng Pangkalahatang Pondo ng Housing Trust Fund (Pondo) para sa abot-kayang pabahay at papalawigin ang mandato nang labinlima pang taon mula 2043 hanggang 2058. Ang mandato sa paggasta ng Pangkalahatang Pondo ay isang kinakailangan sa paggasta na pinagtibay ng mga botante na nag-aatas sa pamahalaan na maglaan ng pondo para sa mga partikular na layunin sa mga susunod na taon nang walang tinutukoy na bagong pagmumulan ng pondo. Bilang konteksto, sa kasalukuyan, ang mga kinakailangan sa paggasta na pinagtibay ng mga botante ay humigit-kumulang $2 bilyon sa kabuuan, o 30%, ng humigit-kumulang $7 bilyong pinagmumulan ng Pangkalahatang Pondo. Kapag pinalawig ang Housing Trust Fund at dinagdagan ang mga kontribusyon ayon sa pagtataya, muling mailalaan ang pondong makukuha dapat sa Pangkalahatang Pondo.

Sa iminumungkahing amyenda  sa Tsarter, babaguhin ang kinakailangang formula ng pagpopondo para mapabilis ang paglaki ng Pondo hanggang sa umabot ng $125 milyon ang taunang kontribusyon, na malamang ay sa Taon ng Pananalapi (FY) 2034-2035, kung saan puwede nang bumagal ang paglaki ng pondo. Bilang konteksto, noong FY2024-25, humigit-kumulang $50 milyon ang inilaan sa Pondo. Kung ikukumpara sa mga inaasahang kontribusyon sa Pondo sa ilalim ng kasalukuyang batas, inaasahang daragdagan ng iminumungkahing amyenda sa Tsarter ang mga kontribusyon sa pondo ng humigit-kumulang $6 milyon sa FY2028-29 at $13 milyon sa FY2029-30. Sa mga susunod na taon, inaasahang lalaki ang gastos sa Pangkalahatang Pondo ng mungkahi nang dagdag na $9 milyon taun-taon, na aabot sa humigit-kumulang $60 milyon na dagdag na paglaki sa FY2034-35, na magreresulta sa kabuuang inaasahang kontribusyon na $125 milyon sa FY2034-35. Kung wala ang amyenda  sa Tsarter, tinatayang magiging humigit-kumulang $65 milyon sa FY2034-35 ang formula ng kinakailangang pondo. Kinakatawan ang dagdag na $60 milyon sa ilalim ng iminumungkahi na binagong formula ng pagpopondo ang dagdag na pera na kakailanganing ilaan ng Lungsod sa Pondo sa FY2034-35 at sa mga susunod na taon. Sa mga tinatayang gastos sa itaas, walang ipinagpapalagay na pansamantalang pag-freeze o pagbabawas sa taunang kontribusyon ng Lungsod sa Pondo.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, papayagan ang Mayor o ang Lupon ng mga Superbisor na magpakilala ng mga ordinansa sa taunang proseso ng badyet para pansamantalang i-freeze o bawasan ang mga taunang kontribusyon ng Lungsod. Kung ayon sa pagtataya ng Lungsod ay magkakaroon ng kakulangan sa badyet na mahigit $250 milyon, puwedeng pansamantalang itigil ang taunang kontribusyon sa Pondo sa kasalukuyang halaga sa panahong iyon. Kung awtorisado ang Lungsod na kumuha ng pondo sa Rainy Day Reserve ng Lungsod, puwedeng pansamantalang bawasan nang hanggang 10% ang taunang kontribusyon sa Pondo.

Puwedeng gamitin ang pondo para (1) gumawa, mag-acquire, o mag-rehabilitate ng abot-kayang paupahan at pagmamay-aring pabahay, (2) magbigay ng pautang sa downpayment at housing stabilization para sa mga kuwalipikadong sambahayan na nakakatugon sa kinakailangang antas ng kita, at (3) pondohan ang imprastrukturang nauugnay sa pabahay, kasama ang mga pagpapaganda sa streetscape. Aalisin ng amyenda sa Tsarter ang lumang pananalita tungkol sa (1) mga nakaraang paglalaan sa Pondo, (2) pag-aalis sa Pondo bago ang 2013, (3) kung paano matutukoy ng Tanggapan ng Kontroler ang Discretionary Revenue ng Pangkalahatang Pondo, at (4) pagpapasyang bawasan ang mga kontribusyon sa Pondo batay sa debt service para sa SB 2113 Mga Bond para sa Abot-kayang Pabahay. Bukod pa rito, sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, aalisin ang Complete Neighborhoods Infrastructure Grant Program, na hindi na napondohan mula pa noong FY2019-20.

Ang iminumungkahing amyenda na ito ay hindi nakakasunod sa isang hindi nagbubuklod na patakaran ng Lungsod na pinagtibay ng mga botante kaugnay ng mga kinakailangan sa paggasta na pinagtibay ng mga botante. Layunin ng patakaran na limitahan ang mga mandato sa paggasta ng Pangkalahatang Pondo na makakabawas sa mga pondo ng Pangkalahatang Pondo na puwede sanang ilaan ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa taunang proseso ng badyet. Bilang konteksto, sa kasalukuyan, ang mga kinakailangan sa paggasta na pinagtibay ng mga botante ay humigit-kumulang $2 bilyon sa kabuuan, o 30%, ng humigit-kumulang $7 bilyong pinagmumulan ng Pangkalahatang Pondo.

Tandaang babaguhin ng iminumungkahing amyenda ang mga tungkulin ng Tanggapan ng Kontroler, na siyang naghanda sa pahayag na ito.

## Paano Nakasama ang "C" sa Balota

Noong Hulyo 14, 2026, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 11 sa 0 para ilagay ang Proposisyon C sa balota. Bumoto ang Mga Superbisor sa sumusunod na paraan:

**Oo:** Chan, Chen, Dorsey, Fielder, Mahmood, Mandelman, Melgar, Sauter, Sherrill, Walton, Wong.

**Hindi:** Wala.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Simple lang ang krisis sa pabahay sa San Francisco: mas mabilis tumaas ang mga upa at presyo ng bahay kaysa sa sahod, kaya't napipilitang umalis ang mga guro, nurse, at multigenerational na pamilya sa mga komunidad na kanilang kinalakhan o pinaglilingkuran. Hindi lulutasin ng Proposisyon C ang problemang ito nang mag-isa, pero ire-renew nito ang pinakamalaking pinagmumulan ng pondo ng San Francisco para sa abot-kayang pabahay.

Sa loob ng mahigit isang dekada, ang Housing Trust Fund ang naging pundasyon ng San Francisco sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay, pagtulong sa mga unang beses na bibili ng bahay, pagpapanatili ng mga unang tagaresponde sa lungsod na kanilang pinaglilingkuran, at pagbibigay sa mga nakatatanda ng paraan para manatili sa kanilang mga komunidad.

Sa Prop C, ire-renew ang Housing Trust Fund hanggang 2058, tataasan at gagawing $125 milyon ang pondo nito taun-taon. Sa bawat taon na naghihintay tayo, nananatiling limitado ang pondo habang patuloy na tumataas ang mga upa.

Hindi itataas ng Prop C ang buwis ng kahit na sino. Aayusin lang nito ang paglalaan sa perang nakokolekta na ng Lungsod, at likas na responsable sa pananalapi ang disenyo nito. Tataas lang ang pondo kapag lumaki ang sariling property tax o kita sa pangkalahatang pondo ng Lungsod. Puwedeng itigil o bawasan ng Lungsod ang mga kontribusyon sa panahon ng tunay na deficit sa badyet. Isa itong maingat at napapanatiling plano, hindi blangkong tseke.

Kaya naman ang Prop C ay isang tunay na pinagkasunduang panukalang-batas. Nagkakaisa itong inilagay sa balota ng Lupon ng mga Superbisor at suportado ito ng mga tagapagsulong ng paggawa at pabahay sa buong lungsod.

Ang Prop C ay magtatayo at magsasaayos ng abot-kayang pabahay, magpopondo ng tulong sa downpayment para sa mga guro at unang tagaresponde, magbibigay ng tulong sa upa para maiwasan ang pagpapaalis ng mga nakatatanda sa kanilang tahanan, gagawa ng tunay na pabahay sa mga bakanteng lote, at magpopondo ng kinakailangang imprastruktura.

Legal na nakalaan ang bawat dolyar sa abot-kayang pabahay, na sasailalim sa hiwalay na pag-audit.

Ito ang responsableng paraan para mapanatiling abot-kaya ang San Francisco. Bumoto ng OO sa Prop C.

www.HomesforSF.com

*Mayor Daniel Lurie*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani*
*Rebecca Foster, CEO ng Housing Accelerator Fund**
*Malcolm Yeung, CEO ng Sentro para sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Chinatown**

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Ipinagmamalaki ng kampanyang Oo ang mahabang listahan ng mga bagay na puwedeng pondohan ng Prop C. **Wala namang dapat ipagmalaki.** Magbibigay ang Prop C sa Pondo ng mas maraming pera, mas maraming responsibilidad, at mas maraming kuwalipikadong tatanggap — kaya't mailalaan ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis sa isang mas lumalawak na misyon. Kung mas maraming ipinapagawa sa isang programa, mas mahirap magsapriyoridad, sukatin ang mga resulta, at papanagutin ang sinuman.

Ang pangakong “independent audit” ay hindi pamalit sa mga pamantayan sa pagganap. Walang hinihinging minimum na bilang ng bagong tirahan, walang maximum na gastos bawat kada yunit, at walang benchmark sa pagiging sulit sa Prop C. Ang pag-audit pagkatapos ng paggasta ay hindi pamalit sa mga nasusukat na resultang nakasulat sa batas.

**Bago mag-commit ng bilyun-bilyong dolyar ng nagbabayad ng buwis hanggang 2058, dapat humingi ang mga botante ng mga nasusukat na resulta, pananagutan sa gastos, at disiplina sa pananalapi.**

**Bumoto ng HINDI sa Prop C.**

*Partidong Republikano ng San Francisco*

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

**Hindi Nito Nagampanan ang Tungkuling Mayroon Ito. Ngayon, Gusto Nito ng Mas Malaki Pang Trabaho.**

Binuo ang Housing Trust Fund ng San Francisco noong 2012 para matulungan ang mga nagtatrabahong pamilya na magkaroon ng sariling tirahan. Nabigo ito. Tinatawag ng lokal na pag-uulat ang pondo na “kabiguan” at “dati nang programa na halos walang naidulot.” Mula nang gawin ang pondo, humigit-kumulang ay dumoble na ang gastos sa pagtatayo ng iisang abot-kayang yunit sa San Francisco, na malapit nang umabot sa $1 milyon bawat yunit ngayon.

Sa halip na ayusin ito, dodoblehin sa panukalang-batas na ito ang laki ng pondo, tatagal ito nang 30 pang taon, at lalo pa itong kukulangin:

– Itataas ang limitasyon sa kita ng bumibili ng bahay mula sa 120% patungong 200% ng “median na kita” — hanggang $402,000 para sa isang pamilyang may apat na miyembro, sa isang lungsod kung saan ang tunay na median na kita ng sambahayan ay $141,000.
– Papayagan ang Lupon ng mga Superbisor na itaas ulit ang limitasyong iyon anumang oras, nang walang kinakailangang botohan.
– Bubuksan ang pondo sa mga bagong paggamit gaya ng “social housing” na pag-aari ng lungsod at mga co-op, na lahat ay nag-aagawan sa parehong pera.
– Papalitan ang isang partikular na may pananagutang pondo ng komunidad ng isang malabo at open-ended na pondo.

Walang anumang nakapaloob sa panukalang-batas ang nag-aatas na magtayo ng kahit isa lang na dagdag na yunit. Walang target na bilang ng yunit. Walang benchmark. Samantala, kulang pa rin ang San Francisco ng sampu-sampung libong yunit para maabot ang mga sarili nitong layunin sa pabahay.

Ang isang programang nabigo na sa isang trabaho ay hindi maaayos sa pamamagitan ng pagbibigay rito ng limang bagong trabaho at mas maraming pera. Ayusin muna ang sira.

**Bumoto ng Hindi sa C.**

*Partidong Republikano ng San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Sa Proposisyon C, ire-renew at papalawakin ang programang dati nang nilikha ng mga botante ng San Francisco: ang Housing Trust Fund, na nakalaan sa pagtatayo ng abot-kayang tirahan, pagtulong sa mga guro at unang tagaresponde na maging may-ari ng bahay, at pagtulong sa mga nakatatanda na mapanatili ang kanilang tahanan.

Kasama rito ang mga tunay na proteksyon sa pananalapi. Puwedeng ipatigil ng Lungsod ang mga kontribusyon sa panahon ng tunay na kakulangan sa badyet, at bawasan ito nang hanggang 10 porsyento sa mga taon na kumukuha ito sa Rainy Day Reserve.

Tataas lang ang pondo kapag lumaki ang sariling property tax o kita sa pangkalahatang pondo ng Lungsod. Hindi ito blangkong tseke. Isa itong formula para sa paglago at pagpigil. Legal na nakalaan ang bawat dolyar para lang sa abot-kayang pabahay, insurance sa pagmamay-ari ng bahay, at tulong sa upa.

Hindi na makakapaghintay ang mga gastos sa pabahay ng San Francisco. Napipilitang umalis ngayon mismo ang mga guro, nurse, at multigenerational na pamilya dahil sa matataas na presyo, at malapit nang maubos ang pondong tumutulong sa kanila.

Kaya naman nakakuha ang Prop C ng suporta mula sa mga naihalal na lider, organisadong paggawa, at tagapagsulong ng pabahay sa buong lungsod. Ito ang responsable at may pananagutang paraan para maipagpatuloy ang programang ito nang hindi itinataas ang buwis ng kahit sino.

Bumoto ng OO sa Prop C.

*Superbisor Myrna Melgar*
*Miyembro ng Asembleya Matt Haney, Tagapangulo ng Komite sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad*
*Bill Barnes, Non-Profit Housing Association of Northern California*
*Nicholas Lake, Guro**
*Mario Flaherty, Kalihim, San Francisco Firefighters Local 798**

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

# Proposisyon D – Mga Pagbabago sa Proseso ng mga Panukalang-batas

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang maparami ang itinatakdang mga pangangailangan para sa signature initiatives o inisyatibang pinasisimulan ng mga lagda, at nang mabago ito mula sa 2% tungo sa 8% ng rehistradong mga botante sa San Francisco (kasalukuyang tinataya na mga 10,600 hanggang sa mga 42,500 lagda), maparami ang itinatakdang mga pangangailangan sa pagtawag ng espesyal na eleksyon, mapahintulutan ang pag-urong ng signature initiatives bago ang eleksyon, at matanggal ang kakayahan ng minoridad ng mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor o ng Mayor na maglagay ng mga panukalang-batas sa balota?

| | |
|---|---|
| OO | ◯ |
| HINDI | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** May 11 miyembro ang Lupon ng mga Supervisor (Lupon) ng San Francisco. Ang isang panukalang-batas ay puwedeng isang ordinansa para baguhin ang batas o isang deklarasyon ng patakaran. Sa ilalim ng Tsarter ng Lungsod, puwedeng maglagay ng mga panukalang-batas sa balota sa ilang paraan, kasama ang:

- Sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng Lupon;
- Sa pamamagitan ng apat o higit pang miyembro ng Lupon nang walang boto ng Lupon;
- Sa pamamagitan ng Mayor nang walang boto ng Lupon; o
- Sa pamamagitan ng signature initiative (petisyon) na nilagdaan ng hindi bababa sa 2% ng mga rehistradong botante sa San Francisco, na kasalukuyang humigit-kumulang 10,600 lagda.

Sa kasalukuyan, may mahigit 530,000 rehistradong botante sa San Francisco.

Kadalasan, lumalabas ang mga signature initiative sa balota sa susunod na regular na nakaiskedyul na eleksyon.

Puwedeng magpatawag ang mga signature initiative ng mas maagang “espesyal” na eleksyon sa isang ordinansa kung ang petisyon ay nilagdaan ng hindi bababa sa 10% ng mga botong ibinigay para sa lahat ng kandidato sa pagka-Mayor sa nakaraang eleksyon. Ito ay humigit-kumulang 39,000 lagda sa kasalukuyan.

Kapag naisumite na ang isang signature initiative sa Departamento ng mga Eleksyon, hindi na ito puwedeng bawiin.

**Ang Mungkahi:** Aamyendahan ng Proposisyon D ang Tsarter para dagdagan ang mga kinakailangan sa paglalagay ng mga panukalang-batas sa balota sa pamamagitan ng:

- Pagpapataas sa bilang ng mga lagdang kinakailangan para mailagay ang isang signature initiative sa balota mula sa 2% patungong 8% (kasalukuyang mula humigit-kumulang 10,600 hanggang humigit-kumulang 42,500 lagda) ng mga rehistradong botante sa San Francisco.
- Pagpapataas sa bilang ng mga lagdang kinakailangan sa pagpapatawag ng espesyal na eleksyon sa isang ordinansa mula sa 10% ng mga botong ibinigay para sa pagka-Mayor sa nakaraang eleksyon patungong 10% ng mga rehistradong botante sa San Francisco. Ito ay humigit-kumulang 53,100 lagda sa kasalukuyan.

Sa Proposisyon D, papahintulutang bawiin ang mga signature initiative nang hanggang 102 araw bago ang eleksyon.

Babaguhin din ng Proposisyon D ang mga kinakailangan sa paglalagay ng mga panukalang-batas sa balota sa pamamagitan ng:

- Pag-aalis sa kakayahan ng apat o higit pang miyembro ng Lupon na maglagay ng panukalang-batas sa balota nang walang boto ng Lupon;
- Pag-aalis sa kakayahan ng Mayor na mag-isang maglagay ng panukalang-batas sa balota;

Puwede pa ring maglagay ang Lupon ng mga panukalang-batas sa balota sa pamamagitan ng boto ng mayorya.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng “OO”:** Kung “oo” ang inyong iboboto, gusto ninyong taasan at gawing 8% mula sa 2% ng mga rehistradong botante ang mga kinakailangan para sa mga signature initiative (kasalukuyang mula humigit-kumulang 10,600 hanggang humigit-kumulang 42,500 lagda), dagdagan ang mga kinakailangan para sa espesyal na eleksyon, payagan ang pagbawi ng mga signature initiative, at alisin ang kakayahan ng isang minorya ng mga miyembro ng Lupon o ng Mayor na maglagay ng mga panukalang-batas sa balota.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng “HINDI”:** Kung “hindi” ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

## Pahayag ng Kontroler sa "D"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon D:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter, sa aking opinyon, maliit lang ang magiging epekto nito sa gastos ng pamahalaan.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, (1) kakailanganin ang pag-apruba ng isang mayorya ng Lupon ng mga Superbisor sa paglalagay ng ordinansa sa balota, (2) aalisin ang kakayahan ng Mayor na direktang maglagay ng ordinansa sa balota, (3) tataasan at gagawing 8% mula sa 2% ang kinakailangang bilang ng lagda ng botante para sa mga inisyatiba (kasalukuyang mula humigit-kumulang 10,600 hanggang humigit-kumulang 42,500 lagda) ng mga rehistradong botante sa San Francisco, (4) papahintulutan ang mga nagpapanukala na bawiin ng isang panukalang-batas pagkatapos itong maging kuwalipikado para sa balota, at (5) tataasan ang threshold para sa espesyal na eleksyon mula 10% ng mga boto para sa mayor sa huling pangkalahatang munisipal na eleksyon patungong 10% ng mga rehistradong botante.

Malamang ay bawasan ng iminumungkahing amyenda ang mga gastos sa antas na hindi pa matutukoy sa ngayon. Dahil itataas ang kinakailangang bilang ng lagda ng botante sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, mas kaunting inisyastiba ang puwedeng magkuwalipika para sa balota, na puwedeng magpababa sa bilang ng mga pini-print na pahinang kasama sa pamplet ng impormasyon para sa botante (Voter Information Pamphlet, VIP). Sa average, ang bawat pahina sa VIP ay nagkakahalaga ng $11,400 para ihanda, i-print, at ipamahagi sa lahat ng rehistradong botante. Sa iminumungkahing pagtaas sa kinakailangang bilang ng lagda ng botante, puwede ring mabawasan ang bilang ng ipinapatawag na espesyal na eleksyon, kaya makakatipid ang Departamento ng mga Eleksyon. Ang tinatayang minimum na gastos para sa isang pambuong-estadong espesyal na eleksyon ay $5 milyon, kung saan may balotang may iisang card at VIP na wala pang 50 pahina.

Puwedeng makaapekto ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter sa workload ng Departamento ng mga Eleksyon. Puwede itong magresulta sa pagkaunti ng mga ordinansa sa balota na makakabawas sa nauugnay na workload ng Departamento ng mga Eleksyon—na magbibigay sa mga kawani ng higit pang panahon na gawin ang iba pang tungkulin ng pamahalaan. Sa kabilang banda, puwedeng makakita ang Departamento ng mga Eleksyon ng pagtaas sa workload para mas maraming ma-validate na lagda ng botante para sa isang panukalang-batas para maging kuwalipikado sa balota at maalis ang mga kuwalipikadong panukalang-batas sa kahilingan ng mga nagpapanukala.

## Paano Nakasama ang "D" sa Balota

Noong Hulyo 23, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na may sapat na bilang ng may balidong lagda ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon D sa balota para maging kuwalipikado ang panukalang-batas sa balota.

53,076 na lagda ang kinailangan para mailagay sa balota ang isang inisyatibang Amyenda sa Tsarter. Ang numerong ito ay katumbas ng 10% ng mga rehistradong botante nang maglathala ng “Abiso sa Layuning Magpaikot ng Petisyon.” Sa isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang deadline ng pagsusumite na Hulyo 6, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong lagda kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Ang Clean Up City Hall ay isang package ng Props A, D, E, at F para mapahusay ang mga serbisyo sa komunidad, mapabilis ang pagpoproseso ng permit, at mabawasan ang maaksayang paggasta para magawa nating mag-invest sa ating napakagandang lungsod.

**MAGBIBIGAY ANG PROPOSISYON D SA MAS MARAMING BOTANTE NG TINIG SA KUNG ANO ANG LALABAS SA MGA BALOTA.**

Sa kasalukuyan, magagawa ng minorya ng mga superbisor, na 2% lang ng mga botante, o ng mayor na kumikilos nang mag-isa, na maglagay ng kahit ano sa balota nang walang input mula sa publiko, pagiging bukas at malinaw, o napatunayang suporta ng komunidad.

“Kahit ang mga ideyang may mabuting hangarin ay puwedeng may mga pagkakamali at hindi sinasadyang kahihinatnan.” - Ben Hur, dating Tagapangulo ng Etika ng SF.

San Francisco lang ang lungsod sa California na nagpapahintulot sa mga mababang threshold na ito — kaya naman tayo ang may pinakamahaba at pinakanakalilitong balota sa estado.

**HIHINGI ANG PROP D NG HIGIT PANG BUKAS AT MALINAW, KOMPROMISO, AT INPUT MULA SA KOMUNIDAD.**

Kailangan ng Proposisyon D ng pampublikong botohan ng mayorya ng mga superbisor o ng lagda ng 8% ng mga botante. Aalisin nito ang natatanging kapangyarihan ng mayor na maglagay ng mga panukalang-batas sa balota para matiyak na may patas na balanseng kapangyarihan. Ang kinakailangang bilang ng lagda ay nananatiling mas mababa kaysa sa pamantayan ng estado na 10% at mga kalapit na lungsod tulad ng Oakland.

**ANG MAGIGING RESULTA NG MGA KATAMTAMANG REPORMANG ITO AY MAS BUKAS NA DEBATE AT PARTISIPASYON NG MAMAMAYAN BAGO MAILAGAY ANG MGA PANUKALA SA BALOTA.**

Pinakaumuunlad ang San Francisco kapag sama-sama tayong nagtutulungan sa mga koalisyon. Sumali sa pambuong-estadong koalisyon para managot ang sistema sa lahat!

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbsor Rafael Mandelman*
*Speaker Emerita Nancy Pelosi*
*Nancy Tung, Partidong Demokratiko ng San Francisco*
*Dating Tagapangulo ng Etika ng SF Ben Hur*
*Dating Kinatawang Abogado ng Lungsod Jim Lazarus*
*Associate Professor ng Political Science ng SFSU Jason McDaniel*
*Dating Kontroler ng Lungsod Ben Rosenfield*
*Dating Puno ng mga Bumbero Joanne Hayes-White*
*Dan Calamuci, Mga Karpintero Lokal 22**
*Anthony Travis Jr., Laborers Local 261**
*Charles Lavery, Operating Engineers Local 3**
*Teamsters Local 665*
*Council of District Merchant Associations*
*Chinatown History and Culture Association*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

**Hindi sa D: Papatahimikin nito ang mga botante ng San Francisco**

Tinatawag ito ng mga may-panukala na “katamtamang reporma.” Ang apat na ulit na pagtaas ay hindi katamtaman. Sukdulan ito.

Sa pag-quadruple sa kinakailangang bilang ng lagda mula 10,600 patungong 42,500, kakailanganing mag-hire ng mga may bayad na signature firm para maging kuwalipikado, at gagastos ng isang milyong dolyar o higit pa.

**Dahil sa malaking gastos na iyon, mawawalan ng kakayahang lumahok sa proseso ng inisyatiba ang mga grupo sa komunidad, unyon, at tagapagsulong ng komunidad.**

Nakalikom ang mga may-panukala ng $8.6 milyon, na nakolekta mula sa iilang bilyonaryo at venture capitalist. Kaya nilang bayaran ang mas malalaking gastos. Pero hindi kaya ng iba sa atin.

Ang pagwawakas sa mga inisyatiba ng mamamayan ay hindi magpapasulong sa San Francisco. Sa halip, ibabalik tayo nito sa 1898, kung kailan naging isa ang San Francisco sa mga unang lungsod sa California na nakamit ang karapatang ito.

Kung maisasabatas ito, San Francisco ang magkakaroon ng pinakamataas na bilang ng kinakailangang lagda kumpara sa alinmang county sa California. Mas mataas kaysa sa Los Angeles at San Jose. Mahigit tatlong beses na mas mataas kaysa sa mga pambuong-estadong panukalang-batas na nangangailangan ng 2.4%.

Gusto kayong papaniwalain ng mga may-panukala na katamtaman ang pagtataas ng threshold sa 8% mula sa 2%. Pero para na rin iyong pagpapataas ng upa ninyo mula $2,000 patungong $8,000. Sukdulan ito – at labis na mapaminsala.

**Huwag magpalinlang. Huwag nakawin ang karapatan naming bumoto. Bumoto ng HINDI sa D.**

*Konseho sa Paggawa ng San Francisco*
*San Francisco Senior & Disability Action*
*Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco*
*San Francisco Women’s Political Committee*
*Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco*
*Indivisible SF*
*Coleman Advocates for Children & Youth*
*San Francisco Rising Action Fund*

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

**HINDI SA D: HUWAG NAKAWIN ANG KARAPATAN NAMING BUMOTO.**

**Huwag magpalinlang.** Hindi ito tungkol sa streamlining o mga pamantayan ng estado. Aalisin ng Prop D ang karapatang 125 taon nang taglay ng mga San Franciscan: ang maglagay ng mga inisyatiba ng mamamayan sa balota.

**Ninanakaw ito.** San Francisco ang kauna-unahang lungsod sa California na nagkaroon ng karapatang ito. Ngayon, gumagastos ng milyun-milyon ang mayayamang bilyonaryo sa teknolohiya para agawin ito. Gagawin nilang apat na beses  ang bilang ng kinakailangang lagda mula 10,600 patungong 42,500, na isang limitasyong napakataas at maaabot lang ng pinakamayayaman.

**Sundan ang pera.** Kayang magbayad ng mayayamang interes ng isang milyong dolyar para makakolekta ng 42,500 lagda. Mawawalan ng kakayahang lumahok ang mga grupo sa komunidad, unyon ng manggagawa, at tagapagsulong ng komunidad. Mawawala ang ating tinig sa demokratikong proseso.

**Mahirap pero patas ang 10,600 lagda.** Simula pa noong 1932, humigit-kumulang 10,600 lagda ang kinakailangan para maging kuwalipikado ang isang panukalang-batas. Hindi ito madali: 15% lang ng lahat ng panukalang-batas sa balota ang mga inisyatiba ng mamamayan. Pero kapag binalewala tayo ng City Hall, may kapangyarihan ang mga mamamayan na kumilos. Isang check and balance.

**Mahirap abutin ang 42,500 lagda.** Magiging imposible para sa mga grassroots na organisasyong pinangungunahan ng mamamayan na gawing kuwalipikado ang isang panukalang-batas. Pagkalipas ng 125 taon, permanente nitong papatahimikin ang tinig ng ilang San Franciscan.

**Nakakagawa ng pagbabago ang mga inisyatiba ng mamamayan.** Itinaas nila ang minimum na sahod, tiniyak nila na nagbabayad ng karampatang bahagi ang malalaking korporasyon, nagbigay sila ng legal na tulong sa mga nangungupahang nahaharap sa pagpapaalis, ipinagbawal nila ang mga tiwaling kontribusyon sa mga pulitiko, nagpasa sila ng mga Sunshine law, nagtakda sila ng kontrol sa upa, at nagpondo sila ng mga paaralan, pangangalaga sa mga bata, at abot-kayang pabahay.

Pagkatapos ng 125 taon na direktang demokrasya, huwag hayaang nakawin nila ito. Bumoto ng HINDI sa D.

*Konseho sa Paggawa ng San Francisco*
*San Francisco Senior & Disability Action*
*Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco*
*San Francisco Women's Political Committee*
*Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco*
*Indivisible SF*
*Asosasyon ng mga Nangungupahan sa Komunidad*
*Coleman Advocates for Children & Youth*
*San Francisco Rising Action Fund*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

**WAWAKASAN NG D ANG MONOPOLYO NG MGA INSIDER SA KAPANGYARIHAN SA BALOTA**

Nililinlang ng mga insider ang mga botante dahil nakukuwestiyon ang kanilang monopolyo sa kapangyarihan. Sa palagay nila, gumagana nang maayos ang sistema. Alam ng mga San Franciscan na sira ang sistema: na patuloy na nagpapalito sa atin, lumilikha ng hidwaan sa magkakapitbahay, at gumagawa ng mga hindi kanais-nais na resulta.

Ang D ay isang hanay ng mga katamtamang reporma na nangangailangan ng bukas at malinaw, kompromiso, at input mula sa komunidad bago maglagay ng mga isyu sa balota para makapagbigay ng opinyon ang mga botante sa mga panukalang-batas na pinag-isipan nang mabuti. Wala sa mga repormang ito ang may dagdag na gastos.

**IBABALIK NG D ANG BALANSENG KAPANGYARIHAN SA MGA BOTANTE**

Sa kasalukuyan, kaya ng minorya ng mga superbisor, na 2% lang ng mga botante, o ng mayor nang mag-isa, na maglagay ng kahit ano sa balota nang walang input mula sa publiko, bukas at malinaw, o napatunayang suporta ng komunidad. Regular na sinasamantala ng mga pulitikal na insider ang mga patakarang ito. Kaya naman San Francisco ang may pinakamahaba at pinakanakalilitong balota sa estado.

**HIHINGI ANG PROPOSISYON D NG BUKAS AT MALINAW, KOMPROMISO, AT INPUT MULA SA KOMUNIDAD.**

Sa D, para makapaglagay ng panukalang-batas sa balota, kailangan ng pampublikong botohan ng mayorya ng mga Superbisor o ng katamtamang bilang ng mga lagda. Aalisin din ng D ang natatanging kapangyarihan ng mayor na maglagay ng mga panukalang-batas sa balota, para matiyak na may patas at balanseng kapangyarihan.

Iginigiit ng mga katunggali na mula pa noong 1932 ang mga panuntunan sa ngayon. Kinumpirma ng ulat ng Kontroler na itinakda ang kasalukuyang threshold noong 2022, na nangangailangan ng humigit-kumulang 9,000 mas kaunting lagda kaysa dati. Mananatili ang San Francisco na isa sa may pinakamababang threshold sa lagda sa California, kasama ang iba pang malaking lungsod tulad ng Oakland, San Diego, at Long Beach.

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Dating Kontroler Ben Rosenfield*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon E – Ang Awtoridad ng Administrador ng Lungsod at Mga Pagbabago sa Pangongontrata ng Lungsod

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mabigyan ang Administrador ng Lungsod ng higit na awtoridad sa pamamagitan ng paggawang sentralisado ng mga patakaran at proseso sa pamimili ng Lungsod, pagbabago sa pamamaraan ng pag-apruba ng Lungsod sa mga patakaran sa pamimili, pagbabago sa nakatakdang sitwasyon kung kailan nangangailangan ang mga kontrata at pagpapaupa ng pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor, at pagpapahaba sa panahon ng panunungkulan ng Administrador ng Lungsod ng Lungsod?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Responsibilidad ng Tanggapan ng Administrador ng Lungsod ang karamihan sa pagbili ng Lungsod. Gayunpaman, ang awtoridad para sa pagbili at teknolohiya ng Lungsod ay pinaghahatian ng Tanggapan ng Administrador ng Lungsod, Lupon ng mga Superbisor, Mayor, at ilang departamento ng Lungsod.

- Mga Panuntunang Nangangasiwa sa Pagbili: Puwedeng magpatibay ang Lupon ng mga Superbisor (Lupon) ng mga ordinansang nagtatakda ng mga panuntunan sa pagpili ng mga kontratista at pagpasok sa mga kontrata ng Lungsod para sa mga produkto, serbisyo, konstruksiyon, at grant (tinutukoy sa ibaba bilang Pagbili).
- Pag-apruba ng Lupon sa Iba't Ibang Kasunduan: Maliban kung may pagbubukod, kinakailangan ng Tsarter ng Lungsod na ang Lupon para maaprubahan ang:
  - Mga kontrata at lease na magbibigay sa Lungsod ng $1,000,000 kita o higit pa, at
  - Mga kontrata kung saan gagastos ang Lungsod ng $10,000,000 o higit pa.

Kailangan ding aprubahan ng Lupon ang ilang partikular na amyenda sa mga kasunduang ito.

- Termino ng Administrador ng Lungsod: Itatalaga ng Mayor ang Administrador ng Lungsod sa isang limang taon na termino, na ipapaapruba sa Lupon.
- Awtoridad ng Administrador ng Lungsod: Itatakda ng Administrador ng Lungsod ang mga panuntunan at proseso sa Pagbili na sumasaklaw sa mga produkto at serbisyo maliban sa ilang produkto at serbisyo ng Munisipal na Ahensiya ng Transportasyon, Komisyon sa Mga Pampublikong Utility, Komisyon sa Pantalan, at ilang departamento ng sining. Sinusubaybayan din ng Administrador ng Lungsod ang mga patakaran sa teknolohiya at pag-dispose ng personal na ari-arian ng Lungsod para sa karamihan ng mga departamento.

**Ang Mungkahi:** Gagawin ng Proposisyon E ang mga sumusunod:

- Mga Panuntunang Nangangasiwa sa Pagbili: Bibigyan ang Administrdor ng Lungsod ng eksklusibong awtoridad na magmungkahi ng mga ordinansang babago sa kung paano pumipili ng mga kontratista at pumapasok sa mga kontrata ang Lungsod para sa mga produkto, serbisyo, konstruksyon, at grant (Pagbili). Walang kakayahan ang Lupon at Mayor na amyendahan ang mga ordinansa, pero magagawa nila na:
  - Aprubahan o tanggihan ang mga ordinansa sa loob ng 60 araw, o
  - Kung walang gagawing aksyon sa loob ng 60 araw, maaaprubahan ang mga ordinansa.

Hindi babaguhin ng Proposisyon E ang kasalukuyang awtoridad ng Lupon para sa mga ordinansa sa Pagbili na pangunahing tumutugon sa sahod, kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, paggamit ng lokal na negosyo, o mga kasunduan sa paggawa.

- Pag-apruba ng Lupon sa Iba't Ibang Kasunduan: Dagdagan ang halaga sa dolyar na nangangailangan ng pag-apruba ng Lupon sa:
  - Mga kontrata at lease na magbibigay sa Lungsod ng $4,500,000 kita o higit pa,
  - Mga kontrata kung saan gagastos ang Lungsod ng $25,000,000 o higit pa.

Simula sa 2032, ia-adjust ng Kontroler ng Lungsod ang mga halaga sa dolyar na ito kada limang taon para sa inflation.

Kakailanganin ng Proposisyon E ang pag-apruba ng Lupon para sa mga pangunahing amyenda sa mga kasunduang ito.

- Termino ng Administrador ng Lungsod: Dagdagan at gawing sampu mula sa limang taon ang termino ng Administrador ng Lungsod.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

- Awtoridad ng Administrador ng Lungsod: Itatakda ng Administrador ng Lungsod ang mga panuntunan at proseso sa Pagbili ng lahat ng produkto, serbisyo, konstruksiyon, at mga grant na dapat sundin ng lahat ng departamento ng Lungsod, maliban na lang kung nililimitahan ng ibang batas. Mapapailalim na ngayon ang karamihan ng mga departamento sa awtoridad ng Administrador ng Lungsod kaugnay ng mga patakaran sa teknolohiya at pag-dispose ng personal na ari-arian ng Lungsod. Mangingibabaw ang mga panuntunang ito sa mga salungat na panuntunan at patakaran ng mga departamentong iyon.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong bigyan ng higit pang awtoridad ang Administrador ng Lungsod sa pamamagitan ng pagsasentralisa sa mga panuntunan at proseso sa Pagbili ng Lungsod, pagbago sa kung paano inaaprubahan ng Lungsod ang mga panuntunan sa Pagbili, pagbago sa kung kailan nangangailangan ang mga kontrata at lease ng pag-apruba ng Lupon, at pagpapalawig sa termino ng Administrador ng Lungsod.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "E"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon E:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter, sa aking opinyon, maliit lang ang magiging epekto nito sa paggasta ng pamahalaan, pero sa isang antas na hindi pa matutukoy sa ngayon.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, (1) bibigyan ang Administrador ng Lungsod ng eksklusibong awtoridad na magpakilala ng mga ordinansang namamahala sa pangongontrata ng Lungsod, nang may ilang pagbubukod; (2) bibigyan ang Administrador ng Lungsod ng awtoridad na magtakda ng mga Pambuong-estadong panuntunan sa pangongontrata; (3) bibigyan ang Administrador ng Lungsod ng awtoridad na magtakda ng mga patakaran, pamantayan, at kasanayan para sa mga paggamit ng teknolohiya sa mga departamento; (4) papalawigin at gagawing sampung taon ang termino ng Administrador ng Lungsod mula sa limang taon; (5) tataasan at gagawing $4.5 milyon ang threshold ng pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor mula sa $1 milyon para sa mga kumikitang kontrata at kasunduan sa lease ng real property; at (6) tataasan at gagawing $25 milyon ang threshold ng pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor mula sa $10 milyon para sa mga kontrata sa paggasta.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, magkakaroon ang Administrador ng Lungsod ng higit pang awtoridad sa pagtatakda ng mga pamantayan sa kontrata, sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga ordinansa o pagpapatibay ng mga panuntunan, regulasyon, o patakaran, na puwedeng magbigay-daan sa higit pang kahusayan sa pangongontrata sa buong lungsod. Magtatakda ang iminumungkahing amyenda ng mas pinag-isang pamamaraan sa procurement ng Lungsod, na puwedeng makabawas sa gastos sa pagbili ng mga produkto o serbisyo, at magbigay sa mga kawani ng higit pang panahon sa kalaunan. Puwedeng magresulta ang amyenda sa pagbabago sa staffing pero hindi ito magsasaad ng mga pagbabago sa organisasyon o staffing sa loob ng Lungsod.

Tataasan din ng iminumungkahing amyenda sa Tsarter ang mga monetary na threshold ng pag-apruba ng kontrata ng Lupon ng mga Superbisor. Puwedeng paikliin ng mga pagbabagong ito ang tagal ng panahong ginugugol ng Lupon ng mga Superbisor sa pagsusuri ng mga kontrata, at ang tagal ng panahong ginugugol ng mga kawani ng departamento sa paghahanda para sa pagsusuri ng Lupon ng mga Superbisor, na magbibigay sa Lupon ng mga Superbisor, sa kanilang mga kawani, at sa kawani ng departamento ng higit pang panahon para gawin ang iba pang tungkulin ng pamahalaan, pero sa isang antas na hindi pa matutukoy sa ngayon.

## Paano Nakasama ang "E" sa Balota

Noong Hulyo 23, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na may sapat na bilang ng may balidong lagda ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon E sa balota para maging kuwalipikado ang panukalang-batas sa balota.

53,076 na lagda ang kinailangan para mailagay sa balota ang isang inisyatibang Amyenda sa Tsarter. Ang numerong ito ay katumbas ng 10% ng mga rehistradong botante nang maglathala ng "Abiso sa Layuning Magpaikot ng Petisyon." Sa isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang deadline ng pagsusumite na Hulyo 6, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong lagda kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Sa paglipas ng mga dekada, ang sistema ng pamamalakad sa San Francisco — o ang tsarter ng lungsod — ay unti-unting naging tagagantimpala sa mga insider ng lungsod. Si Mayor Lurie ay may pinamumunuang pambuong-estadong koalisyon para mas managot ang sistema sa mga karaniwang residente ng San Francisco.

Ang Clean Up City Hall ay isang package ng Props A, D, E, at F para mapahusay ang mga serbisyo sa komunidad, mapabilis ang pagpoproseso ng permit, at mabawasan ang maaksayang paggasta para magawa nating mag-invest sa ating napakagandang lungsod.

**AALISIN NG PROP E ANG PAG-AAKSAYA SA PANGONGONTRATA NG LUNGSOD.**

Puwedeng umabot sa mahigit $25,000 ang gastos sa pagpapatakbo ng iisa lang na proseso ng pangongontrata. Umaabot nang ilang taon bago maihatid ang mga simpleng pagbili. Lumalaki nang hindi makontrol ang mga gastos. Iyon ay dahil taun-taon, nagbibigay ang San Francisco ng mahigit $5 bilyon na halaga ng kontrata nang walang sapat na pagsubaybay o pananagutan. Lumilikha ng pag-aaksaya sa bawat antas at madaling pagsamantalahan ang sistema.

**HAHADLANGAN ANG TIWALING PAKIKIPAG-DEAL.** Anim na pinuno ng departamento ang nahuli ng mga imbestigador na may iskema sa pangongontrata sa nakalipas na limang taon. Maraming pinuno ng departamento ang nabilanggo. Sa E, magkakaroon ng kakayahan ang isang propesyonal na Administrador ng Lungsod na magtakda ng mga malinaw at bukas na pamantayan para maibigay ang mga kontrata batay sa kung sino ang pinakanaaangkop sa trabaho, hindi sa kung sino ang may pinakamalakas na koneksyon.

**HIGIT PANG PANANAGUTAN PARA SA MAS MAGAGANDANG RESULTA.** “Nagbabayad ang San Francisco sa libu-libong negosyo at nonprofit pero walang sistema ng pangongontrata na idinisenyo para sa resulta. Sa E, titiyaking mapupunta ang pondo ng publiko sa mas mahuhusay at mas mabibilis na serbisyo ng lungsod sa halip na sa pag-aaksaya at pagkaantala.” - Ben Rosenfield, dating Kontroler ng San Francisco

**MAS MAHUSAY NA CHECKS AND BALANCES.** Puwedeng tanggihan ng mayor o ng mayorya ng lupon ang mga iminumungkahing pagbabago sa pangongontrata sa loob ng 60 araw, na tinitiyak na may pananagutan sa buong sistema.

Pinakaumuunlad ang San Francisco kapag sama-sama tayong nagtutulungan sa mga koalisyon. Sumali sa pambuong-estadong koalisyon para managot ang sistema sa lahat!

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Speaker Emerita Nancy Pelosi*
*Nancy Tung, Partidong Demokratiko ng San Francisco*
*Dating Tagapangulo ng Etika ng SF Ben Hur*
*Dating Katuwang na Abogado ng Lungsod Jim Lazarus*
*Associate Professor ng Political Science ng SFSU Jason McDaniel*
*Dating Kontroler ng Lungsod Ben Rosenfield*
*Dating Puno ng mga Bumbero Joanne Hayes-White*
*Firefighters Local 798*
*SF Building Trades*
*Dan Calamuci, Mga Karpintero Lokal 22**
*Anthony Travis Jr., Laborers Local 261**
*Charles Lavery, Operating Engineers Local 3**
*Teamsters Local 665*
*Council of District Merchant Associations*
*Chinatown History and Culture Association*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Sinusuyod ni Mayor Lurie ang buong lungsod sa pamamagitan ng mga bayarang tagapangalap ng lagda. Hindi siya nangalap ng mga pragmatistang kandidato para hamunin ang mga ideologo at obstruksyunista sa Lupon ng mga Superbisor, o bumuo ng gumaganang mayorya para maisabatas ang kanyang layunin. Itinuturing niyang kaaway ang checks and balances, at hangad niyang kamkamin ang kapangyarihan sa pamamagitan ng Proposisyon D, E, at F.

May mga katulad na pattern sa kanyang agresibong adbokasiya para sa Proposisyon H, ang malaking parcel tax para suportahan ang MUNI. Sa halip na ipilit ang tunay na reporma sa isang ahensiyang napigilan at sobrang laki, hinihiling niya sa mga botante na i-lock in ang $2.4 bilyon na bagong buwis para patuloy na buhayin ang lumang modelo nito bago pa man ang pandemya at teknolohiya, na halos mga walang laman na kulungang bakal. Isa-subsidize ng Proposisyon H ang mga serbisyong sa ridership, mahinang pagpapatupad ng bayad, at burukratikong inertia.

Tumingin sa paligid! Nangangako ang mga autonomous vehicle ng malaking pagbaba sa gastos at malayang pagkilos. Habang hinihingi ng pagod nang retorika sa klima na iwan ng lahat ang kanilang mga sasakyan, naging mas malinis, de-kuryente, walang driver, naibabahagi, robotic, at nakakatulong sa mga may kapansanan ang mga sasakyan. Papalapit na ang kinabukasan. Nananatiling allergic dito si Mayor Lurie.

Tumatanggi ang mayor na linisin ang sariling kapulungan ng kanyang partido sa gitna ng tumitinding ekstremismo. Naghahangad siya ng bagong permanenteng ehekutibong kapangyarihan at malawakang bagong buwis na tulad sa mga maluwalhating araw ng malalaking imprastraktura. Ito ay mga awtoritaryang sosyalistang bagay na dapat niyang labanan.

Huwag maging duwag.

Bumoto ng Hindi sa D, E, F... at H!

*Larry S. Marso, Esq.*

Si G. Marso, isang residente ng Nob Hill, ay isang katunggali sa balota sa $400 milyong bono ng MUNI noong 2024—na tinanggihan ng mga botante at isang malaking tagumpay para sa mga nagbabayad ng buwis!

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Tumatanggi ang kasalukuyang Lupon ng mga Superbisor na ipatupad ang mga pangunahing priyoridad ni Mayor Daniel Lurie—na bawasan ang kakulangan, putulin ang burukrasya, sentralisahin ang pangongontrata, at pananagutin ang mga pinuno ng departamento. Gayunpaman, si Lurie, sa halip na direktang hamunin ang mga makakaliwang sosyalista at obstruksyunistang ideologo ng sarili niyang partido para makapaghalal ng mga pragmatistang Superbisor, itinuturing niyang kaaway ang mismong sistema ng checks and balances. Nangalap siya ng milyun-milyong dolyar para sa mga bayarang tagapangalap ng lagda para isulat ulit ang Tsarter ng Lungsod at pagsama-samahin ang kapangyarihan sa kanyang mga kamay.

Ito ang awtoritaryang tukso. Dahil sa takot sa mga radikal sa loob ng sarili nilang koalisyon, bumabaling ang mga lider sa mga institusyonal na hadlang na naglilimita sa kanilang personal na kapangyarihan. Malinaw at nakakakilabot na inilahad ng SPUR ang kagustuhang ito: dapat ay "lutasin ng isang mayor ang mga isyu sa pamamagitan ng pamumuno sa halip na sa balota"—ibig sabihin: sa pamamagitan ng utos ng mayor. Nakakasagabal lang ang demokratikong proseso.

Ang parehong kagustuhan ang nagtutulak sa mga presidente na mas gusto ng mga ehekutibong kautusan kaysa sa mas mahirap na gawain na talunin ang mga miyembro ng sarili nilang partido na "in name only," na humahadlang sa kanilang agenda.

Sa isang panukalang-batas, papalawakin ang awtoridad ng Administrador ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtaas sa threshold sa dolyar na dapat maaprubahan ng Superbisor sa malalaking kontrata. Binubuhay naman ulit ng isa pa ang mga katuwang na alkalde—na isang sistema ng patronage na inilantad ni Quentin Kopp at inalis ng mga botante noong 1991—habang pinapalakas ang kapangyarihan ng mayor na mag-hire, magtanggal, at muling mag-ayos . Pinaparami nang apat na beses ng ikatlong panukala ang kinakailangang bilang ng lagda para sa mga inisyatiba ng mamamayan, matapos gamitin mismo ni Lurie ang mababang bar na ngayon ay ninanais niyang isara—na parang isinasara ang pintuan sa likod niya.

Ang karamihan sa sinasabi ni Lurie na maidudulot ng mga pagbabagong ito ay puwedeng nakamit sa pamamagitan ng lehislasyon at regular na proseso kung pinamunuan niya ang sarili niyang partido tungo sa disiplina sa pananalapi, itinaboy ang mga pinakaideolohikal na miyembro sa Lupon ng mga Superbisor, at nilabanan niya ang lumalaking makakaliwang ekstremismo na kumakalat sa pamumuno ng Demokratiko. Sa halip, nakikipaglaro siya sa parehong uri ng awtoritaryanismo.

Huwag maging duwag.

Bumoto ng Hindi sa D, E, at F.

*Larry S. Marso, Esq.*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

**ANG PROP E AY TUNGKOL SA PAGWAWAKAS NG PAG-AAKSAYA AT KATIWALIAN SA PANGONGONTRATA NG LUNGSOD**

Sa ilalim ng kasalukuyan nating sistema, naging katatawanan ang San Francisco sa buong mundo nang ianunsyo na aabot sa $1.7 milyong dolyar ang gastos para itayo ang isang pampublikong palikuran sa Noe Valley.

Sa ilalim ng kasalukuyan nating sistema, maraming empleyado ng lungsod, kasama ang 6 na pinuno ng departamento, ang iniimbestigahan dahil sa pagpapatakbo ng mga iskema sa pangongontrata na nagresulta sa pagkabilanggo ng ilan sa kanila.

Sa ilalim ng kasalukuyan nating sistema, umaabot sa mahigit $25,000 ang gastos para lang sa isang proseso ng pangongontrata, at umaabot nang ilang taon bago matapos ang mga simpleng pagbili.

Pero patuloy na nagbibigay ang lungsod ng $6 bilyong kontrata bawat taon nang walang pagsubaybay at pananagutan na hinihingi ng sentido komun.

Ang paraan ng pagbili ng lungsod ng mga stapler, pagtatayo ng mga pampublikong palikuran, o pagbili ng software ay hindi dapat gawing laruan ng pulitika.

Sa Prop E, mabibigyan ng kakayahan ang propesyonal na Administrador ng Lungsod na magtakda ng malilinaw na bukas na panuntunan sa kung sino ang makakakuha ng mga kontrata ng lungsod. Ito ay kinakailangang hakbang para wakasan ang pag-aaksaya, panloloko, at patuloy na paglaki ng gastos na, sa totoo lang, dapat ay nagawa na ilang dekada ang nakalipas.

Gusto ng mga insider sa City Hall na panatilihin ang kasalukuyan nating sistema dahil pabor ito sa kanila. Pero malinaw ang sinabi ng mga botante ng San Francisco na panahon na para sa pagbabago.

Samahan kami sa pagbabalik ng katinuan sa pagbili at pangongontrata.

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Dating Kontroler Ben Rosenfield*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon F – Mga Pagbabago sa Pamamahala ng Ehekutibong Sangay

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapalawak ang awtoridad ng Mayor sa paglilipat ng mga responsibilidad sa pagitan ng mga departamento, pag-eempleyo ng deputy mayor o katuwang na alkalde, at pag-eempleyo ng ilan at pagsisante sa karamihan ng mga pinuno ng mga departamento; at upang mapahintulutan ang mga opisyal ng Lungsod na tanggalin ang mga miyembro ng mga lupon at komisyon nang walang kadahilanan?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Ang Mayor ay ang punong ehekutibong opisyal ng Lungsod. Direktang pinapangasiwaan ng Mayor ang halos 50 departamento ng Lungsod, na itinakda sa pamamagitan ng Tsarter o ordinansa. Sa pamamagitan ng Tsarter itinatakda ang karamihan ng mga departamento ng Lungsod.

- Paglipat ng Mga Tungkulin: Maaaring maglipat ang Mayor ng mga responsibilidad sa pagitan ng mga departamento na itinatag sa pamamagitan ng ordinansa, basta't hindi tumututol ang Lupon ng mga Superbisor (Lupon). Hindi maaaring maglipat ang Mayor ng mga responsibilidad para sa mga departamento na itinatag sa pamamagitan ng Tsarter.
- Deputy Mayors: Hindi maaaring mag-hire ang Mayor ng mga deputy mayor para subaybayan ang karamihan ng mga departamentong itinakda sa pamamagitan ng Tsarter.
- Mga Pinuno ng Departamento: Sa maraming sitwasyon, dapat pumili ang Mayor ng pinuno ng departamento sa mga kandidatong irinerekomenda ng lupon o komisyon na sumusubaybay sa departamentong iyon. Kadalasan, puwedeng tanggalin ng lupon o komisyon ang pinuno ng departamento, pero hindi ito magagawa ng Mayor.
- Mga Komisyoner: Bukod sa Mayor, nagtatalaga ang Lupon at iba pang opisyal ng mga miyembro sa mga lupon at komisyon ng Lungsod. Kadalasan, puwede lang suspindihin o alisin ang mga itinalagang miyembro kung nakibahagi ang isang miyembro sa opisyal na hindi naaangkop na asal o ilang partikular na felony.

**Ang Mungkahi:** Aamyendahan ng Proposisyon F ang Tsarter para pahintulutan ang Mayor na gawin ang mga sumusunod:

- Paglipat ng Mga Tungkulin: Maglipat ng mga responsibilidad sa pagitan ng karamihan ng mga departamento o pagsama-samahin ang mga departamento sa ilalim ng iisang pinuno ng departamento, ordinansa o Tsarter man ang nagtatag sa Departamento, at basta't hindi tumututol ang Lupon. Hindi maaaring alisin ng Mayor ang anumang responsibilidad na itinakda sa pamamagitan ng Tsarter. Puwede ring italaga ng Mayor ang pagsubaybay sa mga inilipat na responsibilidad na ito sa komisyon ng departamentong iyon. Hindi puwedeng ilipat ng Mayor ang mga responsibilidad ng mga departamentong ito:
  - Administrador ng Lungsod, Kontroler, Lupon sa Pag-apela, Pantalan, Paliparan, Asian Art Museum, Mga Fine Arts Museum, Munisipal na Ahensiya ng Transportasyon ng San Francisco, Komisyon sa Mga Pampublikong Utility, Komisyon sa Serbisyo Sibil, Departamento ng Human Resources, Lupon sa Pagreretiro, Sistema ng Serbisyo sa Kalusugan, Departamento ng mga Eleksyon, Komisyon sa Etika, o mga departamentong pinamumunuan ng iba pang inihalal na opisyal.

  Hindi maaring ilipat ang mga responsibilidad ng Departamento sa Pananagutan ng Pulisya sa Departamento ng Pulisya, at hindi maaaring ilipat ang mga responsibilidad ng Inspector General ng Sheriff sa Sheriff.
- Deputy Mayors: Mag-hire ng mga deputy mayor para subaybayan ang karamihan ng mga departamento na itinakda sa pamamagitan ng Tsarter.
- Mga Pinuno ng Departamento: Kumuha ng ilan at magtanggal ng karamihan sa mga puno ng departamento nang walang partisipasyon ng lupon o komisyon. Hindi maaaring i-hire o tanggalin ng Mayor ang ilang partikular na exempted na pinuno ng departamento (tingnan ang Listahan ng Mga Pagbubukod sa Mga Salitang Dapat Mong Malaman).
- Mga Komisyoner: Bukod sa Mayor, magagawa ng Lupon at ng iba pang opisyal na nagtatalaga ng mga miyembro ng lupon at komisyon na alisin sila anumang oras nang walang dahilan. Hindi ito naaangkop sa Lupon sa Pag-apela, Komisyon sa Serbisyo Sibil, o Komisyon sa Etika. Hindi maaaring alisin ng Mayor ang anumang lupon o komisyong itinakda sa pamamagitan ng Tsarter.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng “OO”:** Kung “oo” ang inyong iboboto, gusto ninyong bigyan ng higit pang awtoridad ang Mayor na maglipat ng mga responsibilidad, mag-hire ng mga deputy mayor, at mag-hire at tanggalin ang karamihan ng mga pinuno ng departamento, at payagan ang mga opisyal ng Lungsod na mag-alis ng mga miyembro ng mga lupon at komisyon nang walang dahilan.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng “HINDI”:** Kung “hindi” ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "F"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon F:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing amyenda sa Tsarter, sa aking opinyon, maliit lang ang magiging epekto nito sa paggasta ng pamahalaan, pero sa isang antas na hindi pa matutukoy sa ngayon.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, (1) bibigyan ng higit pang awtoridad ang Mayor na mag-hire at alisin ang karamihan ng mga pinuno ng departamento; (2) papayagan na alisin ang karamihan ng mga komisyoner sa kagustuhan ng awtoridad na nagtalaga sa kanila; (3) papahintulutan ang Mayor na muling ayusin ang mga departamento at i-adjust ang mga ugnayan sa pag-uulat sa ehekutibong sangay, na puwedeng tanggihan ng Lupon ng mga Superbisor; at (4) papayagan ang paggamit ng mga deputy mayor.

Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, papahintulutan ang Mayor na gumamit ng mga deputy mayor. Ang average na taunang gastos para sa isang deputy mayor ay humigit-kumulang $250,000. Sa iminumungkahing amyenda sa Tsarter, papayagan ang Mayor na baguhin ang estruktura ng mga departamento at muling ayusin ang mga ugnayan sa pag-uulat sa ehekutibong sangay. Hindi matutukoy ang posibleng magastos o matipid para sa mga nasabing pagbabago nang hindi nalalaman kung aling mga departamento ang makikibahagi at kung paano babaguhin ang estruktura ng mga departamento. Halimbawa, noong Taon ng Pananalapi 2022-23 nang pagsamahin ang Departamento ng Sanitasyon at Mga Kalye at ang Departamento ng mga Pagawaing Bayan, ang tinatayang matitipid ng Tanggapan ng Kontroler ay $3.5 milyon sa unang taon at $2.5 milyon sa ikalawang taon ng pagsasama. Nagmula ang matitipid sa pag-aalis sa magkakaparehong tungkulin sa administratibo at information technology na mga kawani, pamunuan ng departamento, at one-time at tuluy-tuloy na gastos, gaya ng kagamitan at mga serbisyo ng propesyonal.

## Paano Nakasama ang "F" sa Balota

Noong Hulyo 23, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na may sapat na bilang ng may balidong lagda ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon F sa balota para maging kuwalipikado ang panukalang-batas sa balota.

53,076 na lagda ang kinailangan para mailagay sa balota ang isang inisyatibang Amyenda sa Tsarter. Ang numerong ito ay katumbas ng 10% ng mga rehistradong botante nang maglathala ng “Abiso sa Layuning Magpaikot ng Petisyon.” Sa isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang deadline ng pagsusumite na Hulyo 6, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong lagda kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Sa paglipas ng mga dekada, ang sistema ng pamamalakad sa San Francisco — o ang tsarter ng lungsod — ay unti-unting naging tagagantimpala sa mga insider ng lungsod. Si Mayor Lurie ay may pinamumunuang pambuong-estadong koalisyon para mas managot ang sistema sa mga karaniwang residente ng San Francisco.

Ang Clean Up City Hall ay isang package ng Props A, D, E, at F para mapahusay ang mga serbisyo sa komunidad, mapabilis ang pagpoproseso ng permit, at mabawasan ang maaksayang paggasta para magawa nating mag-invest sa ating napakagandang lungsod.

**TUTUGUNAN NG PROP F ANG KATIWALIAN SA CITY HALL.** Pinapayagan ng kasalukuyang sistema ang mga departamento na kumilos bilang mga hiwalay na kaharian sa halip na magkakasamang bahagi ng pamahalaan. Pinoprotektahan nito ang mga insider sa halip na papanagutin sila. Anim na pinuno ng departamento ang kinasuhan o inimbestigahan dahil sa katiwalian sa nakalipas na dekada. Puwede lang mag-hire at mag-alis ng ilang pinuno ng departamento ang mayor kapag may nalantad na self-dealing o nabigo silang gawin ang kanilang trabaho.

**MALINAW NA PANANAGUTAN.** Ang pagpapahintulot sa mayor na mag-hire at mag-alis ng karamihan sa kanilang mga pinuno ng departamento ay sisiguraduhin na mananagot ang mga opisyal ng lungsod sa publiko.

**MGA MAS ORGANISADONG DEPARTAMENTO PARA SA MAS MAGAGANDANG RESULTA.** Ang mas organisado at mas mananagot na mga departamento ay magbibigay ng mas mabilis na permit, mas malinis na mga kalye, at mga proyektong natatapos sa takdang oras at badyet.

**ILALANTAD ANG SELF-DEALING.** "Ang mga departamentong kumikilos bilang sarili nilang kaharian ang pinagmumulan ng pagtindi ng katiwalian. Ipinapaliwanag ng Proposisyon F na ang bawat pinuno ng departamento ay may pananagutan sa huli sa mga mamamayan ng San Francisco" - Louise Renne, dating Abogado ng Lungsod ng San Francisco at Katuwang na Pangkalahatang Abogado ng CA

**PAPALAKASIN ANG CHECKS AND BALANCES.** Magkakaroon pa rin ng pagsubaybay ang Lupon ng mga Superbisor sa mga departamento ng lungsod, at puwedeng tanggihan ng mayorya ng Lupon ang anumang pagbabagong gagawin ng mayor. Ang mga komisyong tagapagbantay tulad ng Komisyon sa Etika at ang pagsubaybay sa pulisya ay mananatiling ganap na independiyente.

Pinakaumuunlad ang San Francisco kapag sama-sama tayong nagtutulungan sa mga koalisyon. Sumali sa pambuong-estadong koalisyon para managot ang sistema sa lahat!

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Speaker Emerita Nancy Pelosi*
*Nancy Tung, Partidong Demokratiko ng San Francisco*
*Dating Katuwang na Abogado ng Lungsod Jim Lazarus*
*Associate Professor ng Political Science ng SFSU Jason McDaniel*
*Dating Kontroler ng Lungsod Ben Rosenfield*
*Dating Puno ng Mga Bumbero Joanne Hayes-White*
*Firefighters Local 798*
*SF Building Trades*
*Dan Calamuci, Mga Karpintero Lokal 22**
*Anthony Travis Jr., Laborers Local 261**
*Charles Lavery, Operating Engineers Local 3**
*Teamsters Local 665*
*Council of District Merchant Associations*
*Chinatown History and Culture Association*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

**HINDI SA F — HINDI NITO MALULUTAS ANG KATIWALIAN. MAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA MGA BILYONARYO.**

Sinasabi ng mga may-panukala na gusto nilang itigil ang katiwalian. Pero kung iyon ang gawain, makakakuha ng markang F ang Prop F. Kinokonsentra nito ang kapangyarihan sa ehekutibo, na nag-aalis ng checks and balances. Bibigyang-daan lang nito ang katiwalian - tingnan na lang ang Washington.

**BIBIGYAN NG PROP F ANG MGA MAYOR NG MAS MALAWAK NA BAGONG KAPANGYARIHAN** na baguhin ang mga pangunahing layunin ng mga departamento, at pagsama-samahin at alisin ang mga departamento nang walang kahit isang pampublikong pagdinig. Kahit pagkatiwalaan mo ang kasalukuyang Mayor, inilalagay ng Prop F ang kapangyarihang ito sa mga kamay ng lahat ng susunod na Mayor. Puwede ring tanggalin ng isang Mayor ang mga itinalagang komisyoner nang walang sapat na dahilan, na magpapahina sa hiwalay na pagsubaybay ng mamamayan.

**KAYANG-KAYA NANG TANGGALIN NG MGA MAYOR ANG MGA TIWALING OPISYAL.** Kailangan lang nilang ipakita ang maling gawain o kumbinsihin ang mayorya ng Lupon ng mga Superbisor. Pero hinahayaan ng Prop F ang Mayor na unilateral na tanggalin ang mga pampublikong lingkod na walang ginawang mali. Iyon ay recipe para sa mga pag-aalis ng mga whistleblower na may motibong pampulitika, na maglalantad sana ng katiwalian.

**MAY DAHILAN KUNG BAKIT SINUSUPORTAHAN NG MGA BILYONARYO ANG PROP F.** Gumastos ang mga lokal na bilyonaryo sa teknolohiya ng mahigit $8 milyon para maisama ang Proposisyon D, E, at F sa balota. Bihira lang pondohan ng napakayayaman ang mga kampanya dahil sa kabutihan ng kanilang puso. Tulad ng mga bilyonaryong nagpopondo sa ballroom ng White House ng ating Presidente, umaasa silang may kapalit. Ginagawa ng Prop F ang opisina ng Mayor na isang one-stop shop para sa kanila na bumili ng impluwensya at balewalain ang demokratikong input.

**Bagsak na grado ang nararapat sa Prop F. Bumoto ng hindi.**

*Democratic Socialists of America - San Francisco*
*Jackie Fielder, Superbisor ng San Francisco**
*Dean Preston, Dating Superbisor ng San Francisco**
*Theresa Imperial, Dating Komisyoner sa Pagpaplano ng San Francisco**
*Sophia Andary, Komisyoner, San Francisco Commission on the Status of Women**

*Para sa layunin ngpagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Gumastos ang **kampanyang Clean Up City Hall** ng mahigit 4 na milyong dolyar para magsama ng 3 panukalang-batas sa Tsarter na pabor sa Mayor at interes ng mayayamang korporasyon.

- Ang mga panukalang-batas na ito ay hindi kailanman dininig ng Lupon.
- 5 sa 11 Superbisor ng Lupon ang tumanggi na suportahan ang mga ito.
- Hindi sila sinailalim sa pampublikong pagsusuri at wala ring ginawang pagsusuri sa gastos.
- HINDI pinagkasunduang panukalang-batas ang mga ito

Aalisin ng **Prop F** ang mahalagang checks and balances. Ngayon, may pagkakataon ang Lupon ng mga Superbisor at ang mga Komisyon sa Pagsubaybay na magsagawa ng mga pampublikong pagdinig at aprubahan ang mga pagbabago sa pamumuno, istruktura, at paggastos ng departamento. Ang checks and balances ay mahalaga sa mabuting pamamahala at sa pagsisiguro na may pagkakataon ang publiko na magbigay ng komento sa malalaking pagbabagong makakaapekto sa paghahatid ng mga serbisyo.

KAHIT gusto ninyo ang kasalukuyang Mayor na **ito** at naniniwala kayo na isasaalang-alang **niya** ang inyong mga interes, puwedeng hindi ninyo gusto o pagkatiwalaan **ang susunod** na Mayor o ang kasunod pa niya.

At ang pagkokonsentra ng napakaraming kapangyarihan sa kamay ng isang tao ay puwedeng humantong sa mga kalamidad na katulad ng nakita natin sa DC.

Sa madaling salita, sobra na ang Prop F.

- Papayagan nito ang Mayor na tanggalin ang mga Komisyoner para sa anumang dahilan, hindi lang dahil may sapat na basehan. Aalisin nito ang kakayahan ng mga komisyoner na epektibong kuwestiyunin ang mga patakaran at paggastos ng mga departamentong dapat nilang sinusubaybayan.
- Papayagan nito ang Mayor na mag-hire at magtanggal ng mga Pinuno ng Departamento nang walang pagdinig ng Komisyon
- Higit pa riyan, papayagan nito ang Mayor na ayusing muli ang mga Departamento, pagsama-samahin ang kanilang mga kawani – o tuluyang mag-alis ng mga Departamento. At magkakaroon lang ng 60 araw ang Lupon para tumutol, kung hindi, magkakabisa ang mga pagbabago ng Mayor nang walang kahit isang pampublikong pagdinig.

Bumoto ng Hindi sa F para mapanatili ang mahalagang checks and balances na ibinibigay ng Lupon ng mga Superbisor at Mga Komisyon sa Pagsubaybay.

*Small Business Forward*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

**NAGMULA ANG PROP F SA ISANG BUKAS NA KOLABORATIBO NA PROSESO.** Tinipon nina Mayor Lurie at Presidente ng Lupon na si Mandelman ang unang Nagtatrabahong Grupo para sa Reporma ng Tsarter sa buong lungsod ng San Francisco sa loob ng mga dekada, na sinundan ng dose-dosenang stakeholder meeting at negosasyon sa paggawa na humantong sa tunay na kompromiso. Nakumpleto na ng Kontroler ng Lungsod ang isang kumpletong pagsusuri sa gastos, at ang koalisyon sa buong lungsod ng mga tao mula sa iba't ibang panig ng pulitika na sumusuporta sa mga makatuwirang reporma na ito ay malawak at patuloy na lumalaki.

**MANANATILI ANG CHECKS AND BALANCES.** Ang mga ahensiyang tagapagbantay tulad ng Komisyon sa Etika at pagsubaybay sa pulisya ay nananatiling ganap na independiyente. Walang gawain ng departamento ang puwedeng alisin nang walang boto ng mga mamamayan. Puwede lang pagsama-samahin ng ehekutibong sangay ang mga serbisyo kung saan ang magastos na overlap ay nagpapabagal sa mga serbisyo ng lungsod, tulad ng Planning at DBI.

**PAPANAGUTIN ANG MGA PINUNO NG DEPARTAMENTO.** Pinapayagan ng sistema ang mga departamento na kumilos bilang may sariling nasasakupan. Nakasuhan na ang mga pinuno ng departamento, at kapag nalantad ang self-dealing, hindi sila madaling matatanggal ng mayor.

**MANANAGOT ANG MGA KOMISYONER SA PUBLIKO.** Matagal nang ipinamimigay ang mga puwesto sa komisyon bilang gantimpala, nang walang pananagutan sa mga botante. Walang aalising komisyon ang F, pero papayagan nito ang Mayor at Lupon na tanggalin ang mga komisyoner na hindi nagpapakita, hindi nagtatrabaho, o tiwali.

Ang F ay hindi tungkol sa isang tao lang. Ito ay tungkol sa paggawa para gumana ang pamahalaan para sa karaniwang mamamayan, kahit sino ang humahawak ng puwesto. Ang mga insider ay nanlilinlang dahil hinahamon sila. Sa palagay nila, gumagana nang maayos ang sistema. Alam ng mga San Franciscan na sira ang sistema.

Panahon na para sa pagbabago.

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon ng mga Superbisor Rafael Mandelman*
*Dating Kontroler Ben Rosenfield*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon G – Pagpapahintulot sa Pribadong mga Sasakyan sa Upper Great Highway sa Sunset Dunes Park

Dapat bang isara ng Lungsod ang Sunset Dunes Park mula Lunes nang 4:00 a.m. hanggang Biyernes nang 6:00 p.m., maliban na lamang kung ang pista opisyal ay tumapat sa mga araw na mula Lunes hanggang Biyernes, at nang sa gayon, muling mabuksan ang daan na kilala bilang Upper Great Highway sa pribadong mga sasakyan sa panahong iyon?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Ang Sunset Dunes Park ay isang bukas na panlibangang espasyo na humalili sa Great Highway sa pagitan ng Lincoln Way at Sloat Boulevard (Upper Great Highway) at sarado sa mga pribadong sasakyan sa lahat ng pagkakataon.

Ang Sunset Dunes Park (na dating Upper Great Highway) ay bukas sa mga sasakyang pang-emergency, opisyal na sasakyan ng pamahalaan, intra-park na transit shuttle bus, at katulad na awtorisadong sasakyan.




Ang mapa ay mula sa Departamento para sa Paglilibang at Parke ng San Francisco.

**Ang Mungkahi:** Sa Proposisyon G, isasara ang Sunset Dunes Park mula Lunes nang 4:00 a.m. hanggang Biyernes nang 6:00 p.m., maliban na lang kung holiday ang isang weekday, para muling mabuksan ang kalsadang tinatawag na Upper Great Highway sa mga pribadong sasakyan sa panahong iyon.

Mananatiling bukas ang Upper Great Highway sa mga sasakyang pang-emergency, opisyal na sasakyan ng pamahalaan, intra-park na transit shuttle bus, at katulad na awtorisadong sasakyan.

Aatasan ng Proposisyon G ang Lungsod na kunin ang lahat ng kinakailangang pag-apruba, pati ang anumang permit na hinihingi ng California Coastal Act o ng iba pang ahensiya ng pamahalaan, para muling mabuksan ang kalsadang tinatawag na Upper Great Highway sa mga pribadong sasakyan.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong isara ang Sunset Dunes Park mula Lunes nang 4:00 a.m. hanggang Biyernes nang 6:00 p.m., maliban na lang kung ang pista opisyal ay tumapat sa karaniwang araw ng pasok, para muling mabuksan ang kalsadang tinatawag na Upper Great Highway sa mga pribadong sasakyan sa panahong iyon.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ng Lungsod ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

## Pahayag ng Kontroler sa "G"

Inisyu ng Deputy Kontroler ng Lungsod na si ChiaYu Ma ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon G:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing Ordinansa at bukas ang kalsada sa mga pribadong sasakyan, sa aking opinyon, mapapataas nito nang husto ang gastos ng pamahalaan nang humigit-kumulang $9.8 milyon sa one-time na capital cost at humigit-kumulang $500,000 hanggang $1.9 milyon taun-taon. Ang gastos sa iminumungkahing Ordinansa, kung maaaprubahan ng mga botante, ay dedepende sa mga pasyang gagawin ng Mayor at Lupon ng mga Superbisor sa proseso ng badyet at mga pasya sa operasyon ng mga departamento, dahil walang kakayahan ang isang ordinansa na obligahin ang mga susunod na Mayor at Lupon ng mga Superbisor na magbigay ng pondo para sa layuning ito o iba pang layunin.

Sa iminumungkahing inisyatibang ordinansa, aamyendahan ang Kodigo ng Parke para limitahan ang mga pribadong sasakyan sa Upper Great Highway sa pagitan ng Lincoln Way at Sloat Boulevard mula Biyernes nang 6:00 PM hanggang Lunes nang 4:00 AM at tuwing holiday.

Depende sa mga susunod na pasya sa operasyon ng mga departamento ng Lungsod, puwedeng magresulta ang iminumungkahing Ordinansa sa taunang pagtaas ng gastos na mula $500,000 hanggang $1.9 milyon. Kasama rito ang mga gastos sa pagmementina ng traffic signal, taunang gastos sa pagmementina at pagpapalit ng kalsada, at dagdag na gastos sa pag-aalis ng buhangin at reshaping ng dune. Aabutin ang pag-aalis ng buhangin at reshaping ng dune ng dagdag na $100,000 hanggang $1.5 milyon bawat taon, na nagpapakita ng pagtaas kumpara sa mga kasalukuyang antas ng serbisyo. Ang mga gastos sa pag-alis ng buhangin ay lubos na nakadepende sa tinukoy na antas ng serbisyo, lagay ng panahon, at pagkakaroon ng pondo, na magreresulta sa isang malawak na hanay ng mga posibleng gastos. Bilang konteksto, ang pag-aalis ng buhangin at reshaping ng dune para sa Sunset Dunes Park ay tinatayang humigit-kumulang $290,000 noong FY 2024-2025 at $330,000 sa FY 2025-2026. Noong mga nakaraang taon, noong bukas pa ang kalsada sa mga sasakyan tuwing weekday, ang aktuwal na paggasta para sa pag-aalis ng buhangin at reshaping ng dune ay humigit-kumulang $860,000 noong FY 2022-2023 at $420,000 noong FY 2023-2024. Magreresulta rin ang iminumungkahing Ordinansa sa mas kaunting pangangailangan sa staffing at pagmementina ng Sunset Dunes Park bilang parke tuwing weekday, na magbibigay sa mga kawani ng higit pang panahon na gawin ang iba pang tungkulin. Bilang konteksto, ang staffing sa Sunset Dunes Park ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang $300,000 taun-taon para sa 1.5 full-time-equivalent na posisyon.

Bukod pa rito, malamang ay magresulta ang iminumungkahing Ordinansa sa pagtaas ng one-time na capital cost ng proyekto na humigit-kumulang $9.8 milyon. Kasama rito ang humigit-kumulang $750,000 para alisin ang mga dati nang elemento ng parke at mag-restore ng mga bahagi ng kalsada, $8.8 milyon sa mga bagong traffic signal sa 8 intersection, at $200,000 para sa pansamantala at permanenteng restriping at karatula. Kakailanganin ng kumpletong signal upgrade nang humigit-kumulang bawat 30 taon. Ang paglalagay ng mga signal sa intersection ng Upper Great Highway at Sloat Boulevard ay magreresulta sa mga pagbabago sa Ocean Beach Climate Change Adaptation Project, na puwedeng magresulta sa dagdag na gastos sa proyekto para sa muling pagdidisenyo ng mga elemento ng planadong liwasan.

Panghuli, kakailanganin ng iminumungkahing Ordinansa ng permit sa coastal development. Sa pag-apply para sa permit sa coastal development, puwedeng humingi ng mga karagdagang kinakailangan, pati ng mga pag-aaral o kondisyon ng permit, na puwedeng magpalaki sa paggasta ng pamahalaan, pero sa isang antas na hindi pa matutukoy sa ngayon.

## Paano Nakasama ang "G" sa Balota

Noong Hulyo 23, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na may sapat na bilang ng may balidong lagda ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon G sa balota para maging kuwalipikado ang panukalang-batas sa balota.

10,615 lagda ang kinailangan para mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Ang numerong ito ay katumbas ng 2% ng mga rehistradong botante nang maglathala ng "Abiso sa Layuning Magpaikot ng Petisyon." Sa isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang deadline ng pagsusumite na Hulyo 6, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong lagda kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

**Oo sa Proposisyon G: Mga ligtas na kalye at magagandang parke. Kailangan natin pareho.**

**Mula nang isara ang Great Highway, malaki ang itinaas ng bilang ng mga pinsalang dulot ng trapiko sa mga komunidad ng Sunset – isang seryoso at hindi katanggap-tanggap na banta sa kaligtasan ng publiko.**

**Kaya't pinangunahan ng magkakapitbahay sa Westside ang isang pambuong-estadong pagsisikap ng mga boluntaryo** para mangalap ng 16,000 lagda at ilagay ang Proposisyon G sa balota. Suportado namin ang magagandang parke, pero sa Prop G, magkakaroon tayo ng magandang parke AT mga ligtas na kalye at komunidad na nararapat sa ating mga pamilya.

**Ibabalik ng Oo sa Proposisyon G ang kompromiso** na umiiral mula 2021 hanggang 2024: papanatilihin nitong sarado ang Great Highway tuwing weekend, kaya maa-access ito bilang parke, pero magbubukas ito para sa mga sasakyan mula Lunes hanggang Biyernes.

**Gumagana ang kompromisong ito** hanggang sa iminungkahi ng Superbisor ng Sunset na si Joel Engardio — nang walang kahit isang meeting sa komunidad — ang isang panukalang-batas na permanenteng magsasara sa Great Highway. Dahil sa kanyang pagtataksil sa mga pamilya ng Sunset, nawalan siya ng trabaho – na-recall siya sa pamamagitan ng isang kampanya sa komunidad na pinangunahan ng mga boluntaryo.

Sa Prop G, magkakaroon tayo ng mga ligtas na kalye AT magandang parke:

- **Papahintulutan ang pagdaan ng mga sasakyan tuwing weekday** sa Great Highway, na tutulong para mabawasan ang mga dumadaan sa mga kalye ng komunidad.
- **Papanatilihin ang buong espasyo bilang parke** tuwing weekend at holiday.
- **Papanatilihin ang access sa mga nilalakaran,** lane ng bisikleta, at lahat ng off-road na amenity, araw-araw sa buong linggo.

**Nararapat sa bawat San Franciscan na magkaroon ng mga ligtas na kalye,** sila man ay naglalakad, nagbibisikleta, sumasakay ng Muni, o nagmamaneho. Hindi natin kailangang pumili sa pagitan ng magagandang espasyong panlibangan at kaligtasan ng publiko. Kailangan natin pareho. Dapat pagbuklurin ng magagandang pampublikong espasyo ang ating lungsod, hindi ito dapat lumikha ng mga mapaminsalang resulta sa ating mga komunidad.

**Mas pinapaganda ng magagandang parke ang ating lungsod. Nagliligtas ng buhay ang mga ligtas na kalye. Ibibigay sa atin ng Proposisyon G ang pareho. At kapag nakataya ang kaligtasan, may tungkulin tayong tumugon.**

Bumoto ng Oo sa Prop G.

*Richard Corriea, Retiradong Komandante ng SFPD*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

**Bilang mga kapitbahay at negosyante sa Sunset, hinihiling namin sa inyo na bumoto ng HINDI sa pagsasara ng parke sa Sunset Dunes.** Huwag gumastos ng $20 milyon sa loob ng limang taon para isara ang ating umuunlad na parke sa baybayin.

- **Mas ligtas ang ating mga kalye sa Sunset Dunes**. Batay sa pagsusuri ng pampublikong data, sumasang-ayon ang mga hiwalay na source gaya ng The Frisc at Streetsblog: nabawasan ang mga aksidente sa ating komunidad mula nang magbukas ang parke. Kinukumpirma ng Frisc: "walang ebidensiya ng pagtaas ng kaguluhan sa kalye sa paligid ng saradong Great Highway. Sa katunayan, kabaligtaran ito."
- **Pagsasara ng parke ang Prop G, hindi kompromiso.** Aalisin ng Prop G ang bawat feature ng parke na idinagdag mula nang magbukas ang Sunset Dunes — ang palaruan, skate park, at bawat bench. Papatayin din nito ang mayorya ng mga pagbisita sa parke, dahil halos 60% ang nangyayari tuwing weekday. Hindi iyon kompromiso — pagsasara iyon. Ang saradong daan ay hindi parke, at hindi kailanman magiging premyadong promenade sa baybayin.
- **Maayos ang daloy ng trapiko.** Ayon pa sa data, nanatili ang tagal ng pag-commute sa mga naunang pagtataya. Ang mga pinakaapektadong biyahe ay 2-4 minuto na mas mahaba tuwing rush hour, habang hindi apektado ang karamihan ng mga biyahe.
- Mainam ang parke para sa ating komunidad. Naging town square ng ating komunidad ang Sunset Dunes at napataas nito ang kita ng mga lokal na negosyo — kung saan ang iba ay hanggang 50%.
- **Sa inyo ang baybayin.** Ang baybayin ng ating lungsod ay pag-aari ng lahat ng San Franciscan, hindi lang ng ilang mapalad na nakatira malapit dito. Bubuksan ng Sunset Dunes ang ating baybayin para sa kasiyahan ng lahat.

Salamat sa pagboto ng **HINDI sa G** para mailigtas ang parke sa Sunset Dunes. Kita-kita sa parke!

*Outer Sunset Neighbors*
*Sunset Merchants Association*
*Sunset Parent Advocates*

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

**Sisirain ng Proposisyon G ang parke ng Sunset Dunes**

**Sa San Francisco, hindi natin sinisira ang ating mga parke; pinoprotektahan natin ang mga ito.** Sa mahigit 2 milyong pagbisita mula nang magbukas ito noong nakaraang taon, ang Sunset Dunes ay **isa sa mga pinakabinibisitang parke sa San Francisco.**

Hinihiling sa inyo ng Proposisyon G na **gumastos ng halos $10 milyon para gibain ang isang parke sa baybayin** (na may dagdag pang hanggang $1.9 milyon bawat taon para sa pagmementina ng kalsada), para alisin ang lahat ng amenity, at tapusin ang halos 60% ng mga pagbisitang nangyayari tuwing weekday.

Samahan kami sa pagboto ng **HINDI sa G** para mailigtas ang ating parke sa baybayin dahil:

- **Sisirain ng Proposisyon G ang buhay na buhay na parke.** Aatasan ng Proposisyon G ang lungsod na **alisin ang lahat ng feature ng parke** para bigyang-daan ang mga sasakyan. Ibig sabihin nito, wala nang palaruan, skate park, o oceanview seating. Wala nang parke.
- **Puputulin ng Proposisyon G ang karamihan sa mga pagbisita sa parke.** Halos 60% ng mga pagbisita sa Sunset Dunes ay tuwing weekday. Aalisin ng Proposisyon G ang lahat ng pagbisitang iyon at pipigilan ang mga service worker na nagtatrabaho tuwing weekend na gamitin man lang ang parke.
- **Ang Proposisyon G ay isang solusyong naghahanap ng problema.** Hindi natupad ang mga takot sa trapiko; kinukumpirma ng tatlong independiyenteng pagsusuri na minimal ang epekto sa trapiko. Ang mga pinakaapektadong biyahe ay 2-4 na minuto na mas mahaba tuwing rush hour, habang hindi naaapektuhan ang karamihan ng mga biyahe.
- **Papalitan ng Proposisyon G ang pag-usad ng polusyon.** Nagkakaisa ang mga nangungunang grupong pangkapaligiran sa San Francisco: Ang Sunset Dunes ang pinakamahusay na plano para sa ating kapaligiran sa baybayin habang umaangkop tayo sa pagbabago ng klima at pagtaas ng antas ng dagat.
- **Sa Proposisyon G, habambuhay nang magiging kalsada ang ating baybayin.** Nagsasagawa ng pagpaplano ng komunidad para gawing premyadong parke ang baybayin, pero pinapatay ng Proposisyon G ang lahat ng hinaharap na pagpapaganda ng parke.

**Paano tayo huhusgahan ng mga susunod na henerasyon kung sisirain natin ang ating matagumpay na parke sa baybayin?**

**Samahan kami sa pagboto ng HINDI sa Proposisyon G.**

*Senador Scott Wiener*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Bilal Mahmood*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Danny Sauter*
*Sierra Club*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

**Tinalikuran ni Scott Wiener ang mga seryosong alalahanin sa kaligtasan.**
*Bakit? WALA siya sa Westside.*

Si Scott Wiener ay bahagi ng backroom deal na nagsara sa Great Highway nang walang meeting sa komunidad o input mula sa mga kapitbahay.

Ngayon, muling binabalewala ni Wiener ang mga residente ng Westside na nag-aalala sa kaligtasan ng ating mga anak, nakatatanda, at pamilya.

Tinatawag ni Wiener na “minimal” ang lubos na pagtaas ng mga pinsalang dulot ng trapiko mula nang isara ang Great Highway. Iyon lang ay dahil hindi naglalakad si Scott Wiener sa ating mga kalye at komunidad.

Mahigit 16,000 San Franciscan ang lumagda sa petisyon para ilagay ang Prop G sa balota. Nag-organisa kami dahil hindi nakinig ang City Hall. Naniniwala kami na ang Prop G ay isang makatuwirang solusyon na magbibigay sa San Francisco ng magagandang parke AT ligtas na kalye.

Bibigyan tayo ng Prop G ng:

- **Libangan pitong araw ng linggo**. Mananatiling available ang mga lakaran, lane ng bisikleta, beach, at iba pang amenity araw-araw.
- **Access ng mga sasakyan tuwing weekday** na makakatulong para mabawasan ang trapiko sa mga kalye ng ating komunidad.
- **Parkeng walang sasakyan tuwing weekend at holiday.**

Walang “sisiraing” parke ang Prop G. Pareho iyon na ibibigay sa atin.

Mayroon tayong gumaganang kompromiso. Inalis ito ng mga politikong walang ugnayan sa realidad. Ibabalik ito ng Proposisyon G.

Hindi puwedeng balewalain ang ating kaligtasan. Bumoto ng Oo sa Proposisyon G.

*Richard Corriea, Retiradong Komandante ng SFPD*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon H – Parcel Tax (Buwis sa Parsela ng Lupa) upang Mapondohan ang mga Operasyon ng Muni

Dapat bang pondohan ng Lungsod ang mga serbisyo ng Muni sa pamamagitan ng bago na taunang parcel tax sa ari-arian na may mga halagang mula $129 kada parsela hanggang sa pinakamataas na pinahihintulutang halaga na $400,000 kada parsela, na nakabatay sa uri ng ari-arian at sa laki nito, at kung saan, iniaayon ito taon-taon batay sa inflation o pagtaas ng bilihin, para sa tinatayang kita na $177 milyon kada taon sa loob ng 15 taon?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Nagbibigay ang Municipal Railway (Muni) ng pampublikong transportasyon sa San Francisco, kasama ang bus, light rail, streetcar, at cable car. May mahigit 500,000 biyahe ang Muni bawat weekday. Ang serbisyo ng Muni ay pinopondohan sa pamamagitan ng mga pamasahe sa pampublikong transportasyon at mga source ng lokal, estado, at pederal, pero hindi sa pamamagitan ng parcel tax.

Nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang kita, pati ang kita mula sa buwis, na puwedeng gastahin ng Lungsod bawat taon. Puwedeng mag-apruba ang mga botante ng mga pagtaas sa limitasyong ito nang hanggang apat na taon.

Sa pangkalahatan, limitado ang mga may-ari ng residensiyal na ari-arian na may rent control sa mga gastos na puwede nilang ipasa sa mga nangungupahan sa kanila.

**Ang Mungkahi:** Simula sa Hulyo 1, 2027, at hanggang Hunyo 30, 2042, popondohan ng Proposisyon H ang serbisyo ng Muni sa pamamagitan ng isang bagong taunang parcel tax sa real estate sa San Francisco. Ia-adjust ang buwis taun-taon para sa inflation.

Ang mga iminumungkahing rate ng buwis para sa 2027 ay:

- **Mga Single-Family na Residensiyal na Parcel:**
  - Base na buwis na $129.
  - Para sa mga gusaling may mahigit 3,000 square feet na building area:
    - $0.42 bawat square foot kapag mula 3,001 hanggang 5,000, at
    - $1.99 bawat square foot kapag mahigit 5,000.
- **Mga Multifamily Residensiyal na Parcel:**
  - Base na buwis na $249.
  - Para sa mga gusaling may mahigit 5,000 square feet na building area:
    - $0.195 bawat square foot kapag mahigit 5,000.
  - Limitado ang buwis na ito sa $50,000 para sa bawat parcel.
- **Mga Hindi Residensiyal na Parcel:**
  - Base na buwis na $799.
  - Para sa mga gusaling may mahigit 5,000 square feet na building area:
    - $0.76 bawat square foot kapag mula 5,001 hanggang 50,000,
    - $0.84 bawat square foot kapag mula 50,001 hanggang 250,000, at
    - $0.99 bawat square foot kapag mahigit 250,000.
  - Limitado ang buwis na ito sa $400,000 para sa bawat parcel.
- **Mga Mixed-Use na Parcel:**
  - Base na buwis na $799.
  - Para sa mga gusaling may mahigit 5,000 square feet na building area:
    - Isang kumbinasyon ng mga marginal rate para sa mga residensiyal at hindi residensiyal na parcel sa itaas.
  - Limitado ang buwis na ito sa $400,000 para sa bawat parcel.
- **Mga Parcel na Walang Gusali:**
  - Walang base na buwis.
  - $392 para sa land area na mahigit 2,000 square feet.

Hindi ilalapat ang buwis sa:

1. Mga property o bahagi ng mga property na hindi inaatasang magbayad ng mga karaniwang property tax; at
2. Mga unit na Single Room Occupancy (SRO) at sa kanilang mga shared na pasilidad gaya ng kusina o banyo.

Makakakuha ng diskwento o hindi pagbabayarin ng buwis ang karamihan ng mga may-ari ng bahay na edad 65 taon pataas na nakatira sa kanilang pangunahing tirahan.

Ang kita mula sa buwis ay gagamitin lang para sa serbisyo ng Muni at pangangasiwa sa buwis. Bukod sa taunang kinakailangang pag-audit ng isang hiwalay na auditor, kakailanganin din ng taunang ulat at pagsusuri sa kahusayan.

Tataasan ng panukalang-batas na ito ang limitasyon sa

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

Puwedeng ipasa ng mga may-ari ang hanggang 50% ng buwis sa mga nangungupahan sa mga rent-controlled na unit kung itinakda ang upa bago ang Hunyo 1, 2027, na hanggang $65 para sa bawat unit kada taon.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong pondohan ng Lungsod ang serbisyo ng Muni sa pamamagitan ng isang bagong taunang parcel tax sa real estate.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "H"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon H:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing parcel tax, sa aking opinyon, batay sa kasalukuyang available na data ng parcel, makakalikha ito ng humigit-kumulang $177 milyon taun-taon para sa serbisyo ng Muni transit simula sa Taon ng Pananalapi (FY) 2027-2028, at tataas ito sa paglipas ng panahon habang ina-adjust ang mga buwis para sa bawat parcel para sa inflation bawat taon. Ang magagastos ng pamahalaan sa pangangasiwa sa parcel tax na ito ay puwedeng mula humigit-kumulang $2 milyon hanggang $3 milyon sa one-time startup na gastos, at mula humigit-kumulang $4 milyon hanggang $6 milyon taun-taon sa tuluy-tuloy na gastos.

Idedeposito ang kita sa Stronger Muni Fund para suportahan ang operasyon at pangangasiwa ng serbisyo ng Muni transit.

Magsisimula ang iminumungkahing buwis sa $129 kada taon para sa mga building area ng single-family na residensiyal na parcel na hanggang 3,000 square feet, $249 para sa mga building area ng multifamily na residensiyal na parcel na hanggang 5,000 square feet, at $799 para sa mga building area ng hindi residensiyal na parcel at mixed-use na parcel na hanggang 5,000 square feet. Tataas ang buwis para sa bawat property kasabay ng square footage ng building area, at magkakaroon ng maximum na halaga ng buwis para sa mga hindi single family na residensiyal na parcel. Para sa mga unimproved na parcel na may 2,001 o higit pang square feet ng land area, $392 ang magiging buwis. Magagawa ng mga nakatatandang edad 65 taon pataas at ng iba pang grupo na mag-apply sa SFMTA para sa exemption o pagbabawas sa buwis. Ang kabuuang kita ay depende sa bilang ng mga exemption na hiniling at ipinagkaloob.

Limitado ang mga landlord ng mga residensyal na unit na may rent control sa halaga ng parcel tax na puwede nilang ipasa sa mga nangungupahan sa 50% ng parcel tax na hanggang $65 para sa bawat unit kada taon, maliban na lang kung exempted ang unit sa parcel tax o itinakda ang base na upa sa o pagkalipas ng Hunyo 1, 2027. Magiging exempted sa parcel tax ang mga property o bahagi ng mga property na exempted mula sa mga ad valorem na property tax, pati ang mga single-family na parcel na ang may-ari ay edad animnapu't lima pataas at gumagamit sa property bilang kanyang pangunahing tirahan. Maglalapat ng kaltas na $249 para sa bawat unit sa isang multi-family na residensiyal na parcel na tinitirhan ng may-ari na edad animnapu't lima pataas at gumagamit sa property bilang kanyang pangunahing tirahan.

Sa kasalukuyan, hindi ginagamit ng Lungsod ang square footage, uri ng paggamit ng parcel, o data ng unit number bilang batayan ng pagbubuwis. Sa gastos sa pag-validate at pagmementina ng data na ito, pagtatakda at pagpapanatili ng mga exemption, at pamamahala ng mga apela, madaragdagan ang gastos ng pamahalaan nang humigit-kumulang $2 milyon hanggang $3 milyon sa one-time startup na gastos, pagkatapos ay humigit-kumulang $4 milyon hanggang $6 milyon taun-taon, na malamang ay bumaba sa paglipas ng panahon. Dedepende ang kabuuang gastos sa mga susunod na pasya sa operasyon at staffing ng SFMTA. Puwedeng kasama sa mga dagdag na gastos ang pagsusuri sa kahusayan ng pananalapi, tuluy-tuloy na outreach at edukasyon sa komunidad, at iba pang pang-administratibong gastos para mailapat ang buwis.

Tandaang babaguhin ng iminumungkahing panukalang-batas ang mga tungkulin ng Tanggapan ng Kontroler, na siyang naghanda sa pahayag na ito.

## Paano Nakasama ang "H" sa Balota

Noong Hunyo 12, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na may sapat na bilang ng may balidong lagda ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon H sa balota para maging kuwalipikado ang panukalang-batas sa balota.

10,615 lagda ang kinailangan para mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Ang numerong ito ay katumbas ng 2% ng mga rehistradong botante nang maglathala ng "Abiso sa Layuning Magpaikot ng Petisyon." Sa isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang deadline ng pagsusumite na Hulyo 6, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong lagda kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

**BUMOTO NG OO SA H PARA SA MAS MALAKAS NA MUNI.**

**MUNI AY LIFELINE NG MGA MANGGAGAWA, NAKATATANDA, AT MAG-AARAL**

"Mahalaga ang Muni para sa ating mga nakatatanda, marami sa kanila ang hindi nagmamaneho, at kailangan nila ang Muni para bumili ng grocery, pumunta sa mga appointment, at makakilos nang mag-isa" – Anni Chung, Self-Help for the Elderly

"Umaasa ang mga manggagawa sa abot-kaya, maaasahan, at ligtas na Muni araw-araw—para makarating sa trabaho, maihatid ang kanilang mga anak sa paaralan, at mapanatili ang paggalaw ng San Francisco." - Olga Miranda, Presidente, SEIU Local 87

**PINAPATAKBO NG MUNI ANG ATING EKONOMIYA.**

"40% ng mga San Franciscan na nagtatrabaho downtown ang sumasakay ng Muni. Ang pampublikong transportasyon ay isa sa pinakamatatalinong investment na puwede nating gawin sa ating lokal na ekonomiya. Kung walang H, mababawasan nang husto ang serbisyo ng Muni, na papatay sa makinarya ng muling pagbangon ng ating ekonomiya at magdudulot ng mga pagbabawas sa emergency na pagresponde, mga parke, at iba pang serbisyo ng lungsod sa hinaharap." – Dating Kontroler Ben Rosenfield

**MAS MAY PANANAGUTANG MUNI.** Inalis ng Muni ang 500 bakanteng posisyon, binawasan nito ang mga namununo, at dinoble nito ang mga inspektor ng pamasahe. Kamakailan lang ay umabot ang kasiyahan ng mga customer ng Muni sa pinakamataas na antas nito sa loob ng 25 taon dahil sa mas ligtas at mas maaasahang serbisyo.

**NAHAHARAP ANG MUNI SA MALALAKING PAGBABAWAS SA SERBISYO.** Sa loob ng maraming taon, nagpatuloy ang pagtakbo ng Muni dahil sa minsanang tulong ng pederal at estado sa panahon ng Covid. Wala na ang pondong iyon. Sa kabila ng mahuhusay na aksiyon para makatipid ng $137 milyong dolyar taun-taon, kung walang Prop H, puwedeng mabawasan ang serbisyo nang 30%, mawala ang hindi bababa sa 20 ruta ng bus, at mas lumala ang trapiko sa ating mga komunidad.

**SERBISYO NG MUNI LANG ANG POPONDOHAN NG H.** "Sa mahigpit na pagsubaybay at hiwalay na pag-audit, matitiyak na mapupunta ang bawat dolyar sa ligtas, maaasahan, at abot-kayang serbisyo ng Muni na hindi kailanman puwedeng ilaan sa iba." – Mayor Daniel Lurie

Nagkaisa ang mga San Franciscan mula sa bawat sulok ng lungsod para bumoto ng Oo sa H. Ang Konseho sa Paggawa at Konseho ng mga Mangangalakal. Ang Asosasyon ng mga Apartment ng San Francisco at Unyon ng mga Umuupa. Mga may-ari ng maliliit na negosyo at tagapagsulong ng transportasyon. Si Mayor Lurie at ang buong Lupon ng mga Superbisor.

*Mayor Daniel Lurie*
*Speaker Emerita Nancy Pelosi*
*Partidong Demokratiko ng San Francisco*
*Senador Scott Wiener*
*Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani*
*Miyembro ng Asembleya Matt Haney*
*Mga Superbisor: Rafael Mandelman*
*Connie Chan*
*Steven Sherrill*
*Danny Sauter*
*Alan Wong*
*Bilal Mahmood*
*Matt Dorsey*
*Myrna Melgar*
*Jackie Fielder*
*Shamann Walton*
*Chyanne Chen*
*Dating Kontroler Ben Rosenfield*
*Unyon ng mga Umuupa sa SF*
*Konseho sa Paggawa ng SF*
*Konseho ng mga Mangangalakal ng SF*
*Konseho ng mga Negosyante sa Distrito ng SF*
*Firefighters Local 798*
*Transit Workers Union 250A*
*Teamsters Local 665*
*Chinatown Transportation Research and Improvement Project*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

**Gusto ng lahat ng ligtas at maaasahang Muni. Ang tanong ay kung maihahatid ito ng isang 15 taon na buwis na walang kundisyon.**

Nagbababala ang kampanyang Oo ng malaking pagbabawas sa serbisyo kung hindi magtatagumpay ang Proposisyon H. Pero iniiwasan nito ang tunay na tanong: **Bakit dapat garantiyahan ang SFMTA ng isang bagong stream ng kita sa buwis nang hindi ito inaatasang maabot ang kahit isa lang na target sa kahusayan o paggana?**

Ipinagmamalaki ng mga tagasuporta na inalis ng Muni ang mga bakanteng posisyon, binawasan nito ang mga namumuno, at nakatipid ito ng $137 milyon taun-taon. Ayos. Pinapatunayan nito na posible ang reporma. **Higit pang reporma ang dapat hingin ng Proposisyon H, at hindi ito dapat magbigay ng garantiya sa bagong kita anuman ang resulta.**

Nangako rin sila ng "mahigpit na pagsubaybay at mga hiwalay na pag-audit." Pero ang pagsubaybay ay hindi pananagutan. Mag-aatas ang Proposisyon H ng pagsusuri sa kahusayan, pero hindi nito aatasan ang SFMTA na ipatupad ang mga rekomendasyon nito. **Wala ni isang may bisang target sa kahusayan, benchmark ng paggana, o kinakailangan na nakadepende sa mga resulta ang mga susunod na dolyar mula sa buwis.**

At sino ang magbabayad? Sisingilin ng Proposisyon H ng buwis ang property batay sa square footage, hindi sa halaga. Ang isang simpleng bahay ay puwedeng magbayad ng buwis na halos pareho sa isang mas mahal na bahay na may katulad na laki. **Hindi rin makakaligtas ang mga nangungupahan, dahil puwedeng ipasa ng mga landlord ang ilang porsiyento ng buwis.**

Napakahalaga ng Muni para patuloy na pondohan sa parehong paraan habang umaasa ng ibang resulta.

Bago pagtibayin ang isang 15 taon na buwis, dapat humingi ang mga botante ng mga may bisang reporma, nasusukat na pamantayan ng pagganap, at tunay na pananagutan.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon H.**

*Partidong Republikano ng San Francisco*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

**Hinihiling sa mga San Franciscan na pondohan ang $300 milyong kakulangan ng Muni sa loob ng 15 taon nang walang kondisyon.**

**Mga hindi totoong banta.** Walang may gusto ng mas matagal na paghihintay o pagbabawas sa serbisyo, pero hindi lang bagong buwis ang tanging opsiyon. Walang anuman sa panukalang ito ang nag-aatas sa SFMTA na bawasan ang gastos, abutin ang mga target sa kahusayan, o umaksiyon sa isang pagsusuri ng paggasta bilang kondisyon para matanggap ang pondong ito.

**Walang sunset o pagtatapos na natatali sa mga resulta.** Magpapatuloy ang buwis hanggang 2042, bumalik man sa normal o hindi ang dami ng pasahero, pamasahe, o gastos.

**Isang pagsusuring walang saysay, na gagawin kapag nasa kamay na ang pera.** Mananawagan ng "pagsusuri sa kahusayan" ang panukalang-batas, pero hindi hanggang Abril 2028, siyam na buwan matapos magsimula ang buwis. Kahit noon, kailangan lang iulat ng pagsusuri ang mga natuklasan nito sa sarili ring lupon ng SFMTA. Walang nag-aatas sa ahensiya na kumilos kahit sa isa lang na rekomendasyon, at walang sumisiguro sa pondo sa hinaharap kung gagawin nito ito o hindi.

**Isang flat, pero hindi isang patas na buwis.** Ang buwis ay batay sa square footage, hindi sa halaga ng property. Halos pareho lang ang babayaran ng isang simpleng bahay at ng mas mahal na bahay na may katulad na laki sa malapit. Hindi rin makakaligtas ang mga nangungupahan, dahil puwedeng ipasa ng mga landlord ang pagtaas ng buwis sa mga nangungupahan.

Ang buwis sa loob ng 15 taon na walang sunset provision na batay sa resulta, walang nagbubuklod na reporma, at walang hiwalay na pagsusuri sa tamang paggasta ay hindi ang pananagutang kailangan ng SFMTA. Para itong blangkong tseke.

**Bumoto ng Hindi sa H.**

*Partidong Republikano ng San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

**Sinira ng mga pagbabawas ni Trump sa panggastos ng Pederal ang mga sistema ng transportasyon sa buong bansa.** Dahil sa mga pagbabawas na ito at pagkawala ng iba pang pondo, nahaharap ang Muni sa 30% pagbabawas sa serbisyo at pag-aalis sa hindi bababa sa 20 ruta ng bus. Iyon ang simpleng katotohanan.

**Gumawa si Mayor Lurie ng matapang na aksiyon para maging mas mahusay ang Muni BAGO pa imungkahi ang H para sa balota.** Sa ilalim ng bagong pamunuan, inalis ng ahensiya ang 500 bakanteng posisyon, binawasan ang mga namumuno, at tinigil ang pag-hire ng hindi operator, na nakatipid ng $140 milyon. Dinoble ng Muni ang mga inspektor ng pamasahe at nabawasan ang pag-iwas sa pagbabayad ng pamasahe nang 30%. Napabilis ang paghihintay at naging mas maaasahan, at naabot ng Muni ang pinakamataas nitong popularidad.

**Hindi flat ang buwis.** Mali ang Partidong Republikano ng San Francisco. Ang H ang unang patas at naka-tier na parcel tax sa kasaysayan ng San Francisco. 95% ng mga may-ari ng bahay ang nagbabayad sa pinakamababang halaga. Ang malalaking komersiyal na gusali at mansiyon ang nagbabayad nang pinakamalaki. 70% ng kita ang nagmumula sa pinakamalalaking property sa lungsod. Pinoprotektahan ang mga rent controlled na unit at hindi magbabayad ang mga ito nang mahigit $65 kada taon.

**Mahusay na pagsubaybay.** Nag-aatas ang H ng mga hiwalay na pag-audit at hinihingi nito ang pagsubaybay ng mga mamamayan sa kabuuang tagal ng buwis. At hindi puwedeng gastusin ang kahit isa lang na sentimo sa anumang bagay maliban sa mga operasyon ng Muni.

**Sa premyadong pampublikong transportasyon, investment ang kailangan.** "Ang pag-invest sa Muni ay isang simpleng matalinong pasya na pang-ekonomiya. Ang aktibidad sa ekonomiya na nililikha ng Muni ang nagpopondo sa emergency na pagresponde, mga parke, at silid-aklatan." - Dating Kontroler Ben Rosenfield.

**Utang natin sa susunod na henerasyon ng mga San Franciscan na tiyaking mananatili ang Muni bilang ang sistemang mahal nating lahat.**

**Bumoto ng Oo sa H.**

*Mayor Daniel Lurie*
*Rodney Fong, Konseho ng mga Mangangalakal ng SF*
*Tony Delorio, Teamsters Local 665*
*Kat Siegal, Tagapagsulong ng Pampublikong Transportasyon*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon I – Mga Pagbabago sa Real Property Transfer Tax (Buwis sa Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Ari-arian)

Dapat bang permanenteng ilaan ng Lungsod ang kalahati ng kita sa transfer tax na nakokolekta kapag nagpapalit ng pagmamay-ari ang ilang ari-arian na may halaga o presyo sa pagbebenta na mahigit sa $10,000,000, na patuloy na bubuwisan sa mga porsiyentong mula 5.5% hanggang 6%, na gagastusin lamang sa abot-kayang pabahay, kabilang ang social housing developments at tulong sa pabahay, at hindi isama ang ilang benta sa nakalaang bahagi ng buwis, na magreresulta sa tinatayang pagbaba ng taunang kita na humigit-kumulang $1 milyon?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Nangongolekta ng transfer tax ang Lungsod sa tuwing nagpapalit ng may-ari ang karamihan ng real estate. Nakadepende ang mga rate ng buwis sa sales price o halaga ng property, at ang dalawang pinakamataas na rate ng buwis ay:

- 5.5% para sa mga property na nagkakahalaga ng $10,000,000 hanggang wala pang $25,000,000, at
- 6% para sa mga property na nagkakahalaga ng $25,000,000 o higit pa.

May ilang pag-transfer ng real estate na exempted sa buwis o may mas mababang rate.

Ang kitang makakalap sa transfer tax ay puwedeng gastahin sa anumang layunin ng pamahalaan.

Maaaring amyendahan, bawasan, suspindihin, o ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor (Lupon) ang transfer tax nang walang pag-apruba ng botante. Dapat maaprubahan ng mga botante ang anumang pagtaas sa transfer tax.

Nalilimitahan ng batas ng estado ang kabuuang kita, pati ang kita mula sa buwis, na puwedeng gastahin ng Lungsod bawat taon. Puwedeng mag-apruba ang mga botante ng mga pagtaas sa limitasyong ito nang hanggang apat na taon.

**Ang Mungkahi:** Ilalaan ng Proposisyon I ang kalahati ng kita mula sa transfer tax sa tuwing may ilang partikular na real estate na may halaga o sales price na mahigit $10,000,000 na nagpapalit ng may-ari, na gagastusin lamang para sa abot-kayang pabahay, kasama ang mga social housing development at tulong sa pabahay. Sa partikular, gagawin ng panukalang-batas ang mga sumusunod:

**<u>Transfer Tax</u>**

Para sa mga property na may sales price o halaga sa pagitan ng $10,000,000 hanggang wala pang $25,000,000:

- Bawasan at gawing 2.75% mula sa 5.5% ang kasalukuyang transfer tax
- Magpataw ng bagong transfer tax na 2.75%

Para sa mga property na may sales price o halaga na $25,000,000 o higit pa:

- Bawasan at gawing 3% mula sa 6% ang kasalukuyang transfer tax
- Magpataw ng bagong transfer tax na 3%

Hindi tataasan ng panukalang-batas na ito ang rate ng buwis sa pag-transfer ng anumang property nang higit sa sinisingil sa kasalukuyan.

Ilalapat pa rin sa bagong transfer tax ang mga exemption at pagbabawas ng buwis na pareho sa kasalukuyang transfer tax.

Ie-exempt din ng bagong transfer tax ang unang benta ng ilang partikular na multifamily na real estate kung ito ay naibenta sa loob ng 5 taon mula nang makumpleto ang mga bagong residensiyal na unit.

**<u>Paggasta sa Kita mula sa Buwis</u>**

Sa sumusunod lang puwedeng gastahin ng Lungsod ang kita mula sa bagong transfer tax:

- Hindi bababa sa 60% para sa produksyon ng abot-kayang pabahay, na may hindi bababa sa kalahati para sa mga social housing development;
- Hindi bababa sa 25% para sa pag-acquire o rehabilitasyon ng abot-kayang pabahay, na may hindi bababa sa 60% para sa pag-acquire ng mga dati nang housing unit; at
- Hindi bababa sa 10% para sa mga programa sa stabilization ng nangungupahan/pag-iwas sa kawalan ng tirahan, na may hindi bababa sa kalahati para sa depensa at pag-iwas sa eviction;

Mababago lang ng Lupon ang transfer tax nang naaayon sa layunin ng buwis. Kakailanganin ng lahat ng iba pang pagbabago ng pag-apruba ng botante.

Aaprubahan ng Proposisyon I ang walang limitasyong bilang ng mga bagong abot-kayang housing unit para sa mga sambahayang mababa ang kita na pinopondohan ng kita mula sa bagong transfer tax.

Aatasan ng Proposisyon I ang Lungsod na magsumite ng mga taunang ulat sa Lupon at Mayor kaugnay ng bagong kita sa buwis.

Tataasan ng Proposisyon I ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong ilaan ang kalahati ng kita sa transfer tax sa tuwing may ilang partikular na real estate na may halaga o sales price na mahigit $10,000,000 na nagpapalit ng may-ari, na gagastusin lamang sa abot-kayang pabahay, kasama ang mga social housing development at tulong sa pabahay.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "I"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon I:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing ordinansa, sa aking opinyon, magkakaroon ng bahagyang pagbaba taun-taon na humigit-kumulang $1 milyon sa kabuuang kita ng Lungsod simula sa Taon ng Pananalapi (FY) 2027-28. Gayunpaman, ililipat din ng ordinansa ang $120 milyon kada taon ng dati nang kita mula sa mas flexible na Pangkalahatang Pondo patungo sa isang espesyal na pondo mula sa kita na nakalaan sa mga programa at suporta sa abot-kayang pabahay. Dahil aalisin ng ordinansa ang dati nang kita mula sa Pangkalahatang Pondo, daragdagan nito ang inaasahang deficit ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod nang $120 milyon taun-taon.

Babawasan ng ordinansa ang rate ng Real Property Transfer Tax ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod na itinakda ng Proposisyon I noong Nobyembre 2020 at pagkatapos ay gagawa ito ng bagong Real Property Transfer Tax sa halos kaparehong rate, na magagamit lang sa mga partikular na programa sa abot-kayang pabahay. Babawasan ng ordinansa ang rate ng Real Property Transfer Tax sa mga pag-transfer ng mga property na may konsiderasyon o halaga na $10 milyon hanggang wala pang $25 milyon mula 5.5% patungong 2.75%, at sa mga pag-transfer ng mga property na may konsiderasyon o halaga na $25 milyon o higit pa mula 6% patungong 3%. Ang pagbabagong ito ay magreresulta sa pagbaba ng kita na $120 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod, na puwedeng gastahin ng Lungsod sa anumang layunin ng pamahalaan.

Kasabay nito, gagawa ang ordinansa ng bagong Real Property Transfer Tax na tinatawag na House SF Tax at kokolektahin ang kita sa isang espesyal na pondo, ang House SF Fund, na puwede lang gastahin ng Lungsod sa mga partikular na programa sa abot-kayang pabahay. Bubuwisan ng House SF Tax ang mga pag-transfer ng mga property na may konsiderasyon o halaga na $10 milyon hanggang $25 milyon sa rate na 2.75%, at ang mga pag-transfer ng mga property na may konsiderasyon o halaga na $25 milyon o higit pa, sa 3%. Ang ordinansa ay may kasama ring bagong pagbubukod mula sa House SF Tax para sa ilang partikular na katatayo lang na multi-family housing property, na makakabawas sa kinokolektang kita nang humigit-kumulang $1 milyon taun-taon, kaya makakalikha ang iminumungkahing House SF Fund ng humigit-kumulang $119 milyon taun-taon.

Dahil papalitan ng ordinansa ang mga dati nang buwis sa Pangkalahatang Pondo ng isang bagong nakalaang buwis, lilimitahan nito ang flexibility sa pananalapi ng Lungsod at papalakihin nito ang deficit ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod, na tinantya kamakailan sa $741.7 milyon at $1.1 bilyon sa FY 2028-29 at FY 2029-30, sa ganoong pagkakasunud-sunod.

Kakatawanin ng espesyal na pondo mula sa kita at buwis ng House SF ang ika-24 na kinakailangan sa pagpopondo ng Lungsod na iniatas ng botante na naglilimita sa flexibility ng badyet ng Lungsod. Bilang konteksto, ang mga kinakailangan sa pagpopondo na iniatas ng botante ay kasalukuyang umaabot sa humigit-kumulang $2 bilyon, o 30%, ng humigit-kumulang $7 bilyong pinagmumulan ng Pangkalahatang Pondo.

Aatasan ng iminumungkahing ordinansa ang Lungsod na ilaan ang Pondo ng House SF sa mga sumusunod na paraan: (1) hindi bababa sa 60% ang dapat gastahin sa mga programa para sa produksiyon ng abot-kayang pabahay, (2) hindi bababa sa 25% ang dapat gastahin sa mga programa para sa preservation o acquisition, (3) hindi bababa sa 10% ang dapat gastahin sa mga programa para sa stabilization ng tenant o pag-iwas sa kawalan ng tirahan, at (4) hindi hihigit sa 5% ang puwedeng gastahin sa pangangasiwa ng departamento sa Pondo at pangangasiwa ng House SF Tax.

Sa iminumungkahing ordinansa, papayagan ang Lupon ng mga Superbisor na amyendahan ang Real Property Transfer Tax nang walang pag-apruba ng botante para lang mag-exempt ng abot-kayang pabahay na may pinaghihigpitang upa o gumawa ng iba pang pagbabagong naaayon sa mga nakasaad na layunin ng House SF Tax. Gayunpaman, aalisin nito ang umiiral na awtoridad ng Lupon ng mga Superbisor na bawasan, suspindihin, o ipawalang-bisa ang Real Property Transfer Tax nang walang pag-apruba ng botante. Aatasan din ng iminumungkahing ordinansa ang Tanggapan ng Kontroler na magsagawa ng taunang pag-audit sa House SF Fund at isumite ito sa Lupon ng mga Superbisor.

Tandaang babaguhin ng iminumungkahing panukalang-batas ang mga tungkulin ng Tanggapan ng Kontroler, na siyang naghanda sa pahayag na ito.

## Paano Nakasama ang "I" sa Balota

Noong Hulyo 23, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na may sapat na bilang ng may balidong lagda ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon I sa balota para maging kuwalipikado ang panukalang-batas sa balota.

10,644 na lagda ang kinailangan para mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Ang numerong ito ay katumbas ng 2% ng mga rehistradong botante nang maglathala ng "Abiso sa Layuning Magpaikot ng Petisyon." Sa isang random na pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagpapanukala sa inisyatibang petisyon bago ang deadline ng pagsusumite na Hulyo 6, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong lagda kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

**OO SA PROPOSISYON I: TUMUPAD SA PANGAKO. ABOT-KAYANG PABAHAY NA WALANG BAGONG BUWIS.**

Dahil sa krisis sa pabahay sa San Francisco, napipilitan ang mga pamilya, nakatatanda, guro, nurse, alagad ng sining, imigrante, at kabataan na umalis sa minamahal nilang lungsod.

Noong 2020, pinagtibay ng mga botante ang isang buwis sa pagbebenta ng mga property na nagkakahalaga ng mahigit $10 milyon, para magamit ang perang iyon sa pagpopondo ng abot-kayang pabahay at tulong sa upa.

**Gumana ito hanggang sa balewalain ng mga pulitiko ang kagustuhan ng mga botante.** Ang buwis na ito sa pinakamayayamang may-ari ng property sa San Francisco ay nagbigay ng emergency na tulong sa upa sa mahigit 10,000 sambahayan at tumulong na mapangalagaan at makapagtayo ng daan-daang abot-kayang tirahan.

Pero wala itong garantiya. Sa **nakalipas na dalawang taon, walang anuman sa kitang ito ang napunta sa abot-kayang pabahay.**

Tutupad ang Proposisyon I sa pangako at isasakatuparan nito ang mga panukalang-batas na inaprubahan ng mga botante.

- **Hindi magtataas ng buwis** -- ang gagamitin lang ay kita mula sa isang buwis na dati nang inaprubahan ng mga botante.
- **Babawasan ang transfer tax para sa konstruksiyon ng bagong pabahay,** kaya patuloy nating maitatayo ang mga bahay na kailangan natin.
- **Hiwalay na pagsubaybay** -- may mga mandatoryong taunang pag-audit na gagawin ng Kontroler ng Lungsod, na pampublikong ihahain.
- **Ang tanging panukalang-batas sa balota** na nagbibigay ng garantiya sa makabagong social housing at tuluy-tuloy na tulong sa upa.

Sa darating na Nobyembre, may makasaysayang pagkakataon ang mga San Franciscan: may dalawang panukala sa balota na gumagarantiya sa pondo para sa abot-kayang pabahay nang hindi nagtataas ng buwis sa kahit na sino.

Bumoto ng OO sa Proposisyon I para matiyak na sa wakas ay gagawin ng pondong ito ang nilalayon ng mga botante.

Magbasa pa: YesonISF.com

*Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay*
*Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco*
*Small Business Forward*
*Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco*
*Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo 1021(SEIU 1021)*
*Council of Community Housing Coalitions*
*Faith in Action Bay Area*
*Senior and Disability Action*
*Anti Displacement Coalition*
*Asosasyon ng mga Nangungupahan sa KomunidadHousing Rights Committee*
*Tenants Together*
*Democratic Socialist of America - San Francisco*
*San Franciscans for Social Housing*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

**HUWAG MAGPALINLANG: LILIKHA ANG PROP I NG NONPROFIT SLUSH FUND, AT WALANG GARANTIYA ANG BAGONG PABAHAY**

Sinasabi ng mga may-panukala ng Proposisyon I na “tutuparin” ng panukalang-batas na ito ang pangako ng abot-kayang pabahay nang hindi nagtataas ng buwis. Hindi iyon ang gagawin ng Proposisyon I.

Kukuha ang Proposisyon I ng humigit-kumulang $120 milyon sa Pangkalahatang Pondo taun-taon, nang hindi kinakailangang magtayo ng kahit isa lang na yunit ng pabahay.

30% ang mapupunta sa “social housing.” 25% ang puwedeng mapunta sa mga nonprofit para bumili ng mga dati nang apartment. 10% naman ang puwedeng magpondo ng mga nonprofit na programa na hindi magtatayo ng mga bagong tirahan. Limang porsyento ang puwedeng mapunta sa administrasyon.

Ibig sabihin, hindi bababa sa 70% ng pera ang hindi kailangang ipagpagawa ng pabahay.

Hindi maaayos sa mga pag-audit ang pangunahing kapintasan ng Proposisyon I. Puwede itong ma-audit nang husto at magasta pa rin ang karamihan ng pera nito nang hindi nagtatayo ng kahit isa lang na bagong tirahan. Hindi iyon mababago ng pagbabawas sa transfer tax. Ilang bagong pabahay ang kailangang gawin sa Proposisyon I? Wala.

Mas malalim pa roon ang pinsala sa badyet. Sa pagkuha ng $120 milyon sa Pangkalahatang Pondo, liliit nang husto ang mga baseline ng pondo, pati ang sa Muni. Sa gitna ng krisis sa pondo ng Muni, babawasan nang husto ng Proposisyon I ang pondo para sa pampublikong transportasyon habang binabawasan ang mga resource para sa mga bumbero, pampublikong kaligtasan, malilinis na kalye, at iba pang mahalagang serbisyo.

Kinakatawan ng Konseho ng mga Nagtatrabaho sa Pagtatayo ng Gusali at mga Konstruksiyon ng San Francisco ang mga manggagawang aktuwal na nagtatayo ng pabahay. Abot-kayang pabahay ang sinusuportahan namin, hindi panukalang-batas na nangangako ng pabahay nang walang ginagarantiyahang bagong tirahan.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon I.

*Konseho ng mga Nagtatrabaho sa Pagtatayo ng Gusali at mga Konstruksiyon ng San Francisco*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

Bumoto ng HINDI sa Batas sa Garantiya sa Abot-kayang Pabahay.

Bagama't mahalagang priyoridad ang abot-kayang pabahay, ang pagtatabi sa kita sa transfer tax ay maling pangangasiwa sa pananalapi na magbabanta sa katatagan ng pananalapi ng San Francisco.

1. Lumilikha ng Mga Mapanganib na Pagtatabi sa Badyet
Sa Pangkalahatang Pondo ng San Francisco nagmumula ang pambayad sa mahahalagang serbisyo araw-araw—sa mga pulis, bumbero, 911 dispatcher, paglilinis ng kalye, at pampublikong parke. Sa pagbubukod ng kita sa transfer tax at paglalagay nito sa isang pinaghihigpitang pondo, makukunan ng mahahalagang dolyar ang Pangkalahatang Pondo, na puwersahang makakabawas sa serbisyo sa buong lungsod sa mga taon na hindi sapat ang badyet.

2. Umaasa sa Pabagu-bagong Kita
Mahirap hulaan ang mga real estate transfer tax. Sa pagbatay ng mga pagtatalaga sa pabahay sa mga benta sa real estate, lilikha ng hindi matatag na siklo ng pagpopondo na babagsak sa tuwing bababa ang mga halaga ng property o komersiyal na transaksiyon. Ang pamamahala ng mga pangmatagalang programa gamit ang pabagu-bagong kita mula sa buwis ay kawalan ng ingat sa pananalapi.

3. Magpapatindi sa Katamlayan ng Ekonomiya sa Downtown
Nahihirapan na ang komersiyal na real estate market ng San Francisco sa napakataas na vacancy rate na ngayon lang nito nararanasan. Ang pagdaragdag ng pasanin o paghihigpit sa patakaran sa buwis sa mga property na may mataas na halaga ay magpapahina ng investment, magpapababa sa halaga ng property, at magpapahina sa ating kabuuang tax base—na sa huli ay magpapababa sa kabuuang kita na available para sa mga serbisyong pampubliko.

4. Babawasan ang Flexibility at Pagsubaybay
Kailangan ng mga lider ng lungsod ng kakayahang umangkop sa mga paghinga ng ekonomiya at lokal na emergency. Sa pagtali ng kita sa permanenteng mandato sa istruktura, maaalis ang pagsubaybay sa badyet at mapipigilan ang Lungsod na muling ilaan ang mga resource sa kung saan ito pinakakailangan.

Protektahan ang mga pangunahing serbisyo ng lungsod at ang katatagan ng pananalapi.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon I.

*Hukom Quentin L Kopp*
*San Francisco Taxpayers Association*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

**OO SA PROPOSISYON I — ABOT-KAYANG PABAHAY. WALANG BAGONG BUWIS.**

Tinatawag ng mga katunggali ang abot-kayang pabahay na "mahalagang priyoridad." Tama sila. Pero tinututulan nila ang Proposisyon I, na magtatayo ng abot-kayang pabahay nang hindi nagtataas ng buwis. Malinaw na mali iyon.

Sa plano sa pabahay na ipinag-uutos ng estado ng San Francisco, iniaatas na magtayo ng 46,000 abot-kayang pabahay hanggang 2031. Isang hakbang pasulong ang Prop I. Gagawa ito ng libu-libong abot-kayang tahanan nang hindi gumagastos ng kahit isang sentimo mula sa mga nagbabayad ng buwis.

Tutuparin ng Prop I ang pangakong ginawa sa mga botante noong 2020 na hindi pinansin ng mga pulitiko sa city hall. Aatasan nito ang lungsod na gamitin ang dati nang buwis sa pagbebenta ng mga property na nagkakahalaga ng sampung milyong dolyar pataas para pondohan ang abot-kayang pabahay.

Sa unang ilang taon, tumupad ang mga pulitiko sa pangako. Pero sa nakalipas na dalawang taon, wala ni isang dolyar sa kitang ito ang napunta sa pabahay.

May pananagutan ang Prop I:

- **Ang bawat dolyar sa Prop I ay papamahalaan** ng Tanggapan para sa Pabahay ng Mayor
- Magsasagawa ang Kontroler ng Lungsod ng **mga mandatoryong taunang pag-audit**
- **Babawasan ang mga buwis sa bagong pabahay para maisulong ang paglago**
- **At hindi nito itataas ang mga buwis!**

Ang ating krisis sa pabahay ay nangangailangan ng mga makabagong solusyon, hindi ng pagod nang pagsalungat mula sa mga taong ilang dekada nang tumututol sa abot-kayang pabahay. Samahan kami at Bumoto ng Oo sa Proposisyon I.

*Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay*
*Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco*
*Small Business Forward*
*Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay*
*Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo 1021 (SEIU 1021)*
*Senior and Disability Action*
*SF Anti Displacement Coalition*
*Housing Rights Committee*
*Democratic Socialists of America - San Francisco*
*San Franciscans for Social Housing*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

# Proposisyon J – Pagtatanggal ng Foreclosure Exemption (Eksempsiyon Batay sa Pagkakaremata ng Ari-arian) sa Real Property Transfer Tax

Dapat ba na permanenteng magpatupad ang Lungsod ng transfer tax na nasa pagitan ng 0.5% at ng 6% ng tinatayang halaga sa merkado ng ari-arian, para sa paglilipat ng pagmamay-ari ng ari-ariang tulad ng pangnegosyo, industriyal, at malalaking residensiyal na ari-arian, na inililipat sa nagpautang dahil sa pagkakaremata o upang maiwasan ang pagkakaremata, para sa tinataya na taunang kita na mula $100 milyon hanggang $150 milyon?

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Konseho sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Naniningil ang San Francisco ng buwis sa tuwing nagpapalit ng may-ari ang karamihan ng real estate property sa Lungsod. Nakadepende ang halaga ng buwis sa sales price o halaga ng property.

Kapag kinuha ng isang lender ang isang property sa pamamagitan ng foreclosure, o kapag ibinigay ng isang may-ari ang isang property sa lender para maiwasan ang foreclosure, may tax break. Ang babayaran lang ng buwis ng lender ay ang pagkakaiba sa pagitan ng presyo ng pagbebenta sa property at natitirang utang sa lender, kasama ang interes at mga gastos sa foreclosure.

Nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang kita, pati ang kita mula sa buwis, na puwedeng gastahin ng Lungsod bawat taon. Puwedeng mag-apruba ang mga botante ng mga pagtaas sa limitasyong ito nang hanggang apat na taon.

**Ang Mungkahi:** Maglalapat ang Proposisyon J ng transfer tax para sa mga property gaya ng komersyal, industriyal, at malalaking residensyal na real estate na nakukuha ng lender sa pamamagitan ng foreclosure o ibinibigay sa lender para maiwasan ang foreclosure. Simula sa Marso 1, 2027, bubuwisan ang mga property na ito batay sa kanilang buong market value.

Ilalapat pa rin ang tax break sa pag-transfer ng:

1. mga single-family na tirahan,
2. mga multi-family na residensyal na gusaling wala pang limang unit, at
3. mga mixed-use na property na wala pang limang residensyal na unit at iisang palapag lang ng hindi residensyal na espasyo.

Tataasan ng Proposisyon J ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang inyong iboboto, gusto ninyong maglapat ng transfer tax para sa mga property gaya ng mga komersyal, industriyal, at malalaking residensyal na property, na inilipat sa isang lender dahil sa foreclosure.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang inyong iboboto, ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Kasunod agad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito.
Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104.
Ang ilan sa mga salitang ginamit sa buod ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 52.

## Pahayag ng Kontroler sa "J"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon J:

Kung maaaprubahan ng mga botante ang iminumungkahing inisyatibang ordinansa, sa aking opinyon, mapapataas nang husto ang kita ng Lungsod sa Real Property Transfer Tax, pero hindi mahuhulaan at malamang ay magpabagu-bago ang makakalap na halaga taun-taon. Puwedeng magpasok ang panukalang-batas ng humigit-kumulang $100 milyon hanggang $150 milyon taun-taon sa unang limang taon. Dedepende ang kabuuang kita sa anumang partikular na taon sa bilang ng mga foreclosure at kalagayan ng real estate. Malamang ay pinakamalaki ang itaas ng kita sa malapit na hinaharap, pagkatapos ay malaki ang ibaba nito sa paglipas ng panahon.

Sa kasalukuyan, bahagyang ine-exempt ng Lungsod ang mga pag-transfer ng real property sa isang lender sa pamamagitan ng foreclosure o kapalit ng foreclosure mula sa Real Property Transfer Tax nito, na nagpapataw ng buwis na 0.5% hanggang 6% ng consideration o halaga ng mga property sa pag-transfer ng mga ito. Papanatilihin ng iminumungkahing ordinansa ang dati nang partial na pagbubukod para sa mga foreclosure ng mga residensyal at mixed-use na property na wala pang limang residensyal na unit. Gayunpaman, sa iminumungkahing ordinansa, aalisin ang pagbubukod sa foreclosure ng iba't ibang uri ng property at mapapailalim ang mga pag-transfer na iyon sa buwis sa fair market value ng mga property sa mga rate na pareho sa mga hindi na-foreclose na property.

Dedepende ang kikitain ng panukalang-batas na ito sa bilang ng mga foreclosure at distressed na property sa Lungsod. Tumaas ang bilang ng mga distressed na property mula noong pandemya ng COVID-19 dahil sa pagbaba ng halaga ng mga property bunga ng pandemya. Kung mabilis na makakabawi ang real estate at mababawasan ang bilang ng mga foreclosure, mas kaunti ang maipapasok na kita ng iminumungkahing ordinansa. Pero kung hindi mabilis na makakabawi ang real estate market at mananatiling mataas ang bilang ng mga foreclosure, mas malaki ang maipapasok na kita ng iminumungkahing ordinansa.

Bilang konteksto, noong Taon ng Pananalapi (FY) 2021-2022, bago bumaba ang real estate market ng Lungsod dahil sa pandemya, $3.2 milyon ang dapat nakalap ng iminumungkahing ordinansa. Gayunpaman, pagkalipas ng ilang taon sa FY 2025-26, $232.5 milyon ang dapat nakalap ng iminumungkahing ordinansa. Batay sa karanasan ng Lungsod sa recession sa unang bahagi ng 1990s at sa Great Recession noong huling bahagi ng 2000s, malamang ay bumaba ang bilang ng mga transaksyong nauugnay sa foreclosure sa loob ng apat hanggang anim na taon, pabalik sa mga normal na antas.

Ang kita mula sa iminumungkahing panukalang-batas na ito ay malamang mas mahirap na hulaan kaysa sa kasalukuyang Real Property Transfer Tax. Ito ay bahagi ng isang napakakitid at lubos na cyclical na bahagi ng mga pag-transfer ng property sa Lungsod. Puwedeng may mga taon na walang maging bagong kita sa buwis ang iminumungkahing panukalang-batas.

## Paano Nakasama ang "J" sa Balota

Noong Hulyo 28, 2026, bumoto ang Lupon ng mga Superbisor ng 10 sa 0, kung saan may isang Superbisor na excused, para ilagay ang Proposisyon J sa balota. Bumoto ang Mga Superbisor sa sumusunod na paraan:

**Oo:** Chan, Chen, Dorsey, Fielder, Mahmood, Mandelman, Melgar, Sauter, Sherrill, Wong.

**Hindi:** Wala.

**Excused:** Walton.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

**Bumoto ng OO sa Proposisyon J**

**WAWAKASAN NG PROPOSISYON J ANG HINDI PATAS NA TAX BREAK PARA SA MGA CORPORATE LENDER**

Sa ngayon, sinasamantala ng mga corporate lender ang isang tax break na dapat sana ay para sa mga kapos na may-ari ng bahay. At unti-unti nitong inuubos ang pondong ginagamit natin sa pagbabayad ng ating mga bumbero, tagalinis ng kalye, at manggagawa sa kalusugan ng publiko.

Noong 1984, para maprotektahan ang mga pamilya sa San Francisco na may mga problemang pinansyal, gumawa ang lungsod ng tax break para sa mga may-ari ng bahay na walang kakayahang bayaran ang kanilang mortgage o mawawalan ng tirahan dahil sa foreclosure. Pero ibinibigay rin ang parehong tax break sa mga institusyon ng pananalapi at corporate lender kapag nakakakuha sila ng mga office tower, mega apartment complex, at industriyal na gusali sa pamamagitan ng foreclosure.

**Hindi iyon patas, at napapagastos nito ang San Francisco ng daan-daang milyong dolyar.**

Isinulat nina Superbisor Bilal Mahmood at Mayor Daniel Lurie, makakalikom ang Proposisyon J ng $100 milyon hanggang $150 milyon para sa ating pangkalahatang pondo taun-taon. Papanatilihin nito ang tax break para sa mga may-ari ng bahay at maliliit na residensyal na gusali, pero titiyakin nitong hindi masasamantala ng mga corporate lender ang tax relief na ito na para sa mga kapos na pamilya sa San Francisco.

Kulang ang badyet ng ating lungsod, at humaharap tayo sa mga pagbabawas sa mga serbisyo sa ating lungsod. Tutulong ang Proposisyon J na isara ang agwat na iyon sa pamamagitan ng pagtatapos sa giveaway sa mga corporate lender na nagfo-foreclose sa ating mga residente.

**Ang PROPOSISYON J ay sinusuportahan ng:**

- *Mayor Daniel Lurie*
- *Senador ng Estado Scott Wiener*
- *Miyembro ng Asembleya Matt Haney*
- *Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani*
- *SEIU 1021*
- *SEIU 2015*
- *Teamsters 665*
- *Presidente ng Lupon Rafael Mandelman*
- *Superbisor Bilal Mahmood*
- *Superbisor Myrna Melgar*
- *Superbisor Danny Sauter*
- *Superbisor Alan Wong*
- *Superbisor Matt Dorsey*
- *Superbisor Chyanne Chen*
- *Partidong Demokratiko ng San Francisco*
- *Saikat Chakrabarti*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon J

Ang Proposisyon J ay hindi tungkol sa “pagiging patas” o sa pagprotekta ng mga kapos na pamilya—isa itong maling gabay sa pagtaas ng buwis, na lalong magpapalala sa krisis sa ekonomiya at kakulangan ng pabahay sa San Francisco.

Iginigiit ng mga nagpapanukala na isasara ng panukalang-batas na ito ang “hindi patas na tax break,” at makakalikom ito ng hanggang $150 milyon para sa ating pangkalahatang pondo. Ang hindi nila sinasabi ay walang kaakibat na kundisyon ang perang ito. Direkta itong mapupunta sa pangkalahatang pondo ng Lungsod, na mistulang blangkong tseke para sa mga pulitiko sa halip na maging legal na garantiya ng kahit isa lang na sentimo para sa mga “bumbero, tagalinis ng kalye, at manggagawa sa pampublikong kalusugan” na sinasabi nila.

Bukod pa rito, ang pagpaparusa sa mga lender na kumukuha ng mga distressed na “office tower, mega apartment complex, at industriyal na gusali” sa pamamagitan ng foreclosure ay magdudulot ng mga mapaminsalang epekto sa hinaharap. Nararanasan ngayon ng San Francisco ang pinakamataas na bilang ng mga bakanteng commercial space sa kasaysayan nito. Sa pagdaragdag ng pasanin sa pananalapi sa mga institusyong sumusubok na i-stabilize at ibenta ulit ang mga pumapalyang property na ito, mapipigilan ng Prop J ang mga pagsisikap sa pagbangon. Sa halip na buhayin ulit ang ating downtown at mga komunidad, mananatiling abandonado ang mga distressed na property, na lalo pang magpapatindi sa pagkalugi kasabay ng pagbagsak ng pangkalahatang halaga ng mga property at kita sa buwis.

Idinisenyo ang mga orihinal na panuntunan sa buwis noong 1984 para panatilihing tumatakbo ang real estate market sa panahon ng krisis. Kapag binago ngayon ang mga panuntunang ito, hindi mahihimok ang investment na kailangang-kailangan ng San Francisco. Sa tuwing nahaharap ang mga lender sa mas malalaking gastos sa operasyon, ipinapasa ang mga gastos na iyon sa karaniwang San Franciscan sa pamamagitan ng mas matataas na interest rate, mas mahihigpit na kinakailangan sa lending, at mas kaunting access sa kapital para sa mga lokal na proyekto.

Huwag nang bigyan ang City Hall ng isa na namang blangkong tseke habang pinipigilan ang pagbangon ng ating ekonomiya.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon J.

*Quentin L Kopp*
*Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

Bumoto ng HINDI sa pagtatanggal sa eksempsiyon batay sa pagkakaremata ng ari-arian sa real property transfer tax.

Magpapataw ang panukalang-batas na ito ng mabibigat na parusa sa buwis sa mga foreclosure ng property at deeds-in-lieu, na lubos na makakaapekto sa pagbangon sa ekonomiya at housing market ng San Francisco, dahil lilikha ito ng mapagparusa at walang katiyakang sitwasyon para sa komersyal at residensyal na pagpapautang.

1. Lubos na Nakakapinsala sa Credit at Pagpapautang ng San Francisco
Wala nang iba pang malaking lungsod sa California ang nagpapataw ng transfer tax sa mga distressed na lender na may binabawing collateral. Sa pagpaparusa ng mga bangko, lender sa komunidad, at credit union sa tuwing may nade-default na borrower, sa panukalang-batas na ito, magiging mas mapanganib at mas magastos ang pagpapautang sa San Francisco kaysa sa iba pang lugar sa estado. Tutugon ang mga lender sa pamamagitan ng pagtaas ng mga interest rate, paghingi ng mas malaking downpayment, o ganap na pag-iwas sa real estate ng San Francisco.

2. Nakakapigil sa Produksyon ng Housing at Pagbangon ng Downtown
Kailangan ng investment ng San Francisco para makapagtayo ng multi-family na pabahay at maibalik ang sigla sa commercial space sa downtown. Kapag humina ang credit market, direktang maaapektuhan ang development ng pabahay, mapipigilan ang mga proyekto sa adaptive reuse, at lalong mahihirapan ang mga may-ari ng property na i-restructure ang kanilang utang sa mga panahong mahina ang ekonomiya.

3. Namumuwersa ng Mga Mapaminsalang Fire Sale at Pag-aabandona
Sa tuwing nahaharap ang mga distressed na property sa malalaking bayarin sa buwis para lang maalis ang bad debt, napipilitan ang mga lender at may-ari ng property na pumasok sa napakahahabang paglilitis sa hukuman o distressed na fire sale. Ibinababa nito ang halaga ng mga property sa komunidad at nababakante ang mga gusali, na sumisira sa kaayusan ng mga lokal na corridor.

Hindi puwede sa San Francisco ang mga patakarang nagtataboy ng kapital, nagpapatigil sa pagpapautang, at nagpaparusa ng resolusyon sa pananalapi. Protektahan ang stability ng lokal na ekonomiya at housing credit.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon J.

*Hukom Quentin L Kopp*
*Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

**OO SA J — BUWISAN ANG CORPORATE LENDERS KAPAG NAGFO-FORECLOSE SILA SA MGA GUSALI**

Hindi gagalawin ng Proposisyon J ang mga pamilyang mawawalan ng tirahan. Ang aalisin lang nito ay ang tax break sa mga corporate lender na nagfo-foreclose sa mga office tower, mega apartment complex, at industriyal na gusali. Mananatiling exempted ang mga may-ari ng bahay at maliliit na residensyal na gusali. Nakasulat iyon sa panukala.

**HINDI MAKAKAPINSALA SA MARKET:** Ang tax break na ito ay ginawa noong 1984 para protektahan ang mga kapos na pamilya, hindi para i-subsidize ang mga lender. Ang mga investment firm at corporate lender na nagfo-foreclose sa malalaking komersiyal na property ay mga sopistikadong manlalaro na alam na ang panganib sa bawat deal. Hindi matitigil ng katamtamang transfer tax sa iilan lang na malaking transaksiyon bawat taon ang pagpapautang sa buong lungsod. Isasara lang nito ang butas na hindi naman dapat ginamit ng mga lender na iyon.

**HINDI MAKAKAPINSALA SA PRODUKSYON NG PABAHAY:** Ilalapat ang foreclosure tax sa mga dati nang office tower, industriyal na gusali, at mega-complex, hindi sa konstruksiyon ng bagong pabahay. Hindi bubuwisan ng Proposisyon J ang mga builder. Bubuwisan nito ang mga lender. Hindi iyon makakaapekto sa kung paano nagtatayo ng bagong pabahay.

**POPROTEKTAHAN ANG MGA SERBISYO NG LUNGSOD:** Hinihiling ng mga katunggali ng Proposisyon J sa mga San Franciscan na patuloy na bigyan ng tax break ang mga mismong institusyon na pinakanakikinabang na sa foreclosure, na gumagamit sa pondo na nagbabayad sa mga bumbero, tagalinis ng kalye, at manggagawa sa pampublikong kalusugan.

Simple lang ang pagpipilian. Panatilihin ang hindi patas na tax break sa mga korporasyon na dapat sana ay sa mga pamilya. O ibalik ang milyun-milyong dolyar sa ating pondo para sa mga serbisyo ng lungsod.

**Bumoto ng OO sa Proposisyon J.**

*Supervisor Bilal Mahmood*

# Worksheet para sa Balota ng Nobyembre 3, 2026

Maaari ninyong gamitin ang worksheet na ito upang maisaayos ang inyong mga pinili bago markahan ang inyong mga opisyal na kard ng balota. Upang gawin ito:

1. Sumangguni sa inyong halimbawang balota na kasama sa Pamplet na ito o sa **sfelections.gov/voterportal.**
2. Basahin ang tungkol sa mga kandidato at mga panukala na nakalista sa inyong balota sa Pamplet na ito at sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng estado.
3. Simula Oktubre 23, makikita ninyo ang lahat ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato para sa eleksyong ito sa **sfelections.gov/writein.**
4. Habang tinatapos ninyo ang pananaliksik sa bawat labanan, gamitin ang kaukulang puwang sa ibaba upang itala ang inyong (mga) pinili.
5. Pagkatapos, maingat na kopyahin ang inyong mga napili mula sa worksheet na ito papunta sa inyong mga opisyal na kard ng balota.

Kung magkamali kayo sa pagmarka ng inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng bagong balota sa pamamagitan ng pagbisita sa **sfelections.gov/voterportal**, pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104, o humingi ng tulong sa isang manggagawa ng botohan o kinatawan ng Sentro ng Botohan.

| KATUNGKULAN | |
|---|---|
| **MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE** *(Bumoto ng Isa)* | |
| **Gobernador** | |
| **Tenyente Gobernador** | |
| **Kalihim ng Estado** | |
| **Kontroler** | |
| **Ingat-Yaman** | |
| **Pangkalahatang Abugado** | |
| **Komisyonado ng Seguro** | |
| **Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2** | |
| **Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 o 15** | |
| **Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o 19** | |

| MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO | | |
|---|---|---|
| **PANGHUKUMAN** *(Iboto ang OO o HINDI para sa bawat katungkulan)* | **OO** | **HINDI** |
| **Para sa Katulong na Mahistrado ng Korte Suprema**<br>Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado ng Korte Suprema na si JOSHUA GROBAN sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado ng Korte Suprema**<br>Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado ng Korte Suprema na si KELLI M. EVANS sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Unang Dibisyon**<br>Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si MONIQUE LANGHORNE WILSON sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Unang Dibisyon**<br>Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si CHARLES A. SMILEY sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Unang Dibisyon**<br>Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si KATHLEEN M. BANKE sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Namamatnugot na Hukom, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikalawang Dibisyon**<br>Dapat bang mahalal ang Namamatnugot na Hukom na si THERESE M. STEWART sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikalawang Dibisyon**<br>Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si TARA M. DESAUTELS sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |

| | | |
|---|---|---|
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikatlong Dibisyon** Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si IOANA PETROU sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikatlong Dibisyon** Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si VICTOR A. RODRIGUEZ sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Namamatnugot na Hukom, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikaapat na Dibisyon** Dapat bang mahalal ang Namamatnugot na Hukom na si TRACIE L. BROWN sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikalimang Dibisyon** Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si DANNY Y. CHOU sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikalimang Dibisyon** Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si MARK SIMONS sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |
| **Para sa Katulong na Mahistrado, Hukuman ng Paghahabol, Unang Distrito, Ikalimang Dibisyon** Dapat bang mahalal ang Katulong na Mahistrado na si GORDON BURNS sa posisyon para sa termino na itinakda ng batas? | | |

## PAARALAN

| | |
|---|---|
| **Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo** *(Bumoto ng Isa)* | |
| **Miyembro, Lupon ng Edukasyon** *(Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo)* | |
| **Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad** *4 na taong termino na magtatapos sa Enero 8, 2031 (Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo)* | |
| **Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad** *Natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 8, 2029 (Bumoto ng Isa)* | |

## DISTRITO *(Bumoto ng Isa)*

| | |
|---|---|
| **Direktor ng BART, Distrito 8*** | |

## LUNGSOD AT COUNTY *(inihahalal gamit ang ranked-choice na pagboto)*

| | |
|---|---|
| **Tagatasa-Tagatala** | |
| **Pampublikong Tagapagtanggol** | |
| **Miyembro, Lupon ng mga Superbisor**** *(para lamang sa mga Distritong Pinamamahalaan ng mga Superbisor na may even na numero)* | |

| MGA PANUKALA | | | |
|---|---|---|---|
| **MGA PROPOSISYON NG ESTADO** | | **OO** | **HINDI** |
| **1** | Pinahihintulutan Ang Mga Bono Para Sa Mga Programa Sa Pagiging Abot-kaya Ng Pabahay | | |
| **2** | Pinapataas Ang Pondong Nakalaan Ng Estado Para Sa Panahon Ng Pangangailangan | | |
| **3** | Nagbibigay Ng Permanenteng Pagpopondo Para Sa Mga Paaralan At Pangangalagang Pangkalusugan Sa Pamamagitan Ng Pagpapalawig Ng Kasalukuyang Buwis Sa Mga Mataas Ang Kita | | |
| **4** | Pinapawalang-bisa Ang Pagbabawal Laban Sa Pampublikong Pagpopondo Ng Mga Kampanya Sa Halalan | | |
| **5** | Binabago Ang Proseso Ng Halalan Na Pagpapaalis Para Sa Mga Opisyal Sa Buong Estado | | |
| **37** | Gumagawa Ng Mga Programa Ng Pautang Para Sa Mga May Katamtamang Kita Na Bumibili Ng Mga Kwalipikadong Bagong Bahay | | |
| **38** | Pinahihintulutan Ang Mga Bono Para Sa Medikal Na Pananaliksik Sa Immunology | | |
| **39** | Pinagbabawalan Ang Mga Mamamayan Na Bumoto Maliban Kung Magpapakita Sila Ng ID Na Inisyu Ng Pamahalaan | | |
| **40** | Nagpapataw Ng Isang Beses Na Buwis Sa Ilang Partikular Na Nagbabayad Ng Buwis | | |
| **41** | Ipinagbabawal Ang Mga Bagong Buwis Ng Estado Na Hindi Isinasama Ang Mga Kita Mula Sa Limitasyon Sa Paggastos Ng Estado. Nangangailangan Ng Mga Pagsusuri Para Sa Mga Bagong Espesyal Na Buwis ng Estado | | |
| **42** | Ipinagbabawal Ang Mga Bagong Buwis Ng Estado Sa Personal Na Ari-arian At Ilang Partikular Na Retroaktibong Buwis Ng Estado | | |
| **43** | Nililimitahan Ang Kakayahan Ng Mga Botante Na Taasan Ang Mga Kita Para Sa Mga Serbisyo Ng Lokal Na Pamahalaan | | |
| **44** | Hinihingi Na Gastusin Ng Mga Klinika Sa Kalusugan Ng Komunidad Ang 90% Ng Kita Sa Mga Serbisyo Sa Programa | | |
| **45** | Binabago Ang Pagsusuri Sa Kapaligiran Para Sa Ilang Partikular Na Proyekto | | |
| **PANUKALANG REHIYONAL** | | **OO** | **HINDI** |
| **RTM** | Panukala Sa Panrehiyong Transportasyon | | |
| **MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY** | | **OO** | **HINDI** |
| **A** | Mga Pagbabago Sa Tsarter Na Makaaapekto Sa Iba't Ibang Departamento At Komisyon Ng Lungsod | | |
| **B** | Pagtatag Ng Municipal Finance Corporation (Pampinansiyang Korporasyon Ng Lokal Na Gobyerno) At Ng Public Bank (Pampublikong Bangko) | | |
| **C** | Mga Kontribusyon Sa Housing Trust Fund (Pinangangasiwaang Pondo Na Nakatalaga Para Sa Pabahay) | | |
| **D** | Mga Pagbabago Sa Proseso Ng Mga Panukalang-batas | | |
| **E** | Ang Awtoridad Ng Administrador Ng Lungsod At Ang Mga Pagbabago Sa Pangongontrata Ng Lungsod | | |
| **F** | Mga Pagbabago Sa Pamamahala Ng Ehekutibong Sangay | | |
| **G** | Pagpapahintulot Sa Pribadong Mga Sasakyan sa Upper Great Highway Sa Sunset Dunes Park | | |
| **H** | Parcel Tax (Buwis Sa Parsela Ng Lupa) Upang Mapondohan Ang Mga Operasyon Ng Muni | | |
| **I** | Mga Pagbabago Sa Real Property Transfer Tax (Buwis Sa Paglilipat Ng Pagmamay-ari ng Ari-arian) | | |
| **J** | Pagtatanggal Ng Foreclosure Exemption (Eksempsiyon Batay Sa Pagkakaremata ng Ari-arian) Sa Real Property Transfer Tax | | |

**Ang mga botanteng naninirahan sa Distrito 8 ng BART ang boboto para sa kanilang kinatawan sa Lupon ng mga Direktor ng BART sa eleksyong ito. Tingnan ang inyong Distrito ng BART sa* ***sfelections.gov/voterportal.***

***Ang mga bontanteng naninirahan sa Distrito ng Superbisor 2, 4, 6, 8, o 10 ay boboto para sa kanilang Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor sa eleksyong ito. Tingnan ang inyong Distrito ng Superbisor sa* ***sfelections.gov/voterportal.***

# Batas sa mga Karapatan ng Botante

**Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:**

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay: isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California, hindi kukulangin sa 18 taong gulang, nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan, hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto.
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatanang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong: **humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota, **palitan ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o **bumoto gamit ang isang pansamantalang balota**.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o opisina ng Kalihim ng Estado.
    Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito,** tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

# Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Online

- ☑ Magparehistro para bumoto o i-update ang inyong rehistrasyon: **registertovote.ca.gov**
- ☑ Gumawa ng plano sa pagboto: **sfelections.gov/voteready**
- ☑ Magsanay sa pagmamarka sa labanan ng ranked-choice na pagboto: **sfelections.gov/practicercv**
- ☑ Subaybayan ang inyong balota o humiling ng kapalit nito: **sfelections.gov/voterportal**
- ☑ Mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa balota: **wheresmyballot.sos.ca.gov**
- ☑ Humanap ng madaling puntahan na lugar para sa kahon na hulugan ng balota: **sfelections.gov/dropboxes**
- ☑ Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong nakatalagang lugar ng botohan: **sfelections.gov/myvotinglocation**
- ☑ Alamin ang tungkol sa pagkakaroon ng seguridad sa eleksyon: **sfelections.gov/security**
- ☑ Tingnan ang mga pauna at pinal na resulta ng eleksyon sa: **sfelections.gov/results**

## May mga Katanungan? Kailangan ng Tulong?

Bumisita sa aming opisina sa:

**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place**
**City Hall, Room 48**
**San Francisco, CA 94102**

O makipag-ugnayan sa amin sa **sfvote@sfgov.org** o tumawag sa telepono.

## Meron kaming mga bagong numero ng telepono.

Magagamit pa rin ang aming mga dating numero ng telepono habang nasa transisyong ito.

**English: (415) 558-6100**
**中文: (415) 558-6102**
**Español: (415) 558-6103**
**Filipino: (415) 558-6104**
**Tiếng Việt: (415) 558-6105**
**TTY: (415) 558-6108**

**DEPARTMENT OF ELECTIONS**
CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
1 DR CARLTON B GOODLETT PL STE 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4634

OFFICIAL ELECTION MAIL
*Authorized by the U.S. Postal Service* ®

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

**Matatagpuan ang inyong lugar ng botohan sa:**

**Ang inyong pinagbobotohang presinto at mga Distrito ay:**


**Address na Pang-koreo / Mailing Address:**

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

*Notice: If the person above is not at this address, please help keep the voter rolls current and save city funds by returning this pamphlet to your mail carrier.*

## Aksesible ba ang pasukan at puwesto para makaboto sa inyong lugar ng botohan?

# Mahahalagang Paalala!




**I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail na darating sa maagang bahagi ng Oktubre.**
Maaaring piliin ng sinumang botanteng nakarehistro na bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal.




**Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon gamit ang sobreng bayad na ang selyo na kasama sa inyong pakete ng balota.**
Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay dapat may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, 2026.

Ang mga balotang ibinabalik nang personal ay kailangang maihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota, o sa alinmang lugar ng botohan sa California nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, 2026.



**Subaybayan ang inyong balota kung ito ba ay natanggap at nabilang.**
Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** o mag-sign up para sa mga notipikasyon sa pagsubaybay sa balota sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

**Makakakuha ng mga tamang sagot sa inyong mga tanong tungkol sa eleksyon.**
Mangyaring basahin ang loob ng pamphlet na ito, bisitahin ang **sfelections.gov**, makipag-ugnayan sa amin sa (415) 558-6104, o sa sfvote@sfgov.org.